# *MGA PRINSIPYO NG PAGSUSURI NG KAPALIGIRAN*

## HARVESTIME INTERNATIONAL INSTITUTE

Ang kursong ito ay bahagi ng **Harvestime International Institute,** isang programang inihanda upang mabigyang kakayahan ang mga mananampalataya tungo sa mabisang pagaaning espirituwal.

Ang batayang paksa ng pagsasanay na ito ay ituro ang mga itinuro ni Jesus, kung paanong ang mga mangingisda, kolektor ng buwis at iba pa, ay binago Niya at naging mga mabubungang Cristiano at ang mga ito ay naghatid ng ebanghelyo sa kanilang daigdig na may kapahayagan ng kapangyarihan.

Ang manwal na ito ay isang kurso na kabilang sa ilang mga *modules* ng kurikulum na gumagabay sa mga mananampalataya mula sa pagmamasid, tungo sa pagsasagawa, pagpaparami, at pagsasangkot upang maabot ang ebanghelisasyon.

Para sa dagdag na impormasyon tungkol sa mga dagdag ng mga kurso, sumulat sa:

© Harvestime International Institute

# NILALAMAN

Paano Gamitin ang Manwal na ito . . . . . . I

Mga Mungkahi Para sa Sama-samang Pag-aaral . . . . II

Pambungad Ng Kurso. . . . . . . . 1

Mga Layunin ng Kurso . . . . . . . 2

1. Ang Kapaligiran . . . . . . . 3

2. Pagsusuri Ng Kapaligiran . . . . . . 13

3. Ang Batayan Sa Biblia: Lumang Tipan . . . . 23

4. Ang Batayan Sa Biblia: Bagong Tipan . . . . 30

5. Personal na Pagsusuri Ng Kapaligiran . . . . 38

6. Pagsusuri sa Isang Grupo Ng Mga Tao . . . . 58

7. Pagsusuri Ng Isang Lugar . . . . . . 76

8. Pagsusuri Ng Isang Bansa . . . . . . 88

9. Pagsusuri Ng Isang Rehiyon . . . . . 100

10. Pagsusuri Ng Nakatatag Na Kristiyanong Organisasyon . . 113

11. Isang Estratehiya Para Sa Pagpaplano . . . . 128

Apendise . . . . . . . . . 136

Mga Sagot sa Pansariling Pagsusulit . . . . . 140

# PAANO GAMITIN ANG MANWAL NA ITO

## PORMAT NG MANWAL

**Mga Layunin:** Ito ang mga layuning na dapat maabot sa pagaaral ng kabanata. Basahin muna ang mga ito bago simulan ang aralin.

**Susing Talata:** Ang talatang ito ang nagbibigay diin sa kaisipan ng kabanata. Isaulo ito.

**Nilalaman ng Kabanata:** Pagaralan ang bawat seksyon. Gamitin ang iyong Biblia sa pagtingin sa mga reperensya na hindi nalimbag sa manwal.

**Pansariling-Pagsusulit:** Isagawa ang pagsusulit na ito pagkatapos pagaral ang kabanata. Sikaping sagutin ang mga tanong na hindi ginagamit ang Biblia o ang manwal na ito. Pag natapos na ang Pangsariling-Pagsusulit, Ihambing ang inyong mga sagot sa Seksyon ng mga Sagot sa dulo ng aklat.

**Para sa Dagdag na Pag-aaral:** Ang seksyon na ito ay tutulong sa iyo na ituloy ang iyong pagaaral ng Salita ng Diyos, palaguin ang inyong kakayahang magaral, at iangkop ang iyong natutuhan sa buhay at ministeryo.

**Pangwakas na Pagsusulit:** Kung ang pag-enrol mo sa kursong ito ay upang makaipon ng credits, kailangang kumuha ka ng Pangwakas na Pagsusulit para sa kursong ito. Sa pagtatapos ng kursong ito, kumpletohin ang pagsususlit at ibalik ito ayon sa tagubilin upang mabigyan ng grado

### DAGDAG NA KAILANGANG GAMIT

Kakailanganin mo ang salin sa Tagalog- Ang Biblia

I

# MGA MUNGKAHI PARA SA SAMA-SAMANG PAG-AARAL

## UNANG PAGTITIPON

**Pasimula:** Magsimula sa panalangin at pagpapakilala. Magkilanlan at ilista ang mga magaaral.
**Ilatag ang mga Pamamaraan sa Grupo:** Tiyakin kung sino ang mangunguna sa mga pagtitipon, ang oras, ang lugar, at petsa para sa mga sesyon.

**Praise and Worship:** Anyayahan ang presensya ng Espiritu Santo sa inyong mga sesyon ng pagsasanay.

**Ipamahagi ang mga Manwal sa mga Magaaral:** Ipabatid ang paksa ng manwal, pormat, at mga layunin ng kurso na nakatala sa mga paunang pahina ng manwal na ito.

**Ibigay ang Unang Takdang-Aralin:** Babasahin ng mga magaaral ang mga itinakdang kabanata at gawin ang Pangsariling-Pagsusulit bago maganap ang unang pagtitipon. Ang bilang ng kabanata na masasakop kada pagtitipon ay naka depende sa haba, nilalaman ng mga kabanata at kakayahan ng grupo.

## PANGALAWA AT MGA SUMUSUNOD NA MGA PAGTITIPON

**Pasimula: Manalagin.** Tanggapin at irehistro ang sinumang bagong magaaral at bigyan sila ng manwal. Ilista ang mga present. Magdaos ng Praise and Worship.

**Pagbabalik-Aral:** Magbigay ng maikling kabuuan ng mga pinag-aralan sa nakaraang pagtitipon.

**Aralin:** Talakayin ang bawat seksyon ng kabanata na ginagamit ang mga **PAMAGAT NA NAKATITIK NG MALAKING MGA LETRA** bilang balangkas ng pagtuturo. Hayaang magtanong o mag-komentaryo ang mga magaaral sa kanilang mga napagaralan na. Iangkop ang mga aralin sa buhay at mga ministeryo ng iyong mga magaaral.

**Pangsariling-Pagsusulit:** Balikan ang Pangsariling-Pagsusulit na natapos na ng mga magaaral. (Bigyang-pansin: Kung hindi mo nais na tingnan ng mga magaaral ang mga sagot sa Pangsariling-Pagsusulit, maaari mong alisin ang mga pahina ng mga sagot sa dulo ng manwal.

**Para sa Dagdag na Pagaaral:** Maaari mong gawin ng sama-sama o isahan ang mga proyekto .

**Pangwakas na Pagsusulit:** Kung ang iyong grupo ay nag-patala para magkaroon ng credit, kailangan ang Pangwakas na Pagsusulit. Magpa-kopya para sa bawat magaaral at pangasiwaan ng pagsusulit sa pagtatapos ng kurso.

**II**

**Module:** Pagtatatag
**Kurso:** Mga Prinsipyo Ng Pagsusuri Ng Kapaligiran

# PAMBUNGAD NG KURSO

Ipinakikilala ng kursong ito ang mga prinsipyo ng pagsusuri ng kapaligiran na kinakailangan para sa pagtatatag at pag-papakilos ng espirituwal na mga kayamanan para sa panghihikayat ng kaluluwa.

Binibigyan diin ng pag-aaral na ito ang kahalagahan ng pagsusuri ng kapaligiran sa stratehiya ng pag-paplano upang maabot ang buong mundo ng Ebanghelyo. Binigyang kahulugan at pinagbalik-aralan ang "Pagsusuri ng kapaligiran" ayon sa talaan ng Bago at Lumang Tipan. Ibinigay ang mga panuto upang gawin ang personal na pagsusuri ng kapaligiran at analisahin ang grupo ng mga tao, lugar ng heograpiya, mga bansa, mga panig ng mundo, at mga Kristiyanong kapisanan.

Ang kursong ito ay ikalawa sa tatlong serye sa "Pagtatatag na Module" ng pagsasanay na inaalok ng Harvestime International Network. Ang "*Mga Prinsipyo Ng Pangangasiwa Salig Sa Biblia"* ang nauna sa kursong ito, at *"Pangangasiwa Batay Sa Layunin"* ang sumunod dito.

Iminumungkahi na ang tatlong mga kursong ito ay mapag-aralan sa kanilang pagkakasunod-sunod para sa maayos na pagkaunawa sa pamunuan, pag-paplano, at kinakailangan sa pagbubuo para sa mabisang ministeryo.

# MGA LAYUNIN NG KURSO

Pagkatapos pag-aralan ang kursong ito ikaw ay may kakayahan na …

- Ibigay ang kahulugan ng terminong “pagsusuri ng kapaligiran.”
- Kilalanin ang mga pakay para sa pagsusuri ng kapaligiran.
- Kilalanin ang mga halimbawa ng pagsusuri ng kapaligiran sa Lumang Tipan.
- Kilalanin ang mga halimbawa ng pagsusuri ng kapaligiran sa Bagong Tipan.
- Gumawa ng personal na pagsusuri ng kapaligiran.
- Magsuri ng lugar ng heograpiya.
- Magsuri ng bansa.
- Magsuri ng isang panig ng mundo.
- Magsuri ng isang pangkasalukuyang kapisanang Kristiyano.
- Ipaliwanag ang “REAP” na plano ng Harvestime International Network.
- Gamitin ang pagsusuri ng kapaligiran para magplano ng mga stratehiya ng panghihikayat ng kaluluwa.

# UNANG KABANATA

## ANG KAPALIGIRAN

**<u>MGA LAYUNIN:</u>**

Pagkatapos pagaralan ang kabanatang ito ikaw ay may kakayahan na:

- Isulat ang Susing Talata mula sa memorya.
- Ibigay ang kahulugan ng salitang "kapaligiran."
- Ilarawan ang unang kapaligran ng tao.
- Ilarawan ang pangkasalukuyang kapaligiran ng mundo.
- Ipaliwanag ang sanhi ng pagbabago ng kapaligiran mula sa una hanggang sa pangkasalukuyan.
- Kilalanin ang tatlong mga paraan kung saan ang pangkasalukuyang kapaligiran ay umepekto sa espiritu ng tao.
- Ibuod ang plano Ng Dios para mailigtas ang tao mula sa makasalanang kapaligiran.
- Ipaliwanag kung paanong ang kapaligiran ay may kaugnayan sa misyon ng Iglesya.

**<u>SUSING TALATA:</u>**

> **At nakita ng Panginoon na mabigat ang kasamaan ng tao sa lupa, at boong haka ng mga pagiisip ng kaniyang puso ay pawang masama lamang parati. (Genesis 6:5)**

**<u>PAMBUNGAD</u>**

Ang bawa't isang "born again" na mananampalataya ay tinawag Ng Dios para maging bahagi ng dakilang espirituwal na katawan na alam natin bilang Iglesya. Ang pangunahing utos na ibinigay sa Iglesya ay dalhin ang Ebanghelyo sa lahat ng mga bansa.

> **Dahil dito magsiyaon nga kayo, at gawin ninyong mga alagad ang lahat ng mga bansa, na sila'y inyong bautismuhan sa pangalan ng Ama at ng Anak at ng Espiritu Santo:**
>
> **Na ituro ninyo sa kanila na kanilang ganapin ang lahat ng mga bagay na iniutos ko sa inyo: at narito, ako'y sumasa inyong palagi, hanggang sa katapusan ng sanglibutan. (Mateo 28:19-20)**
>
> **…At sinabi niya sa kanila, Ganyan ang pagkasulat, na kinakailangang maghirap ang Cristo, at magbangong muli sa mga patay sa ikatlong araw;**
>
> **At ipangaral sa kaniyang pangalan ang pagsisisi at pagpapatawad ng mga kasalanan sa lahat ng mga bansa, magbuhat sa Jerusalem. (Lucas 24:46-47)**

Ang pagsusumikap na matupad ang pagsubok na ito ay na aapektuhan ng "kapaligiran." Ipinakikilala ng aralin na ito ang paksang kapaligiran, ibinibigay ang termino, at ipinaliliwanag kung paano ang paligid ay may kaugnay sa misyon ng iglesya.

## KAPALIGIRAN

Kasama sa "paligid" ang pisikal, panlipunan, kultura, at espirituwal na bahagi na naka palibot sa tao. Kasama rito ang lahat ng bahagi ng lipunan kung saan ang tao ay nabubuhay, naghahanapbuhay, at nag miministeryo.

**Ang pisikal na kapaligiran** - kasama rito ang lahat na nakikitang mga bagay na nakapalibot sa tao. Ang tinutukoy nito ay bansa, lunsod, o isla kung saan siya nabubuhay. Tinutukoy nito ang lahat ng nakikita ng natural na mga mata katulad ng mga gusali, lupa, hayop, puno, bundok, materyal na ari-arian, at iba pa.

Ang pisikal na paligid ay maaring tuyong disyerto, malamig na bahagi ng bundok, gubat, o pulo. Ito ay maaaring magandang kapaligiran na may katamtaman na panahon kung saan ang mga pananim ay madaling lumago. Ito ay maaaring malupit na kapaligiran, na may masamang panahon na nagdudulot ng sapat na mga pagkain ay mahirap. Ang pisikal na kapaligiran ay maaaring maraming tao sa lunsod o malayong lugar na kakaunti ang mga tao.

**Ang panlipunan na kapaligiran -** tinutukoy nito ang mga tao na nabubuhay sa anumang pisikal na kapaligiran. Ang panlipunan na kapaligiran ay ang mga tao na kasama mo na namumuhay, gumagawa, at nagmiministeryo.

Ang bawa't isa sa bawa't lipunan ay mga kaanib na mga pamilya. Ang mga pamilyang ito ay maaaring natatag sa mga "castes", angkan , o tribo. Sa loob ng mga grupong ito ay may ibang paghahati katulad ng mahirap, mayaman, edukado, at hindi edukado. Ang isang bansa ay binubuo ng maraming "grupo ng mga tao," kung saan iyong pag-aaralan sa ibang bahagi ng kursong ito. Ang paraan kung paano ang mga tao ay natatag sa kapaligiran ay tinatawag na "kaayusang panlipunan."

**Ang kulturang kapaligiran** - tinutukoy nito ang katanggap-tanggap na batayan ng pamumuhay at pag-uugali sa grupo ng mga tao. Ang mga batayang ito ay katulad ng mga lengguwahe, gawi, kaugalian, at materyal na pamantayan ng pamumuhay.

Kasama sa kultura ang mga bagay na katulad ng musika, sining, siyensiya, literatura, sistema ng edukasyon at politikal na kaayusan. Ang kultura ay resulta ng relihiyon at politika na mga impluwensiya at sa paulit-ulit na paggawa ng mga kinaugalian sa mahabang panahon.

Ang kultura ay iba't-iba sa pagitan ng bawa't bansa at kahit nga sa mga grupo ng tao sa loob ng bansa. Halimbawa, noong panahon ng Biblia at kultura ng mga Hudyo ay kakaiba sa kultura ng mga Pagano. Ang mga Hudyo ay hindi kumakain ng karne at sila ay tinutuli. Ang mga Pagano ay kumakain ng karne at hindi nagpapatuli. Ang dalawang grupong ito ay magkaiba sa relihiyon, kinaugalian, at kaayusan ng panlipunan.

**Ang espirituwal na kapaligiran** - tinutukoy nito ang mga bagay na umepekto sa espiritu ng tao.

Ang Dios ay may tatlong persona: Ang Dios Ama, Dios Anak, at Ang Dios Espiritu Santo. Ang tao ay nilalang sa wangis Ng Dios bilang tatlong persona. Ang tao ay mayroong katawan, kaluluwa, at espiritu.

Ang espirituwal na kapaligiran ay ang umepekto sa kaluluwa at espiritu ng tao. Mayroong espirituwal na puwersa ng kasamaan sa ilalim ng pangunguna ni Satanas. Mayroong espirituwal na puwersa ng mabuti sa ilalim ng pangunguna Ng Dios. Ang mga espirituwal na puwersang ito ay palagiang naglalaban upang pangunahan ang kaluluwa at espiritu ng tao.

(Ang Harvestime International Institute ay nag-aalok ng kursong "*Mga Stratehiyang Espirituwal: Isang Manwal sa Pakikibakang Espirituwal"* na sumasaklaw ng detalye sa paksa ng espirituwal na kapaligiran.)

Upang maunawaan ang pisikal, panlipunan, kultura, at espirituwal na mga bagay sa kapaligiran ng tao, dapat nating pagbalik-aralan ang talaan na inilaan ng nakasulat na Salita Ng Dios, ang Biblia. Dapat tayong bumalik sa kasaysayan sa panahon bago natin nalaman, na nagsimula dito sa lupa.

## ANG PASIMULA NG LAHAT NG MGA BAGAY

Itinuturo ng Biblia na Ang Dios ay nandoon na. Wala Siyang pasimula at katapusan. Ang Kanyang tirahan ay sa Langit. Nilikha Ng Dios ang Kanyang sariling tirahan sa Langit. Nilikha rin Niya ang tirahan ng tao , ang lupa. Ang lahat ng bagay na ating nakikita ay likha Ng Dios:

> **Sapagkat sa kaniya nilalang ang lahat na mga bagay, sa sangkalangitan at sa sangkalupaan, na mga bagay na nakikita at ang mga bagay na di nakikita, maging mga luklukan o mga pagsakop o mga pamunuan o mga kapangyarihan; lahat ng mga bagay ay nilalang sa pamamagitan niya at ukol sa kaniya.**
>
> **At siya'y una sa lahat ng mga bagay, at ang lahat ng mga bagay ay nangabubuhay dahil sa kaniya. (Colosas 1:16-17)**

Sa simula ang lahat ng nilikha Ng Dios ay mabuti:

> **At nakita ng Dios ang lahat ng kaniyang nilikha, at narito, napakabuti. At nagkahapon at nagkaumaga ang ikaanim na araw. (Genesis 1:31)**

## ANG PINAGMULAN NG KASAMAAN

Ang ilan sa mga nilikhang may buhay Ng Dios ay mga anghel. Mayroong isang natatanging anghel na nilikha Ng Dios na ang pangalan ay si Lucifer. Sa pasimula nakatala sa Biblia na si Lucifer ay ganap, sobrang maganda, at mayroong mahalagang tungkulin sa Langit.

Si Lucifer ay naging mapagmataas dahil sa kanyang kagandahan at tungkulin. Binuo niya ang ibang mga anghel at naghimagsik laban Sa Dios. Dahil sa kanyang pagmamataas nais niyang maging mas dakila kaysa Dios. Sinubukan niyang talunin ang Kaharian Ng Dios sa Langit.

Dahil sa kasalanan na ito, si Lucifer at ang mga nakisama sa kanyang paghihimagsik ay pinaalis mula sa Langit tungo sa lupa.  Si Lucifer ay nakilala na si Satanas o ang Diyablo.  Ang kanyang mga anghel ay kinilala bilang mga demonyo.  Mababasa mo ang kasaysayan ng pangyayaring ito sa Isaias 14:12-15 at Ezekiel 28:14-16.  Si Satanas ang espirituwal na puwersa sa likod ng lahat ng kasalanan,  ang lahat ng gawa ng walang katuwiran, at ang lahat ng kasamaan sa mundo.

## ANG UNANG KAPALIGIRAN

Nang unang nilikha Ng Dios an dating mundo, ito ay ganap na kapaligiran. Pinagmasdan Ng Dios ang lahat ng Kanyang nilalang at sinabi Niya, "Ito ay Mabuti"  (Genesis 1). Nang nilikha Ng Dios ang tao sa Kanyang wangis, ang tao ay ganap din.  Siya ay walang kasalanan at mayroong pakikipag-ugnayan Sa Dios ( Genesisi 1:26 at kabanata 2).

Nang nilikha Ng Dios ang babae sinabi niya sa unang mag-asawa na magparami at magkaroon ng mga anak. Sina Adan at Eva ay dapat tirahan ang mundo kasama ang ibang tao na walang kasalanan katulad ng kanilang mga sarili ( Genesis 2:1-18-25;  1:28).

> **At naglagay ang Panginoong Dios ng isang halamanan sa Eden, sa dakong silangan: at inilagay niya roon ang taong kaniyang nilalang.**
>
> **At pinatubo ng Panginoong Dios sa lupa ang lahat na punong kahoy na nakalulugod sa paningin, at mabubuting kanin...**
>
> **At may isang ilog na lumabas sa Eden na dumilig sa halamanan... (Genesis 2:8-10)**

Lumikha Ang Dios ng ganap na kapaligiran.  Ngunit tandaan, si Satanas ay napaalis mula sa Langit tungo sa lupa.  Si Satanas ay naging sanhi ng pangyayari ng kakila-kilabot na pagbabago sa ganap na kapaligiran kung saan inilagay Ng Dios ang tao.

## ANG KASALANAN AY PUMASOK SA KAPALIGIRAN

Nilikha ang tao sa wangis Ng Dios, at siya ay mayroong katalinuhan ng pag-iisip na kung saan ay maaari siyang gumawa ng mga pagpapasiya.  Maaaring piliin ng tao na sumunod o sumuway Sa Dios.  Iyong matatandaan na si Satanas ang nagsimula ng kasamaan. Dahil ang kasamaan ay nangyari, ang tao ay maaring pumili sa pagitan ng kabutihan o kasamaan.  Pinili ng tao ang kasamaan.  Kung minsan ang unang pagsuway ng tao ay tinatawag na "pagbagsak ng tao," ang ibig sabihin nito ay ang tao ay bumagsak mula sa katuwiran tungo sa kasalanan.  Iyong mababasa ang buong trahedya ng istorya sa Genesis 2-3.

Sa hardin ng Eden, mayroong maraming mga puno kung saan maaaring kumain sina Adan at Eva. Ngunit mayroong isang puno na dapat iwasan ng dalawa:

> **At iniutos ng Panginoong Dios sa lalake, na sinabi, Sa lahat ng punong kahoy sa halamanan ay makakakain ka na may kalayaan:**

**Datapuwa't sa kahoy ng pagkakilala ng mabuti at masama ay huwag kang kakain; sapagka't sa araw na ikaw ay kumain niyaon ay walang pagsalang mamamatay ka. (Genesis 2:16-17)**

Mayroong kapangyarihan ang tao na pumili. Maaari siyang sumunod o sumuway Sa Dios. Inakay ni Satanas ang unang lalake at babae na sumuway Sa Dios. Dahil sa kanilang pagsuway, ang kasalanan ay pumasok sa kapaligiran.

## ANG PAGBABAGO NG KAPALIGIRAN

Ang kasalanan ay nagdala ng kakila-kilabot na mga pagbabago sa tao at sa kanyang kapaligiran. Binalaan Ng Dios sina Adan at Eva na ang kabayaran ng kasalanan ay kamatayan. Kasama dito ang pisikal at espirituwal na kamatayan. Ang kamatayang espirituwal ay pagkawala ng kanilang kaugnayan Sa Dios. Ang kamatayang pisikal ay ang kanilang aktuwal na pisikal na mga katawan.

Dahil sina Adan at Eva ay nagkasala, ang kasalanan at kamatayan ay naranasan ng lahat ng tao:

**Kaya kung paano na sa pamamagitan ng isang tao ay pumasok ang kasalanan sa sanglibutan, at ang kamataya'y sa pamamagitan ng kasalanan; at sa ganito'y ang kamatayan ay naranasan ng lahat ng mga tao, sapagka't ang lahat ay nangagkasala. (Roma 5:12)**

Dahil sa pagbagsak nina Adan at Eva, ang kasalanan ay nailipat sa lahat ng tao. Ang ibig sabihin nito ang lahat ng ipinanganak ay nakamana ng pangunahing likas ng kasalanan. Kung paano ang pisikal na katangian ay namamana, ang espirituwal na katangian ng pangunahing kasalanan ay namamana rin.

Nagkasala ang bawa't isa kung siya ay nadala ng likas na kasalanan na ito para maghimagsik laban Sa Dios.

**Kundi ang bawat tao ay natutukso, pagka nahihila ng sariling masamang pita at nahihikayat.**

**Kung magkagayo'y ang kahalayan, kung maipaglihi ay nanganganak ng kasalanan: at ang kasalanan, pagka malaki na ay namumunga ng kamatayan. (Santiago 1:14-15)**

Dahil sa pangunahing likas ng kasalanan at pang-isahang gawa ng kasalanan, ang lahat ng tao ay makararanas ng pisikal at espirituwal na kamatayan:

**Sapagkat ang lahat ay nangagkasala nga, at hindi nangakaabot sa kaluwalhatian ng Diyos. (Roma 3:23)**

Isinumpa rin ang pisikal na kapaligiran ng tao. Sinabi Ng Dios na ang mundo ay magdadala ng mga tinik at dawag. Masidhing pagtatrabaho (pawis) ang tanda ng kaugnayan ng tao sa kanyang pisikal na kapaligiran:

> **At kay Adam ay sinabi, sapagkat iyong dininig ang tinig ng iyong asawa, at kumain ka ng bunga ng punong kahoy na aking iniutos sa iyo na sinabi, Huwag kang kakain niyaon; sumpain ang lupa dahil sa iyo; kakain ka sa kaniya sa pamamagitan ng iyong pagpapagal sa lahat ng mga araw ng iyong buhay;**
>
> **Ang isisibol niyaon sa iyo ay mga tinik at mga dawag; at kakain ka ng pananim sa parang;**
>
> **Sa pawis ng iyong mukha ay kakain ka ng tinapay, hanggang sa ikaw ay mauwi sa lupa; sapagkat diyan ka kinuha: sapagkat ikaw ay alabok at sa alabok ka uuwi. (Genesis 3:17-19)**

Ang mismong mundo ay narumihan ng mga kasalanan ng tao:

> **...At iyong dinumhan ang lupain ng iyong mga pakikiapid at ng iyong kasamaan.**
>
> **Kaya't ang ambon, ay napigil, at hindi nagkaroon ng huling ulan; gayon man may noo ka ng isang patutot ikaw ay tumakuwil na mapahiya. (Jeremias 3:2-3)**

Hindi nagtagal tiningnan Ng Dios ang mundo na Kanyang nilalang…

> **Sapagka't talastas ng Dios na sa araw na kayo'y kumain niyaon ay madidilat nga ang inyong mga mata, at kayo'y magiging parang Dios, na nakakakilala ng mabuti at masama. (Genesis 3:5)**

Narito ang buod kung paano ang kapaligiran ng tao ay nabago dahil sa kasalanan:

**1. Ang tao ay espirituwal na nagbago:** Wala na siyang "fellowship" Sa Dios. Ang ibig sabihin ng "espirituwal na kamatayan" ay walang-hanggang pagkahiwalay mula Sa Dios dahil sa kasalanan. Ang bawa't isa sa panghinaharap na henerasyon ay nakamana ng pangunahing likas ng kasalanan at ang lahat ng tao ay nagkasala.

**2. Ang tao ay pisikal na nagbago :** Ang kanyang katawan ay tatanda sa kinalaunan, siya ay mamamatay, at siya ay babalik sa alabok na ginamit Ng Dios para siya ay likhain.

**3. Ang mundo ay isinumpa:** Mga "tinik at dawag" ay kumakatawan sa sumpa kung saan ang kapaligiran ay inilagay. Ang tao ay makararanas ng matinding kahirapan sa pagitan ng kanyang sarili at ang makasalanang kapaligiran kung saan siya namumuhay.

## ANG PANGKASALUKUYANG KAPALIGIRAN

Ang pangkasalukuyang kapaligiran ng mundo kung saan ang tao ay mabubuhay ay nanatiling masama. Hanggang Ang Dios ay sirain ang pangkasalukuyang makasalanan na mundo at gumawa ng bagong Langit at lupa, ang lahat ng nilikha ay dumadaing para sa paglaya sa kakila-kilabot na kapaligiran na likha ng kasalanan:

> **Sapagka't nalalaman natin na ang boong nilalang ay humihibik at nagdaramdam na may kahirapan na kasama natin hanggang ngayon.**
> **(Roma 8:22)**

## PAANO NA APEKTUHAN ANG TAO

Ang makasalanang kapaligiran ng pangkasalukuyang mundo ay na apektuhan ang espirituwal ng tao dahil kumikilos ang tatlong espirituwal na mga kalaban:  Ang mundo, ang laman, at ang Diyablo:

**1. Ang mundo:**  Si Satanas ay kumikilos sa pamamagitang ng masamang sistema ng mundo, kasama ang lahat ng kasalanan, materyalismo, at mga pilosopiyang walang Dios.

**2.  Ang laman:**  Ang lahat ng tao ay ipinanganak na makasalanan.  Si Satanas ay kumikilos sa pangunahing likas ng kasalanan para maakay ang lalake at babae para sa pang-isahang gawa ng kasalanan.  Ang pangunahing likas ( na tinatawag na "laman" sa Biblia) ay nagdulot ng kakila-kilabot, makasalanang mga gawa ng walang katuwiran.

**3.  Ang Diyablo:**  Si Satanas ay na nanatiling gumagawa sa kapaligiran para matupad ang kanyang mga pakay. Siya ay kumikilos sa pamamagitan ng mga demonyo at lalake at babae na ipinapailalim ang kanilang mga kalooban sa kanya.

## ANG DAAN NG PAGTAKAS

Ang Dios ay naglaan ng paraan para makatakas mula sa makasalanang kapaligiran.  Ang tao ay maaaring mailigtas mula sa kakila-kilabot na epekto ng espirituwal na kamatayan
( ang pagkahiwalay Sa Dios):

> **Sapagkat gayon na lamang ang pagsinta ng Dios sa sanglibutan, na ibinigay niya ang kaniyang bugtong na Anak, upang ang sinomang sa kaniya'y sumampalataya ay huwag mapahamak, kundi magkaroon ng buhay na walang hanggan. (Juan 3:16)**

Sa pamamagitan Ni Jesus, ang tao ay maaaring maligtas mula sa walang-hanggang epekto ng pisikal na kamatayan. Ang lahat ng tunay na mananampalataya na pisikal na namatay, balang araw ay muling mabubuhay mula sa pisikal na kamatayan tungo sa walang-hanggang  buhay:

> **Sapagka't ang Panginoon din ang bababang mula sa langit, na may isang sigaw, may tinig ng arkanghel, at may pakakak ng Dios at ang nangamatay kay Cristo ay unang mangabubuhay na maguli;**
>
> **Kung magkagayon, tayong nangabubuhay, na nangatitira, ay aagawing kasama nila sa mga alapaap, upang salubungin ang Panginoon sa hangin: at sa ganito'y sasa Panginoon tayo magpakailan man. (I Tesalonica 4:16-17)**

Ang makasalanang mundo na ating tinitirhan sa ibang araw ay masisira, at Ang Dios ay lilikha ng bagong Langit at bagong lupa:

> **Datapuwa't darating ang araw ng Panginoon na gaya ng magnanakaw; na ang sangkalangitan sa araw na iyan ay mapaparam na kasabay ng malaking ugong, at ang mga bagay sa langit ay mapupugnaw sa matinding init, at ang lupa at ang mga gawang nasa lupa ay pawang masusunog...**
>
> **Ngunit, ayon sa kaniyang pangako, ay naghihintay tayo ng bagong langit at ng bagong lupa, na tinatahanan ng katuwiran. (II Pedro 3:10, 13)**

Kahit nga ang mundo ay nananatiling nasa ilalim ng sumpa ng kasalanan, ang mga mananampalataya ay maaaring makalaya mula sa sumpa at mamuhay ng masagana sa pamamagitan Ni Jesu Cristo. Sinabi ni Jesus:

> **...Ako'y naparito upang sila'y magkaroon ng buhay, at magkaroon ng kasaganaan nito. (Juan 10:10)**

Ang iyong pangunahing likas na kasalanan ay maaaring mabago ng kapangyarihan Ng Dios para mamunga ng espirituwal na bunga ng pag-ibig, kagalakan, kapayapaan, pagpapahinuhod, kagandahang-loob, kabutihan at pagtatapat, kaamuan, at pagpipigil ( Galacia 5:22-23). Kahit nga ikaw ay nananatiling nasa mundo, hindi ka dapat maging bahagi ng makasalanang kapaligiran.

> **Hindi ko dinadalangin na alisin mo sila sa sanglibuatan, kundi ingatan mo sila mula sa masama.**
>
> **Hindi sila taga sanglibutan, na gaya ko naman na taga sanglubutan. (Juan 17:15-16)**
>
> **Kung paanong ako'y iyong sinugo sa sanglibutan, sila'y gayon ding sinusugo ko sa sanglibutan. (Juan 17:18)**

Maaari tayong magalak dahil Si Jesus…

> **Na siyang nagbigay sa kaniyang sarili dahil sa ating mga kasalanan, upang tayo'y mailigtas dito sa kasalukuyang masamang sanglibutan, ayon sa kalooban ng ating Dios. (Galacia 1:4)**

## ANG KAPALIGIRAN AT ANG MISYON NG IGLESYA

Ang kapaligiran ay mahalaga sa misyon ng Iglesya para maabot ang lahat ng mga bansa ng Ebanghelyo:

**Una:** Ang lahat ng ministeryo ay ginagawa sa kapaligiran ng mundo na iyong natutuhan na tunay na masama. Kung iyong nauunawan ito hindi ka mabibigla sa mga atake ng kaaway habang ikaw ay nag miministeryo.

**Ikalawa:** Maraming uri ng kapaligiran sa mundong ito na may malaking pagkakaiba sa isa't –isa. Kung paano ang lahat ng mga tao ay na apektuhan ng masamang kapaligiran ng mundo sa pangkalahatan, sila ay na aapektuhan ng tiyak na kapaligiran kung saan sila naninirahan. Kung iyong nauunawaan ang kanilang tiyak na kapaligiran ikaw ay mas mabisang makapagpapahayag ng Ebanghelyo.

# PANSARILING PAGSUSULIT

1. Isulat ang Susing Talata mula sa memorya.

_______________________________________________

_______________________________________________

2. Ibigay ang kahulugan ng salitang "paligid."

_______________________________________________

3. Ilarawan ang unang kapaligiran ng tao.

_______________________________________________

4. Ilarawan ang pangkasalukuyang kapaligiran ng mundo.

_______________________________________________

5. Ano ang naging sanhi ng pagbabago mula sa unang kapaligiran tungo sa pangkasalukuyang kapaligiran ng mundo?

_______________________________________________

6. Kilalanin ang tatlong mga paraan ng pangkasalukuyang kapaligiran na naka apekto sa espirituwal na buhay ng tao.

_______________ _______________ _______________

7. Ano ang plano Ng Dios para sa kaligtasan ng tao mula sa makasalanang kapaligiran?

_______________________________________________

8. Paano ang kapaligiran ay maiuugnay sa misyon ng Iglesya?

_______________________________________________

(Ang sagot sa pagsusulit ay nakasulat sa pagtatapos ng huling kabanata ng manwal na ito.)

# PARA SA DAGDAG NA PAG-AARAL

1. Pag-aralan ang Genesis kabanata 3 at obserbahan kung paano ginamit ni Satanas ang kapaligiran sa unang pagtukso. Ang hardin na nilikha Ng Dios ay ganap. Subalit mayroong isang ipinagbabawal na puno. Ang tao ay binigyan ng pagkakataon na mamili: Sundin Ang Dios at iwasan ang punong ito at magpatuloy na mamuhay sa ganap na kapaligiran o sumuway Sa Dios at hayaan na pumasok ang kasalanan sa kapaligiran.

Sa kabanatang ikatlo ng Genesis , si Eva ay nasa kapaligiran na malapit sa ipinagbabawal na puno. Ang Biblia ay nagbabala tungkol sa kasamaan na . . .

> **Ilagan mo, huwag mong daanan; likuan mo, magpatuloy ka.**
> **(Kawikaan 4:15)**

<u>Narinig ni Eva:</u> Ang tinig ni Satanas mula sa kapaligiran ng ipinagbabawal na puno.

<u>Nakita niya:</u> Ang isang bagay na nakahihikyat sa kapaligiran . Ito ang ipinagbabawal na bunga.

<u>Kinuha niya:</u> Ang makasalanang bagay mula sa paligid.

<u>Kinain niya:</u> Ang ipinagbabawal na bunga. Bago kainin, ang panlabas ay masama. Hindi na apektuhan ang kanyang espiritu, ngunit ng kanyang kinain ito, siya ay naging makasalanan.

<u>Ibinigay niya:</u> Si Eva ay bahagi ng “panlipunan” na kapaligiran ni Adan dahil siya ay asawa niya. Na impluwensiyahan ni Eva si Adan na magkasala sa pagbibigay ng ipinagbabawal na bunga. Kadalasan ang mga tao ay naiimpluwensiyahan na magkasala ng mga nasa kanilang panlipunan na kapaligiran.

<u>Kinain ni Adan:</u> Kumain din siya ng ipinagbabawal na bunga. Ang pagikot ng kasalanan ay nagsimula at nagpatuloy sa buong kasaysayan. Dahil sa kasalanan ang lahat ng tao ay naging makasalanan at ang kapaligiran ng mundo.

2. Ilarawan ang pisikal na kapaligiran na pinili ni Lot sa Genesis 13:8-11.

3. Anong uri ng espirituwal na kapaligiran ang nasa lunsod ng Sodom na pinili ni Lot? Tingnan ang Genesis 13:13 at mga kabanatang 18-19.

4. Paghambingin ang espirituwal na kapaligiran na inilarawan sa Genesis 6:5 at sa inilarawan sa Apocalipsis 21:10-27.

# IKALAWANG KABANATA

# PAGSUSURI NG KAPALIGIRAN

**MGA LAYUNIN:**

Pagkatapos pagaralan ang kabanatang ito ikaw ay maykakayahan na:

- Isulat ang Susing Talata mula sa memorya.
- Ibigay ang kahulugan ng terminong "pagsusuri ng kapaligiran".
- Kilalanin ang anim na uri ng pagsusuri ng kapaligiran na tatalakayin sa kursong ito.
- Isulat ang pitong dahilan kung bakit ang pagsusuri ng kapaligiran ay mahalaga para ang Ebanghelyo ay madala sa lahat ng mga bansa.
- Ibuod ang anim na panganib na dapat iwasan sa pagsusuri ng kapaligiran.

**SUSING TALATA:**

> **Sapagkat ang sinomang ipinanganak ng Dios ay dumadaig sa sanglibutan: at ito ang pagtatagumpay na dumadaig sa sanglibutan, sa makatuwid ay ang ating pananampalataya. (I Juan 5:4)**

## PAMBUNGAD

Ipinakikilala ng kabanatang ito ang "pagsusuri ng kapaligiran," isang kakayahan na magaakay para maunawaan ang kapaligiran kung saan ang tao ay naninirahan at kung paano ito naka-aapekto sa pagsusumikap na maabot sila ng Ebanghelyo. Ang "pagsusuri ng kapaligiran ay binigyang kahulugan at kinilala ang mga uri ng pagsusuri. Ang mga panganib na dapat iwasan ay tinalakay at ang kahalagahan ng pagsusuri ng kapaligiran ay ipinaliwanag.

## PAGKAKAIBA NG KAPALIGIRAN

Sa huling kabanata iyong natutuhan na kasama sa kapaligiran ang pisikal, sosyal, kultura, at espirituwal na mga bagay kung ano ang nakapalibot sa isang tao. Natutuhan mo rin na ang mundo ay makasalanan at pinaninirahanan ng makasalanang mga lalake at babae na nangangailangan ng Tagapagligtas.

Ang lahat ng ministeryo ay ginagawa sa pangkalahatang kapaligiran ng mundong ito. Subalit maraming iba't ibang kapaligiran sa loob ng makasalanang mundo at ang bawa't isa ay mayroong malaking pagkakaiba. Halimbawa, ang kapaligiran ng isang maliit na tribo sa ilang ng Sahara ay mayroong malaking pagkakaiba sa mga nakatira sa modernong lunsod ng New York.

Kung paano ang lahat ng tao ay naaapektuhan ng makasalanang kapaligiran ng mundo sa pangkalahatang, sila rin ay naaapektuhan ng tiyak na kapaligiran kung saan sila naninirahan. Kung iyong mauunawaan ang kanilang kapaligiran, mas mabisa mong maipapahayag ang mensahe ng Ebanghelyo.

## PAGSUSURI NG KAPALIGIRAN

Ang “pagsusuri ng kapaligiran” au makatutulong sa iyo upang maunawaan mo ang tiyak na kapaligiran. Ang ibig sabihin ng pagsusuri sa isang bagay ay pag-aaral ng detalye, pagsusuri sa bawa’t bahagi na kabuuan ng isang buo. Ang ibig sabihin ng “pagsusuri ng kapaligiran” ay pag-aaral ng bawa’t bahagi ng kapaligiran kasama dito ang pisikal, sosyal, kultura, at espirituwal na mga bahagi nito. Iyong suriin ang tiyak na kapaligiran ng detalyado.

## MGA URI NG PAGSUSURI NG KAPALIGIRAN

Mayroong anim na uri ng pagsusuri ng kapaligiran na tinalakay sa kursong ito na mahalaga sa misyon ng pagpapalaganap ng Ebanghelyo sa mundo. Ang bawa’t isa ay pag-aaralan ng detalye sa susunod na mga kabanata:

**PERSONAL NA PAGSUSURI:** Ito ay pagsusuri ng iyong sariling kapaligiran at ng iyong sarili bilang isang mananampalataya

**PAGSUSURI SA ISANG GRUPO NG MGA TAO:** Ang mundo ay binubuo ng maraming magkakaibang grupo ng mga tao. Ang mga grupong ito ay nagsasalita ng iba’t ibang wika, mayroong iba’t ibang kaugalian, at nabuo sa iba’t ibang mga paraan. Ang bawa’t lugar ng heograpiya, bansa, at rehiyon ng mundo ay binubuo ng maraming iba’t ibang grupo ng tao.

**PAGSUSURI NG LUGAR:** Ang lugar ay tiyak na heorapiya ng isang lugar sa loob ng isang bansa. Maaari itong bansa, lunsod, isla, lalawigan, teritoryo, o estado.

**PAGSUSURI SA BANSA:** Ang bansa ay buong lupa at mga tao na magkakasama na may hantungang politikal na namumuhay sa ilalim ng magkaparehong gobyerno.

**PAGSUSURI SA REHIYON:** Ang rehiyon ng mundo ay binubuo ng maraming bansa sa isang tiyak na bahagi ng mundo. Halimbawa, kasama sa rehiyon ng Gitnang Amerika ang mga bansa ng Guatemala, Costa Rica, Nicaragua, Belize, Panama, Honduras, at El Salvador.

**PAGSUSURI SA PANGKASALUKUYANG KRISTIYANONG SAMAHAN:** Ito ang mga iglesya, denominasyon, at mga samahan na natatag para sa layunin ng ministeryo ng Kristiyano.

## ANG KAHALAGAHAN NG PAGSUSURI NG KAPALIGIRAN

Ang pagkaunawa sa kapaligiran ay mahalaga para sa pagkalat ng Ebanghelyo dahil ito ay . .

**TUMUTULONG SA MGA MANANAMPALATAYA NA MALAMAN ANG KANILANG LUGAR SA MINISTERYO:**

Sa aralin ng “Personal na Pagsusuri sa Kapaligiran,” iyong susuriin ang iyong espirituwal na kalakasan, kahinaan, tawag, at mga kaloob. Ang pagsusuring ito ay mahalaga dahil ito ay tutulong sa iyo na madiskubre mo ang iyong tiyak na lugar sa ministeryo. Kinikilala nito ang mga espirituwal na kahinaan na dapat mong harapin para ikaw ay mas maging mabisa at ang mga espirituwal na kalakasan na iyong gagamitin para Sa Dios.

**MAY BISA SA BAWA'T TAO:**

Sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo, mahalaga na iyong maunawaan na walang sinoman ang makatatakas sa bisa ng kasamaan sa kapaligiran ng pangkasalukuyang mundo. Ang lahat ng tao sa bawa't kultura, tribo, at bansa ay makasalanan at nangangailangan ng Tagapagligtas. Mayroong kasamaan sa bawa't kultura at ang pangunahing likas ng kasalanan ay aktibo sa bawa't taong hindi mananampalataya. Si Satanas ay kumikilos sa bawa't kapaligiran ng mundong iyong pinagmiministeryuhan. Patuloy kang makikipaglaban sa mundo, sa laman, at sa Diyablo.

**INIUUGNAY ANG EBANGHELYO SA KAPALIGIRAN:**

Ang kakahayan ng tao para maunawaan ang Ebanghelyo ay na-aapektuhan ng kanilang kapaligiran. Halimbawa, dapat mong ibahagi ang Salita Ng Dios sa lengguwahe na nauunawaan ng mga tagapakinig.

Dapat mong rin na ibahagi ang Ebanghelyo sa paraan na katanggap-tanggap sa kultura at panlipunan. Sa ibang grupo ng mga tao kinakailangan na makuha ang pahintulot at pagtanggap ng pinuno ng tribo bago ang mga tao ay makinig sa iyong mensahe. Ang pamamaraan kung paano mo ipinahayag ang mensahe ay naaapektuhan ng sosyal at antas ng edukasyon ng iyong tagapakinig. Dapat mong ibagay ng naaayon ang iyong mensahe.

Maaari mong baguhin ang uri ng iyong pamumuhay para matanggap ng isang kultura. Halimbawa, si Apostol Pablo ay kumain ng karne, ngunit sa ibang mga kultura na kanyang pinaglingkuran ay hindi. Kanyang ibinagay ang uri ng pamumuhay para maabot ang mga taong ito ng Ebanghelyo:

> **Kaya kung ang pagkain ay nakapagpapatisod sa aking kapatid, kailan man ay hindi ako kakain ng lamang-kati upang ako 'y huwag makapagpatisod sa aking kapatid. (I Corinto 8:13)**

Hindi mo DAPAT ibagay ang uri ng iyong pamumuhay kung ito ay salungat sa nakasulat na Salita Ng Dios, ngunit kung may simpleng personal na mga pagbabagong dapat gawin para maisulong ang Ebanghelyo ito ay dapat gawin.

Sa maraming mga lipunan maaari mong mabisang gamitin ang kultura para maiparating ang Ebanghelyo. Ngunit para magawa mo ito , dapat mong maunawaan ang kultura ng kapaligiran ng mga tao. Ang kultura ay maaaring magamit bilang tulay sa Kaharian Ng Dios o balakid na makapipigil sa mga tao.

**MAYKAKAYAHANG MAGAMIT SA KAPALIGIRAN PARA ITURO ANG EBANGHELYO:**

Ginamit Ni Jesus ang kapaligiran para maituro ang Ebanghelyo. Siya ay nagkuwento ng mga istorya na may kaugnayan sa kultura ng mga tao sa pamamagitan ng paggamit ng mga bagay katulad ng trigo , isda, mga bulaklak, mga kandila, at gusali para maituro ang espirituwal na mga aralin.

Hindi inalis Ni Jesus ang Kanyang mga mag-aaral sa masamang kapaligiran. Hindi Niya sila inilagay sa isang kumbento o monasteryo. Tinuruan Ni Jesus ang mga lalake at babae kung saan sila naninirahan, nagtatrabaho, at nagmiministeryo. Kanyang iniugnay ang Ebanghelyo sa kanilang personal na kalagayan. Ang kapaligiran ang kanilang lugar ng pagsasanay kung saan nila inilalapat ang kanilang mga natutuhan.

( Ito ang pangitain ng Harvestime International Network. Ito ang dahilan kung bakit ang kursong ito ay inilalapit sa iyong sariling kapaligiran.)

**KILALANIN ANG MATABANG LUPANG ESPIRITUWAL:**

Sa natural na mundo, ang mga magsasaka ay sinusuri ang lupa bago ito taniman ng kanilang pananim. Ginagawa nila ito sa tatlong kadahilanan:

**Una,** nais nilang piliin ang pinakamahusay na lupa para ituon ang kanilang kakayahan. Alam nila na ang pinakamahusay na lupa ang magbibigay ng malaking anihin.

**Ikalawa,** inaalam nila ang masamang lupa para kilalanin kung paano ito maihahanda para mataniman. Sa ibang mga kultura ang mga magsasaka ay gumagamit ng komersyal na produkto ng mga pataba para mapabuti ang lupa. Ang iba ay pinuputol ang mga puno at dahon, sinusunog sa lupa, at ginagamit ang abo bilang natural na pataba.

**Ikatlo,** kanilang sinusuri ang lupa para malaman ang pinakamabuting paraan ng pagtatanim. Halimbawa, kailangan ba ng paraan ng pagtutubig o ang ulan ay sapat na? Ano ang kanilang itatanim? Paano nila aanihin ang ani?

Ang pagsusuri ng kapaligiran sa espirituwal na mundo ay katulad kung ano ang ginagawa ng magsasaka sa natural na mundo. Ating sinusuri ang mga tao, lugar, bansa, at rehiyon para sa magkatulad na kadahilanan:

**Una,** nais nating malaman ang pinakamatabang espirituwal na lugar. Ang ibang lugar ay handa para sa espirituwal na pag-aani. Sinasabi sa Biblia na ang manggagawa ay kakaunti sa anihing bukid Ng Dios. Dahil ang espirituwal na puwersa ng mag-aani ay limitado, nais nating ituon ang ating pangunahing lakas sa mga lugar na handa nang anihin.

**Ikalawa,** nais nating malaman ang mga paraan para ang hindi espirituwal na mga lugar ay maihanda na anihin. Ang ibang mga tao, lugar, at rehiyon ay hindi handang tumanggap ng Ebanghelyo. Dapat nating madiskubre kung bakit at paano ang mga paraan na makatutulong mabago ang espirituwal na lupa.

**Ikatlo,** atin nang nalaman ang pinakamabuting paraan na gamitin… at ito ay mag-aakay sa isa pang pangunahing dahilan para sa pagsusuri na nararapat…

**KILALANIN ANG MGA DAHILAN NA NAKAAPEKTO SA IYONG MISYON:**

Ang misyon ng Iglesya ay para maipalaganap ang Ebanghelyo. Ang kapaligiran ay umaapekto sa stratehiya kung paano ang misyon ay magawa. Ang "stratehiya" ay paraan o plano para maabot ang layunin. Para iyong maabot ang layunin ng panghihikayat ng kaluluwa sa mundo,

ng Ebanghelyo, dapat ay mayroon kang "stratehiya" o mga paraan para maabot ang layunin na ito. (Matututuhan mo ang marami pang bagay tungkol sa mga stratehiya at pagpaplano sa huling kabanata ng kursong ito.)

Ang parehong plano ay hindi makakikilos ng pareho sa bawa't tao sa bawa't lugar. Dahil walang dalawang tao at walang dalawang kapaligiran na magkatulad na magkatulad, gayun din naman sa natural na mundo walang dalawang ani o mga bukirin ang magkatulad na magkatulad.

Kung iyong susuriin ang mga grupo ng tao, lugar ng heograpiya, bansa, at rehiyon, ikaw ay makakakuha ng impormasyon na makatutulong sa iyo na magplano ng mga stratehiya para mabisang maabot ang mga iba't-ibang kapaligiran ng Ebanghelyo. Ang kapaligiran ang magpapasiya ng katanggap –tanggap na mga paraan para sa pagbabahagi ng Ebanghelyo dahil sa iba't ibang sistema ng politika.

Halimbawa, sa ibang bansa hindi ka makagagawa ng "evangelistic meetings." Sa ibang bansa hindi ka makabibili ng lupa para makapag tayo ng iglesya. Sa ibang bansa hindi ka na makakakuha ng "missionary visa" para makapagpahayag ng Ebanghelyo.

Hindi ibig sabihin na ang ganitong mga palakad ay magiging daan para ikaw ay sumuko sa pagkatalo. Dapat mong baguhin ang mga paraan ng pagbabahagi ng Ebanghelyo sa kapaligiran na iyon. Halimbawa, sa halip na pumunta doon bilang isang misyonero, maaari kang kumuha ng "working visa" bilang manggagawa at habang gumagawa ka ay nagbabahagi ka ng Ebanghelyo. Sa halip na pagtitipon sa pampublikong lugar, maaari mong gamitin ang paraan ng personal na panghihikayat ng kaluluwa. Sa halip na magtipon sa gusali ng mga iglesya, maaari kang magsimula ng mga kongregasyon na nagtitipon sa mga tahanan ng mga mananampalataya.

Ang pagsusuri ng kapaligiran ay makatutulong sa iyo na magplano ng detalye katulad ng kung saan magtatayo ng iglesya at mga paglilingkod kung saan ang mga tao ay makapupunta at kung anong oras sila makadadalo. Ang pagsusuri ng kapaligiran ay makatutulong sa iyo na malaman ang mga stratehiya para sa pagbabahagi ng Ebanghelyo na magiging mabisa at katanggap-tanggap sa pisikal, kultura, sosyal, at espirituwal na pamumuhay.

## <u>MAIUGNAY SA PAKIKITUNGO NG DIOS SA TAO:</u>

Ang Dios ay nagpadala ng malaking baha sa lupa para hukuman ang tao dahil sa kakilakilabot na kapaligiran na resulta ng kasalanan:

> **At nakita ng Panginoon na mabigat ang kasamaan ng tao sa lupa, at ang boong haka ng mga pagiisip ng kaniyang puso ay pawang masama lamang na parati.**
>
> **At nagsisi ang Panginoon na kaniyang nilalang ang tao sa lupa, at nalumbay sa kaniyang puso.**
>
> **At sinabi ng Panginoon, lilipulin ko ang tao na aking nilalang sa ibabaw ng lupa... (Genesis 6:5-7)**

Basahin ang kuwento ng Sodom at Gomorah sa Genesis 18-19. Ang Dios ay nagpadala ng paghuhukom sa mga lunsod na ito dahil sa makasalanang kapaligiran na kanilang ginawa.

Basahin ang kuwento ng Nineveh sa aklat ng Jonas. Plano Ng Dios na magpadala ng paghuhukom sa lunsod dahil sa kasalanan. Nang ang buong lunsod ay nagsisi, nagbago ang pakikitungo sa kanila Ng Dios dahil ang kapaligiran sa lunsod at ang kanilang personal na mga buhay ay nabago.

Maraming ibang halimbawa sa Biblia kung paano ang kapaligiran at ang pakikitungo Ng Dios sa tao ay may kaugnayan. Para iyong maunawaan ang pakikitungo Ng Dios sa tao, dapat mong maunawaan ang kapaligiran.

## PANGANIB NA DAPAT IWASAN

Ang pagsusuri ng kapaligiran ay konsepto na galing sa Biblia. Pag-aaralan mo ng detalye ang batayan sa Luma at Bagong Tipan sa susunod na dalawang mga aralin. Ngunit bago magpatuloy sa pag-aaral na ito, mayroong ilang mga panganib na dapat mong mabatid.

Para makilala ang mga panganib na ito, gagamitin natin ang kuwento ng pagsusuri ng kapaligiran na ginawa ng labingdalawang lalake sa Biblia. Una basahin ang kuwento sa Mga Bilang 13-14.

Mayroong tiyak na mga panganib ng pagsusuri ng kapaligiran na inilarawan sa kuwentong ito. Narito ang ilan sa mga panganib na dapat iwasan:

### HUWAG MAG SURI AYON SA NATURAL NA PANGANGATWIRAN LAMANG:

Karamihan sa mga impormasyon na iyong makukuha sa pagsusuri ng kapaligiran ay nakuha sa pag-aaral at pag-oobserba ng mga bagay sa natural na mundo. Subalit dapat mong tingnan ang natural na mundo sa kabila pa ng espirituwal na mundo.

Nakita ng mga tiktik na nagtungo sa Canaan ang mga higante sa natural na mundo. Kung saan sila nagkamali sa pagsusuri ng kapaligiran sa natural na mundo lamang. Sobrang malaki ang pagkakita ng natural na pangangatwiran.

Huwag gagawa ng espirituwal na pagpapasiya batay sa natural na mga impormasyon lamang. Ang natural na mga kalagayan ay maaaring pag-aralan para maging patnubay sa iyong mga paraan, ngunit dapat din na esprituwal na masuri ang mga bagay.

### HUWAG MAGAPI NG GAWAIN:

Ang sampu sa tiktik na pinag-aralan ang Canaan ay nagapi ng kalakihan ng gawain. Nakita nila ang mga higante na sobrang malaki para magapi. Sila ay nakatingin sa kapangyarihan ng kalaban at sa kanilang kawalan ng kakayahan. Sila ay nakatuon sa mga balakid sa halip na sa pagkakataon.

Ang pagsusuri sa tiyak na kapaligiran ay maaaring magpahayag ng maraming balakid. Subalit huwag ituon ang isip sa kalakhan ng gawain. Ituon ang pag-iisip sa kadakilaan Ng Dios. Huwag

mong tingnan ang iyong kahinaan, subalit ituon ang pag-iisip sa kakayahan Ng Dios. Huwag magapi sa kapangyarihan ng kalaban dahil dakila ang Siya na nasa iyo kaysa nasa mundo.
( I Juan 4:4 at 5:4).

**HUWAG MAIMPLUWENSIYAHAN NG NEGATIBONG MGA ULAT:**

Ang negatibong ulat sa ibinigay ng sampung tiktik sa Mga Bilang 13 ay nakaimpluwensiya sa bayan Ng Dios. Kung ikaw ay naghahanda sa paglilingkod para Sa Dios mayroong palaging magsasabi sa iyo na hindi ito magagawa. Pupunuin nila ang iyong mga pag-iisip ng mga negatibong kaisipan at mga ulat.

Huwag mong hayaan na maimpluwensiyahan ka nila. Kung mangyayari ito, matatagpuan mo ang iyong sarili na naglalagalag sa espirituwal na ilang katulad ng Israel. Maaari kang mawalan ng pagkakataon na makapasok at mag-angkin ng bagong teritoryo para Sa Dios.

**HUWAG MAGING MATATAKUTIN AT WALANG PANINIWALA:**

Ang Israelita ay nanatiling nasa labas ng lupang pangako sa Canaan dahil sa takot at walang pananampalataya na resulta ng kanilang pagsusuri:

> **At sino-sino ang kinagalitan niyang apat na pung taon? Hindi baga yaong nangagkasala, na ang kanilang mga katawan ay nangabuwal sa ilang?**
>
> **At sa kani-kanino isinumpa niyang hindi makapapasok sa kaniyang kapahingahan, kundi yaong mga nagsisuway?**
>
> **At nakikita natin na sila'y hindi nangakapasok dahil sa kawalan ng pananampalataya. (Hebreo 3:17-19)**

Huwag kang iiwas sa anumang lugar dahil sa takot o walang pananampalataya na resulta ng iyong natutuhan tungkol dito.

**HUWAG MAGTIPON NG MGA IMPORMASYON PARA LAMANG SA KAPAKANAN NG IMPORMASYON:**

Hindi ka nagsusuri para sa pakay na magkaroon lamang ng mga impormasyon tungkol sa kapaligiran.

Ang mga tiktik na nagpunta sa Canaan ay nakatipon ng maraming mga impormasyon tungkol sa kapaligiran, mga tao, at ang kanilang mga produkto. Ngunit hindi sila kumilos kailanman tungkol sa kanilang natutuhan. Hindi sila kumilos na angkinin ang lupa para Sa Dios.

Maaari mong gugulin ang lahat ng iyong panahon sa pagtitipon ng mga impormasyon at pagpaplano, ngunit hangga't hindi ka pumupunta sa lupang anihin at gamitin ang mga stratehiya, ang mga tao ay hindi maaabot ng Ebanghelyo.

**HUWAG ITUON ANG ISIP SA "KUNG", SA HALIP ITUON ANG ISIP SA "PAANO":**

Sa mga Bilang 13 ang mga tiktik ay ipinadala sa Canaan para alamin kung PAANO ang pinakamabuting gawin para masakop ang rehiyon, hindi para magpasiya KUNG dapat nilang sakupin. Makaraan ang apat napung taon ang Israel ay muling nagpunta sa hangganan ng Canaan, ang mga tiktik ay muling ipinadala para suriin ang Canaan. Ngunit ang mga lalaking ito ay higit na nauunawaan ang kanilang misyon kaysa sa naunang mga tiktik. Kailangan nilang malaman ang kung PAANO, hindi KUNG, sila ay magpapatuloy na sakupin ang lupain para Sa Dios ( Josue 2).

Bilang mga mananampalataya, tayo ay itinalaga para abutin ang lahat ng mga bansa ng Ebanghelyo. Kung tayo ay nagsusuri para sa pakay na malaman kung PAANO ang pinakamabuting paraan upang maabot ang sinumang mga tao ng Ebanghelyo.

# PANSARILING PAGSUSULIT

1. Isulat ang Susing Talata mula sa memorya.

_______________________________________________________________________________

2. Ibigay ang kahulugan ng salitang "pagsusuri ng kapaligiran."

_______________________________________________________________________________

3. Kilalanin ang anim na uri ng pagsusuri ng kapaligiran na iyong natutuhan sa kursong ito.

________________________________ ________________________________

________________________________ ________________________________

________________________________ ________________________________

4. Itala ang pitong mga dahilan ng kahalagahan ng pagsusuri ng kapaligiran sa utos sa Iglesya na ipangalat ang Ebanghelyo sa lahat ng mga bansa.

________________________________ ________________________________

________________________________ ________________________________

________________________________ ________________________________

________________________________

5. Kilalanin ang anim na panganib na dapat iwasan sa pagsusuri ng kapaligiran.

________________________________ ________________________________

________________________________ ________________________________

________________________________ ________________________________

( Ang mga sagot sa pagsusulit ay nakasulat sa pagtatapos ng huling kabanata ng manwal na ito.)

# PARA SA DAGAG NA PAG-AARAL

1. Ginamit ni Pablo ang kapaligiran para maging tulay sa halip na balakid sa Ebanghelyo. Pag-aralan ang sumusunod na mga reperensiya para makita kung paano ang kapaligiran ay umapekto sa stratehiya (mga paraan) para sa pagbabahagi ng Ebanghelyo:

> -Siya ay nagministeryo sa may mga “mababa” na katayuan sa pamamagitan ng pagabot sa kanilang antas: Roma 12:16
>
> -Gumamit siya ng lengguwahe na naaangkop sa kultura: Mga Gawa 22:1-2
>
> -Iniakma niya ang kanyang asal para ito ay hindi makaapekto sa kultura o paniniwalang relihiyon: I Corinto 8:10-13, Roma 14:15
>
> -Hindi niya ipinilit ang kanyang kulturang Hudyo sa mga tumatanggap ng Ebanghelyo: Mga Gawa 15:1-32

2. Ang isang halimbawa na nangyari sa pagsusuri batay lamang sa natural na pangangatuwiran ay nakatala sa Mga Gawa 27. Ang mga tripulante sa barko ay nagsuri ng mga bagay ayon sa natural na mga pangangatuwiran lamang. At ang kanilang pagsusuri ay nagpakita na dapat silang magpatuloy. Subalit si Pablo ay nakatanggap ng espirituwal na pagkaunawa. Ipinahayag Ng Dios na hindi tamang tumuloy sa pagbibiyahe.

3. Ang isang halimbawa ng pagkabigla sa mga nalamang pangyayari ay ibinigay sa II Mga Hari 6:14-17. Natuon si Gehazi sa kalakihan ng gawain sa halip na sa kadakilaan Ng Dios.

# IKATLONG KABANATA

## ANG BATAYAN SA BIBLIA: LUMANG TIPAN

**MGA LAYUNIN:**

Pagkatapos pag-aralan ang kabanatang ito ikaw ay maykakayahan na:

- Kilalanin ang mga halimbawa sa pagsusuri sa Lumang Tipan.

**PAMBUNGAD**

Ang Biblia ay puno ng mga halimbawa ng pagsusuri ng kapaligiran. Ito ay talaan ng kapaligiran ng tao sa mundo at ang kanyang tugon sa mga impluwensiya ng kapaligiran na ito. Halimbawa, sinusuri ng Biblia ang nakaraan, pangkasalukuyan, at panghinaharap na kapaligiran ng tao. Sinusuri nito ang espirituwal na kalagayan ng lalake at babae hiwalay sa Dios at inihahambing ito sa tunay na mga mananampalataya. Sinusuri rin nito ang ating espirituwal na kalaban.

Sa aralin na ito at sa mga susunod iyong pag-aaralan ang mga halimbawa sa Biblia ng pagsusuri ng kapaligiran. Imposible na masuri ang lahat ng reperensiya na kaugnay ng paksa dahil napakarami nito. Dahil dito ang susing mga talata ay napili bilang mga halimbawa.

(Dahil sa paraan ng pag-aaral na ginamit sa aralin na ito walang "Susing Talata," "Pansariling Pagsusulit," o "Dagdag Na Pag-aaral na bahagi ang kabanatang ito.)

**GENESIS**

Mga Kabanatang 1-2: Nilikha Ng Dios ang ganap na kapaligiran.

Kabanata 3: Ang kasalanan ay pumasok sa kapaligiran. Paano ito na apektuhan? Paano sinuri Ng Dios ang espirituwal na kalagayan nina Adan at Eva pagkatapos na sila ay nagkasala?

6:5-6: Pansinin kung paano ang kapaligiran ay nagbago mula sa inilarawan sa Genesis 1-2.

Mga Kabanata 6-7: Sinuri Ng Dios at hinarap ang makasalanang kapaligiran sa mundo.

Mga Kabanata 11: Basahin ang kuwento ng tore ni Babel. Paghambingin ang pagsusuri na ginawa ng mga tao at ng ginawa Ng Dios.

13:6-13: Ang mga pagpapasiya ay nagtatakda ng kahihinatnan. Si Lot ay gumawa ng maling pagpili batay sa pagsusuri ng kapaligiran na ginawa sa natural na pangangatwiran sa halip na espirituwal na karunungan.

Isaac: Hindi siya nalilimitahan ng mga pagsubok na kanyang kapaligiran. (Tingnan ang 24:34-35; 25:32; 26:12-14.)

Kabanata 22: Nagsuri si Abraham ng isang imposibleng sitwasyon sa natural na mundo at nagpasiya na gawin ang sarili niyang kakayahan sa halip na maghintay sa plano Ng Dios.

Mga Kabanata 37-48: Sa pamamagitan ng banal na kapahayagan si Jose ay nagsuri ng pangkasalukuyang at panghinaharap na mga kapaligiran at nailigtas ang buong henerasyon mula sa taggutom.

## EXODO

Kabanata 2: Ang ina ni Moises ay nagsuri ng mapanganib na kapaligiran at naligtas ang buhay ng kanyang anak na lalake.

Kabanata 2-3: Si Moises ay nagsuri ng kanyang kapaligiran, tumugon ng mali, at tumakas tungo sa ilang.

6:9: Pansinin kung paanong ang kapaligiran ay naka impluwensiya sa tugon ng mga Israelita sa mensahe Ng Dios.

Mga Kabanata 7-13: Kung si Faraon ay tamang nagsuri ng kapaligiran, kanya sanang kinilala na siya ay pinakikitunguhan Ng Dios at tama siyang makatutugon .

Mga Kabanata 14: Ang Israel ay nalagay sa kagipitan na lugar sa pagsusuri batay sa natural na pangangatwiran. Ang Dios ay nakialam at sila ay naligtas. Hindi tayo makapagsusuri sa natural na mga kalagayan batay sa natural na pangangatwiran lamang.

15:22-27: Ang Israel at ang tubig ng Marah. Ano ang kanilang tugon sa kapaligiran? Paano ang kapaligiran ay ginamit Ng Dios?

Kabanata 32: Sinisi ni Aaron ang mga tao ( ang kanyang kapaligiran) para sa kanyang kasalanan.

18:1-27: Ang pagsusuri ni Jethro sa kapaligiran ay nagdulot ng bagong henerasyon.

## LEVITICUS

Ang aklat ng Leviticus ay isang talaan ng mga utos Ng Dios para sa Kanyang mga anak. Marami sa mga utos ay kaugnay ng natural na kapaligiran, halimbawa, sa kinakain, kalusugan, at kalinisan na mga kalagayan. Ang iba ay kaugnay sa pulitikang kapaligiran, halimbawa, paano pakikitunguhan ang mga pagtatalo at problema. Ang iba ay kaugnay sa espirituwal na kapaligiran, halimbawa, ang plano Ng Dios sa pakikitungo sa kanilang mga kasalanan.

## MGA BILANG

Mga Kabanata 13-14: Ang pagkakaiba ng espirituwal at natural na pagsusuri. Ang pananaw ng sampung mga tiktik sa lupain ay batay sa natural na pangangatwiran. Ang dalawa ay nagsuri batay sa espirituwal na pagkaunawa.

Kabanata 16: Si Core ay nagsuri ng isang sitwasyon at gumawa ng maling pagpapasiya. Ano ang mali sa kanyang pagsusuri?

Mga Kabanata 22-25: Basahin ang kuwento nina Balak at Balaam. Ang resulta ng pagsusuri ni Balak ay ang kanyang pagtawag kay Balaam.

Pansinin: Ang mga aklat ng Exodo, Mga Bilang, at Deuteronomio ay kaugnay sa mga pangyayari sa panahon ng paglalagalag ng mga Israelita sa ilang pagkatapos ng pagtanggi sa pagpasok sa Lupang Pangako dahil sa takot at walang pananampalataya. Marami ang matututuhan sa paraan ng pagsusuri at pakikitungo ng mga anak Ng Dios sa kanilang kapaligiran sa panhon ng 40 taon ng paglalakbay.

## DEUTERONOMIO

Mga Kabanata 1-4: Ipinakikita ng mga kabanatang ito ang pagbabalik-tanaw sa kasaysayan ng Israel sa paglalakbay sa ilang. Pansinin kung paano ang kapaligiran at ang kanilang tugon dito ay umepekto sa kanilang kaugnayan Sa Dios.

Kabanata 6: Paano ang mabuti at mayamang kapaligiran ay may negatibong epekto sa iyong kaugnayan Sa Dios?

## JOSUE

Kabanata 2: Ang pagsusuri ng kapaligiran na ginawa ng dalawang tiktik. Pansinin kung paano ang kanilang pagsusuri ay naiiba sa unang mga tiktik sa Mga Bilang 13-14. Ang pananampalataya ay hindi kailanman nakababawas ng mga kahirapan pagkatapos ng pagsusuri sa mga ito. Ang pananampalataya ay nakakakita lamang sa kanila bilang maliit kung ihahambing sa kapangyarihan Ng Dios.

Kabanata 7: Si Josue ay hindi alisto sa espirituwal na kapaligiran at nagdusa ng pagkabigo.

Kabanata 9: Ang mga resulta ng pagsusuri sa natural na pakiramdam na walang pagpapayo Ng Dios. Pansinin ang talatang 14.

Pansinin: Ang pagsusuri ng kapaligiran ay mahalaga sa buong aklat ng Josue sa paghahanda para sa iba't-ibang pakikipaglaban para masakop ang lupain. Ang plano sa pakikipaglaban ay karaniwang nakabatay sa resulta ng pagsusuri ng kapaligiran. Ito ay tutoo sa maraming pakikipaglaban sa Lumang Tipan. Ito ay maaaring ilapat sa espirituwal na mga bagay?

## MGA HUKOM

Ang aklat ng Mga Hukom ay makasaysayang talaan ng mga hari na nanguna sa mga anak Ng Dios. Ang ibang mga hari ay mabuti, ang iba ay masama. Nakatala rin sa aklat ang mga kuwento ng maka-Dios na mga hukom na itinayo Ng Dios para mapalaya ang Kanyang mga anak sa pagkabihag. Ang impluwensiya ng maka -Dios at walang Dios na mga pinuno sa mga tao at sa kanilang kapaligiran ay binigyang diin. Kung paano tumugon ang mga anak Ng Dios sa mga impluwensiya sa kanilang kapaligiran ay magtatakda kung paano espirituwal na tutugon Ang Dios sa kanila.

## RUTH

Basahin ang kabuuan ng maikling aklat at pansinin kung paano sinuri ni Naomi ang kanyang kalagayan sa panahon ng kabiguan habang si Ruth ay tumugon ng may pananampalataya (kabanata 1). Pansinin din kung paano sinuri ni Naomi at tumugon sa situwasyon kay Boaz at ang kanyang pagsusuri sa kalagayan ni Ruth. Si Boaz ay kumikilos sa kultura ng kanyang kapaligiran sa pagtubos kay Ruth ( kabanata 4).

## I SAMUEL

2:11-3:21: Hindi tama ang pagsusuri ni Eli sa espirituwal na kalagayan ng kanyang sariling sambahayan.

15:1-35: Si Saul ay nagsuri batay sa natural na karunungan sa halip na sa utos Ng Dios. Dahil dito nawala ang kaharian.

## II SAMUEL

Kabanata 12: Ang makapangyarihang espirituwal na pagsusuri ni propetang Nathan. Ang resulta nito ay pagsisisi ni David mula sa kasalanan.

Mga Kabanata 13-19: Ang kuwento ng paghihimagsik ni Absalom. Paano siya na impluwensiyahan ng kanyang kapaligiran. Tumanggi ba si David na makita ang tunay na kalagayan?

## I MGA HARI

9:1-10:29: Ano ang uri ang natural na kapaligiran ni Solomon?

11:1-43: Paano ang kapaligiran ay umapekto sa espirtuwal na kalagayan ni Solomon?

## II MGA HARI

Ang aklat na ito ay talaan ng iba't-ibang mga hari na nanguna sa bayan Ng Dios. Pansinin kung paano ang kapaligiran ay naapektuhan ng maka-Dios at masasamang mga pinuno. Paano na apektuhan ang mga tao?

## I AT II CRONICA

Ang kasaysayan ng relihiyon ng mga anak Ng Dios ay nakatala sa mga aklat na ito. Sa iyong pagbabasa ng mga aklat na ito, obserbahan kung paano ang kapaligiran ay na apektuhan ng espirituwal at masamang mga pinuno.

## EZRA

Sinuri ni Ezra ang kapaligiran ng Jerusalem at napagtanto niya ang pangangailangan na muling itayo ang Templo. Habang itinatayo, nakaharap niya ang maraming oposisyon mula sa kanyang kapaligiran. Sa pamamagitan ng espirituwal na pagkaunawa, kanyang sinuri ang bawat

situwasyon at tumugon nang nararapat. Pansinin lalo na ang kanyang pagsusuri at tugon sa mga kasalanan ng anak Ng Dios sa mga kabanata 9-10

## NEHEMIAS

Ang pagsusuri ng kapaligiran ay binigyang diin sa aklat na ito na tungkol sa pagtatayo muli ng pader sa palibot ng Jerusalem sa pangunguna ng lalaking si Nehemias. Pansining mabuti ang kanyang pagsusuri sa kalagayan ng Jerusalem sa 2:11-20. Sa buong aklat si Nehemias ay patuloy na nagsusuri ng kapaligiran at tumugon ng may pananampalataya sa harap ng negatibong mga pangyayari na maaaring makaantala sa kanyang ginagawa para Sa Panginoon.

## ESTHER

Kabanata 2: Ang resulta ng pagsusuri ni Mardocheo ay ang pagkalagay kay Esther sa tamang lugar para magamit Ng Dios.

Mga Kabanata 3-9: Sinuri ni Esther ang kalagayan at gumawa siya ng plano para maligtas ang buong bansa.

## JOB

Ang aklat na ito ay talaan ng kuwento ng taong matuwid na si Job na inatake ni Satanas sa pisikal, mental, sosyal, at espirituwal na larangan. Sinuri ni Job ang kanyang sariling kalagayan, ang kanyang mga kaibigan ay nagsuri ng mali batay sa natural na pangangatwiran, At ang pinakamatinding pagsusuri ay Sa Dios.

## MGA AWIT

1:1-3: Ang kapaligiran ng maka-Dios na tao ay sinuri.

3:6: Huwag matakot sa puwersa ng kapaligiran.

11:4-5; 14:2-3; 17:3: Sinuri Ng Dios ang lahat ng nilikha.

19:12,14; Mga Kabanata 26, 51, 69; 40:2-3; 119:59: Gumugol ng mahabang panahon si David sa pagsusuri ng kanyang sarili.

Ang mga ito ay kakaunti sa maraming halimbawa na makikita sa aklat ng Mga Awit.

Mga Kabanata 78, 105-107: Pagsusuri sa bansang Israel

115:4-8; 135: 15-18: Ang pagsusuri sa bulaang diyos-diyusan.

## MGA KAWIKAAN

Marami sa mga talata sa aklat na ito ay nagsuri at nagbabala laban sa kapaligiran ng masasama. (Tingnan ang 1:10-19; 2:10-22; 4:14-19; 7:6-27; 9:13-18.)

Mga Kabanata 5:14:7: Dapat tayong lumayo sa ibang mga kapaligiran. (Pansinin mabuti ang 5:8.)

6:6-11: Pag-aralan ang kapaligiran ng langgam at tingnan kung ano ang matututuhan.

6:27-28; 22:24-25: Ang esprituwal at natural na kapaligiran ay parehong may epekto sa atin.

20:4: Huwag mong hayaan na ang pagsusuri mo sa kapaligiran ay makapigil sa iyong paggawa.

21:2: Sinusuri Ng Dios ang ating mga puso.

21:29; 4:26: Ito ay personal na pagsusuri, sinabi sa atin na "tingnan mo ang iyong mga gawi" at papanatagin mo ang landas ng iyong mga paa."

24:30-34: Ang bukid ng tamad ay sinuri.

27:23: "Alamin mo ang kalagayan ng iyong kawan" ang ibig sabihin nito ay dapat alam natin ang ating mga nasasakupan.

## ECLESIASTES

Ang aklat na ito ay pagsusuri ng buhay" sa ilalim ng araw" sa mundo na malayo Sa Dios. Ang may akda (Solomon) ay sinuri ang lahat ng bagay ng pangkasalukuyang mundo at nakita niya na ang lahat ay walang kabuluhan. Ang pagtatapos ng pagsusuring ito ay ibinigay sa Eclesiastes 12:13-14.

## ANG AWIT NG MGA AWIT

Ipinakita ng aklat na ito ang kaugnayan sa pagitan Ni Cristo at ng Iglesya bilang paglalarawan ng kaugnayan ng mag-asawa. Pansinin ang personal na pagsusuri ng ikakasal na babae at ang ikakasal na lalake.

## ISAIAS- DANIEL

Ang aklat ng Isaias hanggang Daniel ay tinatawag na "major prophets." Ito ay nagtataglay ng mahabang propesiya na ibinigay sa iba't-ibang bansa ng mga propeta sa ilalim ng pagkasi Ng Dios.

Pagbalik-aralan ang mga aklat na ito at pansinin ang larawan ng makasalanang kapaligiran kung saan ang mga tao ng mga bansang ito ay namumuhay. Pansinin ang mga propesiya kung paano ang plano Ng Dios tungkol sa pakikitungo sa kanila dahil sa mga makasalanang kapaligiran. Mayroon ka bang nakikita na mga bagay na ganito sa kapaligiran sa mundo ngayon?

Pansinin din ang kuwento ni Daniel at ang kaniyang tatlong mga kaibigan sa kabanata 1-3 at 6. Hindi nila pinahintulutan ang makasalanang kapaligiran na umepekto sa kanilang espirituwal na kaugnayan Sa Dios.

## OSEAS-MALAKIAS

Ang mga aklat ng Oseas hanggang Malakias ay tinatawag na "minor prophets" dahil ang mga ito ay maikli, hindi dahil ang kanilang mensahe ay hindi gaanong mahalaga.

Ang mga propetang ito ay kinasihan Ng Dios, suriin ang kapaligiran ng iba't-ibang bansa. Pagbalik- aralan ang mga aklat na ito, pansinin ang larawan ng makasalanang kapaligiran ng mga bansang ito at paano ang plano Ng Dios na pakikitungo sa kanila dahil dito? Mayroon ka bang nakikita na mga bagay na ganito sa kapaligiran sa mundo ngayon? Pansinin ang Amos 4:6-13 na nagpapaliwanag kung paano ginamit Ng Dios ang kapaligiran para pakitunguhan ang Kanyang sariling bayan. Kung sila ay tumugon ng tama at sinuri ang kanilang kapaligiran at nagsisi, maaaring patawarin at pagalingin sila Ng Dios.

## IPAGPATULOY ANG IYONG PAG-AARAL …

Ang maikling pagbabalik-aral ng Lumang Tipan ay naglalarawan ng kahalagahan ng pagkaunawa at tamang pagtugon sa kapaligiran . Ang mga anak Ng Dios…

> … Ay natalo nang kanilang sinuri ang kapaligiran ng may takot at walang pananampalataya o nang nabigo sila sa pagsusuri.
>
> … Nanalo ng dakilang pagkapanalo nang kanilang sinuri ang kapaligiran ng may espirituwal na pagkauna.
>
> … Pinahintulutan nila ang kanilang kapaligiran na espirituwal na maimpluwensiyahan sila ng positibo o negatibo.
>
> … Naapektuhan ang kanilang kapaligiran na kanilang tinitirhan, trabaho, at ministeryo.
>
> … Kumilos kung ano ang kultura ng kanilang kapaligiran para maabot at matupad ang plano Ng Dios.

Marami pang ibang halimbawa ng pagsusuri ng kapaligiran sa Lumang Tipan. Ipagpatuloy ang pag-aaral at palawakin ang aralin na ito sa iyong personal na mga talaan ng paksa.

# IKA-APAT NA KABANATA

# ANG BATAYAN SA BIBLIA: BAGONG TIPAN

**MGA LAYUNIN:**

Pagkatapos pag-aralan ang kabanatang ito ikaw ay maykakayahan na:

- Kilalanin ang halimbawa sa Bagong Tipan ng pagsusuri ng kapaligiran.

## PAMBUNGAD

Sa huling kabanata iyong pinag- aralan ang batayan mula sa Biblia ng pagsusuri ng kapaligiran sa Lumang Tipan. Sa araling ito, iyong pagbabalik-aralan ang batayan sa Bagong Tipan.

(Katulad ng sa huling kabanata, dahil sa paraan ng pag-aaral na ginamit sa aralin na ito walang "Susing Talata," "Pansariling Pagsusulit," o "Dagdag Na Pag-aaral na bahagi ang kabanatang ito.)

Narito ang ilan sa mga halimbawa ng pagsusuri ng kapaligiran sa Bagong Tipan:

## ANG EBANGHELYO

### Mateo, Marcos, Lucas, At Juan

Ang Ebanghelyo ay magkakapareho ang talaan ng pangyayari sa kapaligiran ng panahon ng ministeryo Ni Jesus at ng Kanyang paggamit sa pagsusuri ng kapaligiran. Dahil dito, ang mga aklat na ito ay magkakasama. Ituon ang pansin sa ministeryo Ni Jesus sa Ebanghelyo. Pansining mabuti kung paano Si Jesus…

> … Suriin ang kapaligiran para kilalanin at maabot ang mga pangangailangan ng mga tao.
>
> … Suriin ang mga tanong ng mga umuusig sa Kanya para Siya ay maisahan.
>
> … Suriin ang pag-iisip at mga kilos ng mga tao. (Halimbawa, ang batang lalake na hindi tumugon sa tawag ni Jesus dahil sa kayamanan; ang motibo at plano ni Judas; ang tunay na antas ng pagtatalaga ni Pedro, at iba pa.)
>
> … Suriin ang pangkasalukuyang kalagayan ng lunsod kung saan Siya nagministeryo. ( Halimbawa, tingnan ang Mateo 23:37-39; Lucas 13:34-35; at Mateo 11:21-24.)

Ang Ebanghelyo ay nagbigay ng pagsusuri ng kapaligiran ng relihiyon sa panahon Ni Cristo. Ano ang ipinahayag tungkol sa mga pinuno ng relihiyon batay sa mga impormasyon na ibinigay tungkol sa mga Escriba. Pariseo, at mga Saduseo?

Narito ang ilan sa mga karagdagang mga reperensiya tungkol sa pagsusuri ng kapaligiran:

Mateo 7:15-20: Paano magsuri ng tunay at huwad na mga ministeryo.

Mateo 13: Pagsusuri sa handang tumugon na mga lupain.

Mateo 10:5-15; Marcos 6:10-11: Suriin ang kapaligiran sa kung ikaw ay nagmiministeryo at tumugon ng naaayon.

Marcos 13:5-37: Isang pagsusuri ng panghinaharap na kalagayan sa mundo.

Lucas 14:7-14, 28:32: Mga halimbawa ng kahalagahan ng pagsusuri ng kapaligiran.

## MGA GAWA

2:41-47; 5:42: Ang mga talatang ito ay nagsusuri ng espirituwal na kapaligiran ng unang Iglesya sa Jerusalem.

6:1-6: Ang pagsusuri ng kalagayan na nagresulta sa pagpili ng unang mga diakono.

6:7: Isang pagusuri sa Jerusalem.

8:17-24: Ang pagsusuri ni Pedro sa lalaking si Simon.

10:34-11: 18: Ang pagusuri ni Pedro Sa Dios at paggawa kasama ang mga Gentil.

11;27-30: Isang pagsusuri sa kalagayan ng Juda.

Mga Kabanata 13-28: Sa mga kabanatang ito, si Pablo ay bumisita sa maraming mga lunsod at nagministeryo sa maraming iba't-ibang uri ng mga grupo. Pansinin ang pagsusuri ni Pablo at ibagay ang Ebanghelyo sa iba't-ibang mga kapaligiran.

Kabanata 27: Dalawang magkasalungat na pagsusuri at ang mga resulta.

## MGA TAGA ROMA

1:7-8: Sinuri ni Pablo ang mga mananampalataya na mga Romano. Ano ang tatlong bagay na sinabi niya tungkol sa kanila?

1:21-32: Isang paglalarawan ng kapaligiran ng masamang tao na hindi nakaabot sa kaluwalhatian Ng Dios.

3:9-19, 23; 5:12: Pagsusuri ng mundo na walang Dios.

10:1-3,21: Pagsusuri sa bansang Israel.

11:2-4: Ang pagsusuri ni propetang Elias ay pinagbalik-tanaw.

16:17-18: Ang pagsusuri na naging sanhi ng pagkakabaha-bahagi ng Iglesya.

## I MGA TAGA CORINTO

Kabanata 8: Sinuri ni Pablo ang bulaang dios ( diyus-diyusan).

9:19-22: Personal na pagsusuri ni Pablo.

10:27-33: Suriing mabuti ang iyong kapaligiran. Huwag mong saktan ang damdamin ng iba sa pamamagitan ng iyong mga kilos.

16:8-9: Ang pagsusuri ng lunsod ng Efeso.

## II MGA TAGA CORINTO

1:8-9: Ang pagsusuri sa Asia.

2:12-13; 7:5; 8:1-15; 11:9: Ang pagsusuri sa Macedonia.

4:7; 5:17: Ang pagsusuri sa mga mananampalataya Ni Cristo.

9:1-4: Pagsusuri sa Achaia.

Sinuri ni Pablo ang Iglesya sa Corinto sa mga aklat ng I at II Corinto. Ano ang iyong natutuhan tungkol sa Iglesya mula sa kanyang pagsusuri?

## MGA TAGA GALACIA

1:6-7; 3:1-5; 4:9-20; 5:1,7-8; 6:15: Ano ang ipinahayag tungkol sa Iglesya sa Galacia base sa impormasyon na ibinigay sa mga talatang ito?

1:4: Ang pagsusuri sa pangkasalukuyang mundo.

1:11-2:21: Isang pagsusuri sa sarili ni Pablo.

Kabanata 3: Ang pagsusuri kay Abraham.

5:16-21; 6:7-8: Pagsusuri sa isang buhay na pinangungunahan ng laman.

5:22-26: Pagsusuri ng buhay na pinangungunahan ng Espiritu Ng Dios.

6:3: Maging maingat kung paano mo suriin ang iyong sarili!

## MGA TAGA EFESO

1:3: Pagsusuri ni Pablo sa espirituwal na mga pagpapala Kay Cristo na nasa mga mananampalataya. Kanyang kinilala ang mga ito sa aklat ng Efeso. Gumawa ng talaan ng mga ito, base sa pagsusuri ni Pablo sa mga kabanatang ito.

2:1-3, 11-12: Pagsusuri kung ano tayo sa "nakaraan na panahon" bago natin nakilala Ang Panginoon.

3:7-8; 4:1; 6:19-20: Isang personal na pagsusuri ni Pablo.

4:3-6: Pagsusuri ng isang tunay na Katawan Ni Cristo.

4:11-16: Isang pagsusuri ng mga pakay ng espirituwal na mga kaloob.

4:17-5:9: Pag-aralan ang pagsusuri ng ating pag-uugali sa "nakaraan na panahon." Ihambing ito sa mga panuto para sa ating pag-uugali bilang mga mananampalataya.

6:11-18: Ano ang ipinahahayag ng pagsusuring ito tungkol sa ating tunay na espirituwal na kalaban?

## MGA TAGA FILIPOS

1:12-14, 19: Pagsusuri ni Pablo sa kanyang kalagayan.

1:15-18: Ang pagsusuri sa iba't-ibang motibo sa ministeryo.

1:20-25: Pagsusuri sa pakinabang ng buhay at kamatayan.

2:5-8: Ang pagsusuri sa isipan Ni Jesus.

2:25-30: Pagsusuri ni Pablo sa kanyang kaibigan, na si Epafrodito.

3:3-14: Personal na pagsusuri ni Pablo.

3:18-21: Ang pagsusuri sa kalaban ng krus.

4:11-13: Paano sinuri at hinarap ni Pablo ang kanyang mga kalagayan.

4:14-18: Ano ang iyong matututuhan tungkol sa Iglesya sa Filipos base sa impormasyon na ibinigay ni Pablo sa mga talalatang ito?

## MGA TAGA COLOSAS

Sa Iglesya sa Colosas ay may grupo ng nagpapanggap na mga mananampalataya na nagdala ng maling mga katuruan. Ano ang sinasabi ng pagsusuri ni Pablo tungkol sa kalagayan sa Iglesya sa Colosas? Paano ang kanyang pagsusuri ay nakatulong sa kanyang pakikitungo sa kalagayan doon? Ano ang mga utos ni Pablo na ibingay para itama ang kalagayan at mabantayan ang maling doktrina?

## I AT II MGA TAGA TESALONICA

Ano ang iyong matututuhan base sa mga impormasyon tungkol sa Iglesya na ibingay sa mga aklat na ito? Ano ang ilan sa mga mabubuting bagay tungkol sa mga kongregasyon na ito na pinuri ni Pablo? Sa anong bahagi kailangan ng pagsulong?

## I KAY TIMOTEO

Ang I at II Timoteo ay parehong naisulat para sa isang batang pastor na si Timoteo. Basahin ang parehonog mga aklat at obserbahan kung ano ang pagsusuri ni Pablo bilang kinakailangan na katangian para maging matagumpay na pastor ng ebanghelyo.

1:4-7: Ang pagsusuri kung paano ang isang tao ay natinag mula sa tunay na Ebanghelyo.

1:8-10: Ang pagsusuri sa pakay ng mga utos.

1:11-16; 2:7: Isang pansariling pagsusuri ni Pablo.

1:18-20: Ano ang iyong matututuhan tungkol kina Himeneo at Alejandro mula sa pagsusuri na ibingay ni Pablo sa mga talatang ito?

3:1-13: Ang pagsusuri sa mga kinakailangan sa mga pinuno ng iglesya.

4:1-5: Ang pagsusuri ng kalagayan sa huling mga panahon.

4:6-6:21: Pag-aralan ang pagsusuri ni Pablo ng mga bagay para si Timoteo ay maging mabuting pastor Ng Dios.

## II KAY TIMOTEO

1:5-6, 13-14; 3:15: Base sa mga impormasyon na ibinigay sa mga talatang ito, ano ang iyong matututuhan sa kapaligiran ni Timoteo?

1:11-12; 2:9-10; 3;10-11; 4:6-8, 18: Isang pansariling pagsusuri ni Pablo.

1:15-18: Ang pagsusuri ng kalagayan sa Asia, at ng isang lalaki na si Onesiforo.

3:1-9, 13; 4:3-5: Ang pagsusuri sa huling mga panahon.

3:16-17: Ang pagsusuri sa mga pakay ng Salita Ng Dios.

4:9-17: Ang pagsusuri sa iba't-ibang mga tao na may kaugnayan kay Pablo.

## KAY TITO

Ang aklat ng Kay Tito ay isinulat din sa isang batang pastor. Sa pagsusuri ni Pablo ano ang kinakailangan para maging matagumpay na pastor ng Ebanghelyo? Sa karagdagan, pag-aralan din ang mga talatang ito:

1:9-16; 3:10-11: Ang pagsusuri sa hindi makaDios na tao.

3:3-7: Ang pagsusuri kung "saan" tayo inihambing at kung ano "tayo ngayon" Kay Cristo?

## KAY FILEMON

Basahin ang maikling aklat na may isang kabanata. Maaari mo bang masuri ang kalagayan na hinaharap ni Pablo base sa mga impormasyon na ibinigay sa mga talatang ito?

## SA MGA HEBREO

Mga Kabanata 3-4: Ang pagsusuri kung bakit ang Israel ay hindi makapasok sa mabuting mga bagay Ng Dios.

5:12-14: Ang pagsusuri sa mga mananampalataya na hindi bihasa sa Salita Ng Dios.

Kabanata 7: Ang pagsusuri sa buhay na nakikipaglaban sa laman.

Kabanata 8: Isang paghahambing na pagsusuri ng buhay sa Espiritu.

Kabanata 11: Ang pagsusuri ng pananampalataya at ang kahalagahan nito sa buhay ng dakilang mga lalake at babae Ng Dios.

Kabanata 12: Ang pagsusuri sa pakay ng pagpaparusa.

Ang aklat ng Hebreo ay nagpapakita ng luma at bagong tipan Ng Dios sa tao, ang pagsusuri ng mga iba't-ibang plano ng Kanyang kaugnayan sa tao.

## SANTIAGO

1:6-8: Ang pagsusuri ng nag-aalinlangan na tao.

1:12-14: Ang pagsusuri sa kapaligiran na may pagtukso.

1:17: Ang pagsusuri ng pinanggagalingan ng mabuting mga kaloob.

1:27: Ang pagsusuri ng pangunahin ng tunay na relihiyon.

2:1-9: Ang maling paggamit ng pagsusuri.

2:20-24: Isang personal na pagsusuri kay Abraham.

2:25-26: Isang personal na pagsusuri kay Rahab.

3:1-13: Isang nakakatakot na pagsusuri sa ating sariling dila na umaapekto sa ating kapaligiran.

3:14-16: Ang pagsusuri sa kapaligiran na kung saan ang pagkalito ay nakita.

4:1-3: Ang pagsusuri sa kalagayan na nagdulot ng mga pagbabaka at labanan.

5:1-6: Ang pagsusuri ng mayaman na tao.

5:16-18: Isang personal na pagsusuri kay Elias.

## I NI PEDRO

Si Pedro ay nakikitungo sa kapaligiran na nagdurusa sa mga kabanatang ito. Ano ang ipinahahayag ng kanyang pagsusuri sa pakay, resulta, at tamang asal ng mga mananampalataya sa ganitong kapaligiran? Basahin muli ang aklat at pansinin ang mga panuto na ibinigay sa mga mananampalataya para magkaroon ng tamang kapaligiran sa Iglesya sa pamamagitan ng mabuting pamumuhay.

## II NI PEDRO

Mga Kabanata 2-3: Isang pagsusuri sa isang tao na manlilinlang. Paghambingin ang pagsusuri ni Pedro sa pagsusuri ni Judas.

## I NI JUAN

Si Juan ay nagtala ng maraming paraan para suriin mo ang iyong sarili kung tunay na kilala mo Ang Dios. Basahin ang buong aklat ng I ni Juan at isulat ang mga ito.

1;6-10: Ang kahalagahan ng pansariling pagsusuri.

2:15-17; 5:19: Ang pagsusuri ng mundo.

2:18-19: Paano masusuri at makikilala ang espiritu ng anti- Cristo.

4:1-6: Suriin ang mga espiritu base sa mga panutong ito.

5:4: Paano magtatagumpay sa anumang kapaligiran.

## II NI JUAN

Talatang 4: Ang pasusuri sa mga mananampalataya sa kanyang sinusulatan.

Talatang 7-11: Ang pagsusuri sa manlilinlang.

## III NI JUAN

Mga Talatang 1,3-8: Ang pagsusuri sa lalaking si Gayo.

Mga Talatang 9-12: Ang pagsusuri sa pagkakaiba ng halimbawa nina Demetrio at Diotrefes.

## JUDAS

Talatang 4: Ang pagsusuri sa “ilang mga tao” ay nagsimula, kung saan nakatuon ang buong kabanata. Ano ang iyong natutuhan tungkol sa mga taong ito mula sa pag-aaral ng kabanatang ito?

Talatang 5: Ang pagususri sa Egipto.

Talatang 6: Ang pagsusuri sa masamang mga anghel.

Talatang 7: Ang pagsusuri sa Sodom at Gomorrah.

## APOCALIPSIS

Ang aklat ng Apocalipsis ay pagsusuri ng kalagayan sa mundo sa panahon ng huling mga araw na ating alam sa ngayon. Basahin ang aklat at pansinin ang mga kalagayan na ito.

Mga Kabanatang 2-3: Ang pagsusuri sa kapaligiran ng pitong mga iglesya sa Asia. Nakikita mo ba ang mga katangian na ito sa makabagong Iglesya?

Mga Kabanatang 21-22: Ang pagsusuri ng kapaligiran ng bagong Langit at mundo na lilikhain Ng Dios.

# IKA-LIMANG KABANATA

# PERSONAL NA PAGSUSURI NG KAPALIGIRAN

**MGA LAYUNIN:**

Pagkatapos pag-aralan ang kabanatang ito ikaw ay maykakayahan na:

- Isulat ang Susing Talata mula sa memorya.
- Ibigay ang kahulugan ng "pansariling pagsusuri ng kapaligiran."
- Ipaliwanag kung ano ang kasama sa personal na pagsusuri ng kapaligiran.
- Kilalanin ang mga pakay ng personal na pagsusuri ng kapaligiran.
- Gawin ang personal na pagsusuri ng kapaligiran.
- Gamitin ang mga resulta ng iyong pagsusuri para matupad ang iyong ministeryo

**SUSING TALATA:**

> **Siyasatin ninyo ang inyong sarili, kung kayo'y nangasa pananampalataya; subukin ninyo ang inyong sarili. Hindi baga ninyo nalalaman sa ganang inyong sarili, na si Jesucristo ay nasa inyo? Maliban na nga kung kayo'y itinakuwil na. (II Corinto 13:5)**

## PAMBUNGAD

Nakatanggap ka na ng pambungad sa pagsusuri ng kapaligiran at siniyasat ang batay ayon sa Biblia. Sa kabanatang ito iyong sisimulan ang mga serye ng mga aralin na nagpapaliwanag kung paano ang pagsusuri ng iba't-ibang mga kapaligiran. Siguruhin na mabuo ang bawat pag-aaral bago ipagpatuloy ang susunod habang ang mga aralin ay naitatayo sa isa pang aralin. Sa aralin na ito iyong matututuhan kung paano gumawa ng personal na pagsusuri ng kapaligiran.

## PANSARILING PAGSUSURI NG KAPALIGIRAN

Ang personal na pagsusuri ng iyong kapaligiran ay pag-aaral ng iyong sariling kapaligiran. Kasama dito ang pagsusuri ng bawat bahagi ng iyong buhay kasama ang mga kaugnayan at ang iyong pisikal , pinag-aralan, pinansiyal, at espirituwal na kapaligiran.

## ANG PAKAY NG PERSONAL NA PAGSUSURI

Narito ang mga pakay ng personal na pagsusuri:

**PARA ALAMIN ANG IYONG ESPIRITUWAL NA KALAGAYAN:**

Sinasabi ng Biblia na dapat mong suriin ang iyong sarili para malaman ang iyong sariling espirituwal na kalagayan:

**Siyasatin ninyo ang inyong sarili, kung kayo'y nangasa pananampalataya; subukin ninyo ang inyong sarili… (II Corinto 13:5)**

**Datapuwat siyasatin ng tao ang kaniyang sarili… (I Corinto 11:28)**

Dapat mong suriin ang iyong sarili ayon sa iyong "pananampalataya." Ang ibig sabihin nito ay pagsusuri sa iyong espirituwal na kalagayan base sa Salita Ng Dios. "Subukin" ay isa pang salita para sa pagsisiyasat. Sinasabi ng Biblia :

**Subukin ninyo ang lahat ng mga bagay, ingatan ninyo ang mabuti. (I Tesalonica 5:21)**

Kasama ng pagsisiyasat sa sarili ang pagsusuri ng espirituwal na bahagi ng iyong buhay, ngunit kasama rin sa pagsusuri ng praktikal na mga bahagi. Kasama rito ang mga bagay na katulad ng pisikal na kalagayan, pinansiyal, edukasyon, at iba pa. Dapat mong "subukin" o siyasatin ang "lahat ng mga bagay" sa iyong buhay.

Ang tao ay may katawan, kaluluwa, at espiritu. Kung ano ang nangyayari sa katawan ay na aapektuhan ang espirituwal na kalagayan. Ang kalagayan ng kaluluwa at espiritu ay maaaring makaapekto sa espirituwal na katawan. Ito ang dahilan kung bakit iyong sisiyasatin ang "lahat ng mga bagay."

Mahalaga rin na siyasatin ang bawa't bahagi ng buhay dahil ang praktikal na alalahanin ng buhay ay maaaring makasagabal sa plano Ng Dios para sa iyo. Ang mga bagay sa mundo ay maaaring makaantala sa gawa ng Salita Ng Dios sa iyong buhay:

**At ang mga pagsusumakit na ukol sa sanglibutan, at ang daya ng mga kayamanan, at ang mga pita sa ibang mga bagay na nagsisipasok, ang nagsisiinis sa salita, at ito'y nagiging walang bunga. (Marcos 4:19)**

Ang praktikal na mga alalahanin ay makaaantala sa pamumungang espirituwal:

**At ang nahulog sa dawagan, ay ito ang nangakinig, at samantalang sila'y nagsisiyaon sa kanilang lakad ay iniinis sila ng mga pagsusumakit at mga kayamanan at mga kalayawan sa buhay na ito, at hindi nangagbubunga ng kasadlakan. (Lucas 8:14)**

Ang pagsangkot sa mga detalye ng pamumuhay ay maaaring makaantala sa espirituwal na pakikipaglaban:

**Sinomang kawal na nasa pagkakawal ay hindi nahalubilo sa mga bagay ng buhay na ito; upang siya'y kalugdan niyaong nagtala sa pagkakawal. (II Timoteo 2:4)**

Ang mga praktikal na alalahanin ng buhay ay maaaring makapanaig sa iyo at dahil dito hindi ka makapaghahanda para sa pagparito Ng Panginoon:

**Datapuwat mangagingat kayo sa inyong sarili, baka mangalugmok ang inyong mga puso sa katakawan, at sa kalasingan, at sa mga pagsusumakit ukol sa buhay na ito, at dumating na bigla sa inyo ang araw na yaon na gaya ng silo: (Lucas 21:34)**

Ang ibig sabihin ng "datapuwa't mangagingat kayo sa inyong sarili"ay siyasatin ang iyong sarili para makasiguro na ang bawa't bahagi ng iyong buhay ay handa para sa pagparito Ng Panginoon.

**PARA KILALANIN ANG IYONG ESPIRITUWAL NA KAHINAAN:**

Ang pagunlad ng sarili ay hindi ang pakay para kilalanin ang iyong kahinaan. Basahin ang Roma kabanata 7 para makita kung paano si Pablo ay nagsumikap at siya ay nabigo. Hindi ka makagagawa sa iyong sarili lamang para mabago ang iyong mga kahinaan.

Ang pakay ng pagkilala sa iyong kahinaan ay para hayaan kang makipagkaisa sa proseso Ng Dios ng pagbabago sa iyong buhay. Ang pagbabago ay nagsisimula sa karanasan ng bagong kapanganakan:

**Sapagkat nagsisilakad kami sa pamamagitan ng pananampalataya, hindi sa pamamagitan ng paningin. (II Corinto 5:17)**

Ang pagbabago ay nagpapatuloy sa pagamin ng iyong mga kasalanan at mga kahinaan at tanggapin ang kapatawaran Ng Dios:

**Muli, isang bagong utos ang isinulat ko sa inyo; sapagkat ang kadiliman ay lumilipas, at ang tunay na ilaw ay lumiliwanag na.**

**Ang nagsasabing siya'y nasa liwanag at napopoot sa kaniyang kapatid ay nasa kadiliman pa hanggang ngayon. (I Juan 1:8-9)**

Ikaw ay mababago habang ikaw ay nakikipagkaisa sa proseso Ng Dios ng pagbabago sa iyo sa pamamagitan ng mga pagkakataon ng buhay:

**At nalalaman natin na ang lahat ng mga bagay ay nagkakalakip na gumagawa sa ikabubuti ng mga nagsisiibig sa Dios, sa makatuwid baga'y niyaong mga tinawag alinsunod sa kaniyang nasa.**

**Sapagkat yaong mga nang una pa'ykaniyang nakilala, ay itinalaga naman niya na maging katulad ng larawan ng kaniyang Anak… (Roma 8:28-29)**

Ang "lahat ng mga bagay," ang mabuti at masamang mga pangyayari ng buhay, ay ginagamit ng Dios para ikaw ay makatulad sa wangis Ni Jesus. Ikaw ay nagbabago habang ikaw ay umaayon sa pamantayan Ng Dios sa halip na pamantayan ng mundo:

**Kaya nga mga kapatid, ipinamamanhik ko sa inyo, alangalang sa mga kahabagan ng Dios, na inyong iharap ang inyong mga katawan na isang**

**haing buhay, banal, na kaayaaya sa Dios, na siya ninyong katampatang pagsamba.**

**At huwag kayong magsiayon sa sanglibutang ito: kundi magiba kayo sa pamamagitan ng pagbabago ng inyong pagiisip, upang mapatunayan ninyo kung alin ang mabuti at kaayaaya at lubos na kalooban ng Dios. (Roma 12:1-2)**

Ang pagbabago ay nangyayari lamang sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo. Si Pablo ay nabigo sa pansariling pag-unlad sa Roma kabanata 7. Siya ay nagtagumpay sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo. Ang kanyang tagumpay ay nakasulat sa Rona kabanata 8. Ito ang dahilan ng pag-uulat ni Pablo:

**At siya'y nagsabi sa akin, ang aking biyaya ay sapat na sa iyo: sapagkat ang aking kapangyrihan ay nagiging sakdal sa kahinaan. Kaya't bagkus akong magmamapuri na may malaking galak sa aking kahinaan upang manahan nawa sa akin ang kapangyarihan. (II Corinto 12:9-10)**

Kinilala ni Pablo ang kanyang mga kahinaan. Ngunit hindi niya hinayaan na ito ay makapagpahina ng kanyang loob. Kanyang napagtanto ang kapangyarihan Ng Dios na makapagbabago ng mga kahinaan na ito. Kung hindi mo kikilalanin ang iyong kahinaan at makipagkaisa sa proseso Ng Dios sa pagabago ng iyong buhay, ikaw ay patuloy na mabibigo ng paulit-ulit.

## PARA KILALANIN ANG IYONG ESPIRITUWAL NA MGA KALAKASAN:

Ikaw ay hindi mabisa sa ministeryo sa pamamagitan ng pagtuon sa iyong mga kahinaan. Ikaw ay mabisa sa pagbibigay diin sa espirituwal na mga kalakasan na ibinigay sa iyo Ng Dios. Sa talinghaga ng mga talento sa Mateo 25:14-30, ang bawa't alipin ay dapat ipako ang isipan kung ano ang nasa kanya, hindi kung ano ang wala siya.

Iyong kilalanin ang iyong espirituwal na mga kalakasan para sa layunin ng ministeryo, hindi lamang sa kaluwalhatian ng iyong kakayahan. Ang bawa't kalakasan na mayroon ka ay ibinigay Ng Panginoon, katulad ng nasa talinghagang ito. Bilang alipin sa talinghagang ito , ikaw ang may responsabilidad na gamitin ang espirituwal na mga kalakasan, mga talento, at kakayahan para sa kaluwalhatian Ng Dios.

Tandaan mo rin na gaano man karami ang iyong mga kalakasan na iyong makikilala palaging mayroong lugar sa pag-unlad. Nasuri ni Pablo ang kanyang mga kalakasan ngunit sinabi na siya ay nabuhay…

**Hindi sa ako'y nagtamo na, o ako'y nalubos na: kundi nagpapatuloy ako, baka sakaling maabot ko yaong ikinaaabot naman sa akin ni Cristo Jesus.**

**Mga kapatid, hindi ko pa inaaring inabot: datapuwa't isang bagay ang ginagawa ko, na nililimot ang mga bagay na nasa likuran, at tinutungo ang mga bagay na hinaharap.**

**Kaya nga, kung ilan tayong mga sakdal, ay magisip na gayon: at kung sa anoma'y nangagkakaiba kayo ng iniisip ay ipahahayag naman ito sa inyo ng Dios. (Filipos 3:12-15)**

Habang iyong nakikilala ang iyong espirituwal na mga kalakasan, tandaan na ang tagumpay ay hindi nasusukat sa pamamagitan ng kung ano ka. Ito ay sinusukat kung ano ka inihambing sa kung paano ka magiging sa harapan Ng Dios. Ang susing mensahe ng aklat ng Job sa Biblia ay kahit nga ang matuwid na tao ay makikinabang sa dagdag na karanasan Sa Dios.

**PARA KILALANIN ANG ESPIRITUWAL NA MGA KALOOB:**

Ang espirituwal na mga kaloob ay natatanging kakayahan na ibinigay Ng Espiritu Santo para magawa ang ministeryo. Ang paksa ay napakahalaga kaya ang Harvestime International Institute ay naglaan ng buong manwal para dito.

Ang kursong *"Ministeryo ng Espiritu Santo"* ay detalyeng ipinaliwanag ang espirituwal na mga kaloob. Kung hindi mo nauunawaan ang espirituwal na mga kaloob o hindi mo pa alam ang mga kaloob na ibinigay sa iyo Ng Dios, ang kursong ito ay makatutulong sa bahaging ito ng espirituwal na pag-unlad.

Itinuturo ng Biblia na ang bawa't mananampalataya ay mayroon kahit isang espirituwal na kaloob ( I Corinto 12;4-11) at ikaw ang may responsabilidad na tuklasin at paunlarin ang iyong mga kaloob (II Timoteo 1:6).

Narito ang talaan ng mga espirituwal na mga kaloob:

**Natatanging mga Kaloob:**

-Mga Apostol
-Mga Propeta
-Mga Ebanghelista
-Mga Pastor
-Mga Guro

**Kaloob ng Pagsasalita:** Ang mga kaloob na ito ay nagpapaliwanag ng katotohanan Ng Dios:

-Propesiya
-Pagtuturo
-Pangangaral
-Salita Ng Karunungan
-Salita Ng Katalinuhan

**Paglilingkod na mga Kaloob:** Ang mga kaloob na ito ay para magawa ang gawa Ng Dios.

-Paglilingkod
-Pagtulong
-Pangunguna
-Pangangasiwa

-Pagbibigay
-Paggawa ng Kagandahang loob
-Pagkilala sa mga Espiritu
-Pananampalataya
-Mabuting Pagtanggap sa bisita.

**Palatandaan na mga Kaloob:** Ang mga kaloob na ito ay nagtatatag ng kapangyarihan Ng Dios

-Pagsasalita ng ibang Wika
-Pagbibigay ng Kahulugan
-Himala
-Pagpapagaling

## PARA KILALANIN ANG IYONG LUGAR SA MINISTERYO:

Ang pagkilala sa iyong espirituwal na mga kaloob ang unang hakbang para matagpuan ang iyong lugar sa ministeryo. Pagkatapos mong matuklasan ang iyong mga kaloob, dapat mong matagpuan kung saan nais Ng Dios na gamitin ang mga ito sa Katawan Ni Cristo.

Basahin ang I Corinto 12 sa iyong Biblia. Ang kabanatang ito ay nagpapaliwanag kung paano ang Iglesya ay katulad ng isang katawan ng tao. Kung paano ang bawa't bahagi ng katawan ay mayroong natatanging tungkulin, gayundin naman sa bawa't kaanib ng Katawan Ni Cristo. Para maging mabisa, dapat mong madiskubre ang iyong lugar sa minsiteryo sa Katawan Ni Cristo. Para ma diskubre ang kalooban Ng Dios, dapat mong ihandog ang iyong sarili bilang hain na magagamit sa kung ano ang nakikita Niya na dapat gawin.

> **Kaya nga mga kapatid, ipinamamanhik ko sa inyo, alangalang sa mga kahabagan ng Dios, na inyong iharap ang inyong mga katawan na isang haing buhay, banal, na kaayaaya sa Dios, na siya ninyong katampatang pagsamba.**
>
> **At huwag kayong magsiayon sa sanglibutang ito: kundi magiba kayo sa pamamagitan ng pagbabago ng inyong pagiisip, upang mapatunayan ninyo kung alin ang mabuti at kaayaaya at lubos na kalooban ng Dios.**
> **(Roma 12:1-2)**

Dapat mong madiskubre ang iyong mga espirituwal na kaloob, suriin ang iyong espirituwal na mga kalakasan at mga kahinaan, at subukin o siyasatin ang kalooban Ng Dios sa iyong buhay. Ang ( Harvestime International Institute ay may kurso na "*Pagkilala Sa Tinig Ng Dios"* na makatutulong sa iyo sa prosesong ito.)

Ang isa sa mga kasalanan ng laman sa Galacia 5:20 ay " pagtutulad." Ang ibig sabihin ng "pagtutulad" ay tularan ang iyong sarili sa isang tao at gayahin ito. Hindi nais Ng Dios na tularan mo ang ministeryo ng iba. Nais Niya na madiskubre mo ang iyong sariling lugar sa paglilingkod, ang ministeryo na plano Ng Dios para sa iyong buhay:

**Ngunit siyasatin ng bawat isa ang <u>kaniyang sariling gawa</u>, at kung magkagayon ay magkakaroon siya ng kaniyang kapurihan tungkol sa kaniyang sarili lamang, at hindi tungkol sa kapuwa. (Galacia 6:4)**

## PARA MAGBALANGKAS NG PLANO PARA MATUPAD ANG IYONG MINISTERYO:

Ang tamang pagsusuri ng iyong espirituwal na kalagayan, mga kalakasan, mga kahinaan, at espirituwal na mga kaloob ay nagaakay para madiskubre ang iyong lugar sa Katawan Ni Cristo. Ito ay patnubay sa kapahayagan ng iyong lugar sa ministeryo.

Ngunit ang pagkaalam ng iyong lugar ay hindi sapat. Dapat kang gumawa ng plano para matupad ang ministeryo Ng Dios para sa iyo, pagkatapos dapat mong gawin ang mga plano:

**At yaong aliping nakaaalam ng kalooban ng kaniyang panginoon, at hindi gumawa ng alinsunod sa kaniyang kalooban ay papaluin ng marami.**
**(Lucas 12:47)**

Ang personal na pagsusuri ay hindi mabisa hanggat hindi mo ginagamit ang iyong natutuhan para matupad ang iyong ministeryo

## PAANO MAGTIPON NG IMPORMASYON

### MANALANGIN:

Hilingin Sa Dios na ipahayag ang iyong espirituwal na kalagayan, mga kalakasan, kahinaan, ang iyong lugar sa Kanyang plano. Ginawa ito ni David:

**Siyasatin mo ako, Oh Panginoon, at iyong subukin ako; subukin mo ang aking puso at ang aking isip. (Mga Awit 26:2)**

### PAG-ARALAN ANG SALITA NG DIOS:

Ang Salita Ng Dios ang hindi nagbabagong pamantayan kung saan mo sisiyasatin ang iyong sarili:

**Magpakailan man, Oh Panginoon ang iyong salita ay natatag sa langit.**
**(Mga Awit 119:89)**

### GAMITIN ANG MGA KALOOB:

Ang espirituwal na mga kaloob ay maaaring makatulong sa iyong pagsusuri. Halimbawa, Ang Panginoon ay maaaring magbigay sa iyo ng pagkilala sa espiritu tungkol sa mga kahinaan mo sa iyong espirituwal na buhay o gamitin ang ibang tao na may kaloob ng pagkilala sa espiritu o salita ng katalinuhan para magministeryo sa iyo.

**HUMANAP NG PAYO MULA SA ESPIRITUWAL NA MGA PINUNO:**

Hilingin sa iyong espirituwal na pinuno para tulungan ka sa iyong pagsusuri. Ang Dios ay nagbigay ng mga pinuno para patnubayan ka. Tanungin ang iyong pinuno para suriin ang iyong espirituwal na mga kalakasan at mga kahinaan. Hilingin mo na ipanalangin ka tungkol sa iyong tiyak na bahagi ng ministeryo.

**SUMANGGUNI SA MGA NAKA SULAT NA TALAAN:**

Maaari mong gamitin ang ilan sa mga nakasulat na mga talaan sa iyong pagsusuri. Halimbawa. isang nakasulat na badyet, mga "bank statement", o talaan ng "checkbook" ay maaaring magamit sa iyong personal na pinansiyal na pagsusuri .

**GUMAWA NG PAKIKIPANAYAM:**

Mag konsulta sa malapit na kaanib ng pamilya at / o kaibigan tungkol sa iyong epirituwal na kahinaan at mga kalakasan.

**OBSERBAHAN ANG IYONG SARILI:**

Obserbahan ang iyong sarili sa iba't ibang sitwasyon ng ministeryo. Pansinin ang iyong mga kalakasan, mga kahinaan at pagiging mabisa sa paglilingkod. Anong espirituwal na mga kaloob ang nakikita?

Obserbahan ang iyong sarili sa iba't ibang tunay na situwasyon ng buhay. Paano mo hinaharap ang kagipitan o kahirapan? Nakikita ba ang espirituwal na bunga sa iyong buhay?

## PERSONAL NA PAGSUSURI NG KAPALIGIRAN

Gamitin ang sumusunod na balangkas sa paggawa ng iyong personal na pagsusuri:

## SURIIN ANG IYONG MGA KAUGNAYAN

Ang Salita Ng Dios at lahat ng buhay Kristiyano ay base sa kaugnayan. Dahil dito, mahalaga na suriin ang iyong mga kaugnayan Sa Dios at sa iba.

> **At sinabi sa kaniya, Ibigin mo ang Panginoon mong Dios ng boong puso mo, at ng boong kaluluwa mo, at ng boong pagiisip mo.**
>
> **Ito ang dakila at pangunang utos.**
>
> **At ang pangalawang katulad ay ito, Iibigin mo ang iyong kapuwa na gaya ng iyong sarili.**
>
> **Sa dalawang utos na ito'y nauuwi ang boong kautusan, at ang mga propeta. (Mateo 22:37-40)**

Suriin ang iyong kaugnayan sa mga sumusunod:

**DIOS:**

-Ikaw ba ay isang “born-again” na mananampalataya?

- Ikaw ba ay nabautismuhan sa tubig?

-Ikaw ba ay lumalakad na may “fellowship” Sa Dios? May kasalanan ka bang alam sa iyong buhay na dapat mong harapin?

-Ikaw ba ay nabautismuhan Ng Espiritu Santo?

-Regular mo ba na binabasa ang iyong Biblia?

-Paano mo mapa-uunlad ang pag-aaral ng Biblia?

-Regular ka ba na nananalangin?

-Paano mo mapa-uunlad ang buhay pananalangin mo?

-Ikaw ba ay aktibong bahagi ng isang local na Iglesya na nagtitipon?

-Nakikita ba sa buhay mo ang bunga ng Espiritu Santo? (Para sa talaan ng mga ito tingnan ang Galacia 5:22-23.)

- Sa anong bahagi ng espirituwal na kaugnayan ng iyong kaugnayan Sa Dios na iyong nararamdaman na ikaw ay bata pa at kailangan ng pag-unlad?

**SA IYONG KABIYAK:**

-Mabuti ba ang iyong kaugnayan sa iyong kabiyak? ( Nagkakasundo ba kayo ng mabuti, nag-uusap, nagkakasama, at iba pa.)

-Nananalangin ba kayo, nagaaral ng Salita Ng Dios, dumadalo ng magkasama sa Iglesya? Kung hindi, ano ang iyong magagawa para makasama ang mga gawain na ito sa inyong kaugnayan?

-Ano ang ilan sa mga kalakasan sa iyong kaugnayan sa iyong kabiyak?

-Ano ang ilan sa mga kahinaan sa inyong kaugnayan sa iyong kabiyak?

-Paano mo mapauunlad ang mga kahinaan na ito?

-Ang kaugnayan mo ba sa iyong kabiyak ay nakakasagabal sa iyong ministeryo?

- Ano ang iyong magagawa para ang iyong kaugnayan sa iyong kabiyak ay makatutulong sa halip na makasagabal sa gawain Ng Dios?

**SA IYONG PINALILINGKURAN:**

- Mabuti ba ang iyong kaugnayan sa iyong pinaglilingkuran?

- Kung hindi, paano mo mapauunlad?

- Isinasaalang-alang at iginagalang mo ba siya?

-Ginagawa mo ba ang lahat ng bagay sa iyong trabaho para Sa Dios?
( Tingnan ang I Corinto 10:31.)

**SA IYONG ANAK:**

- Mabuti ba ang iyong kaugnayan sa iyong mga anak?

- Paano mo mapauunlad ang iyong kaugnayan sa iyong mga anak?

-Maayos ba ang disiplina ng iyong mga anak?

-Sa anong bahagi hindi sila disiplinado?

-Ano ang iyong magagawa para mapaunlad ang disiplina sa mga bahaging ito?

- Tumanggap ba ang iyong mga anak Kay Jesus bilang Tagapagligtas?

- Ano ang iyong magagawa para gumawa ng pagpapasiya ang iyong mga anak ng ganito?

- Suriin ang espirituwal na paglago ng iyong mga anak na mga mananampalataya. Paano mo sila matutulungan para sa dagdag na espirituwal na pag-unlad?

-Kung ikaw ay pinuno ng Iglesya, ang sambahayan mo ba ay naaayon sa Tito 1:6 at Timoteo 3:4-5? Kung hindi, anong mga pagbabago ang kinakailangan na gawin para maabot ang ganitong pamantayan?

**SA IBANG KAANIB NG PAMILYA:**

- Nahihirapan ka ba sa ibang kaugnayan sa iyong kaanib ng pamilya?

- Ano ang iyong magagawa para mapaunlad ang kaugnayan na ito?

**ANG IBA SA KATAWAN NI CRISTO:**

-Nahihirapan ka ba sa ibang kaugnayan sa ibang mga kaanib ng Katawan Ni Cristo? Kung oo, kanino ka nahihirapan?

- Ano ang iyong magagawa para mapanumbalik ang iyong kaugnayan sa Kristiyanong kapatid mong ito? (Mga Paraan base sa Biblia sa pagpapanumbalik sa ibang mananampalataya ay ibinigay sa Mateo 18:15-17.)

**SA MGA HINDI MANANAMPALATAYA:**

-Nakikipagunayan ka ba sa mga hindi mananampalataya o pinalilibutan mo ang iyong sarili ng mga Kristiyano lamang? (Hindi mo maabot ang ibang mga nawawala kung hindi ka makikitungo sa kanila.)

- Ano ang mga hakbang na iyong magagawa sa mga hindi mananampalataya para maabot mo sila Sa Panginoon?

-Paano ka magkakaroon ng mas maraming pagkakataon na makitungo sa mga hindi mananampalataya para sa layunin ng pagbabahagi ng Ebanghelyo?

-May kaugnayan ka ba sa mga mananampalataya na hindi batay sa Biblia at nakasasakit sa iyong sariling kaugnayan Sa Dios? Kung oo, ano ang iyong magagawa para maiwasto ang kalagayan na ito?

## SURIIN ANG IYONG PISIKAL NA KALAGAYAN

- Sinasabi ng Biblia na ang iyong katawan ay templo ng Espiritu Santo Ng Dios. Dahil ang iyong katawan ay pinaninirahan Ng Dios, dapat mong pangalagaan nang tama ito ( I Corinto 3:16-17).

- Ang iyong pisikal na kalagayan ay may epekto sa iyong espiritu dahil ang tao ay katawan, kaluluwa, at espiritu. Kung hindi ka tamang pisikal na naaalagaan, ang iyong espiritu ay madaling manghina ang loob. Wala kang sigasig at lakas na gawin ang gawain Ng Dios.

- Ikaw ba ay sobra sa timbang?

- Ikaw ba ay kulang sa timbang?

-Ikaw ba ay gumagamit ng nakasasamang mga bagay, katulad ng sigarilyo, alak, at ipinagbabawal na gamot?

-Sinusubukan mo ba na kumain ayon sa iyong badyet at/o depende sa kapaligiran?

- Pirmihan ka bang nag-eehersisyo?

- Mayroon ka bang kahit anong pisikal na kalagayan na nakasasagabal sa iyong paglilingkod Sa Panginoon? Kung mayroon, ano ang maaari mong gawin tungkol dito ? (Ilang mga bagay ang maaari mong ayusin sa pamamagitan ng tamang pagkain at ehersisyo. Ang iba ay maaaring pagalingin Ng Dios.)

## SURIIN ANG ANTAS NA IYONG PINAG-ARALAN

-Ano ang iyong pangkasalukuyang antas ng pinag-aralan?

-Ano ang iyong magagawa para mapaunlad ang iyong pinag-aralan at makinabang ang gawain ng ministeryo? (Ang pag-aaral ng Harvestime International Institute na mga kurso ay isang paraan!)

(Huwag manghina ang iyong loob kung hindi ka nagkaroon ng pagkakataon na makapag-aral ng husto. Pinili Ni Jesus ang karaniwang mga tao katulad ng mangingisda at ginamit sila ng maykapangyarihan sa ministeryo. Kung mayroon kang pagkakataon na mapaunlad ang iyong pinag-aralan at iyong nadarama na ito ay plano Ng Dios para sa iyo, hinihikayat ka namin na gawin mo.)

## SURIIN ANG IYONG PANANALAPI

-Pirmihan ka ba na nag-iikapo? ( Ang ikapo ay 10% ng lahat na salapi na iyong tinatanggap mula sa Dios. Ito ay galing sa prinsipyo ng Biblia.)

-Ikaw ba ay nagbibigay ng handog karagdagan sa iyong ikapo?

-Ano ang kabuuang halaga ng iyong pagbibigay sa Iglesya noong nakaraang taon?

-Gaano ka karami nagbibigay sa pagmimisyon?

-Ano ang maaari mong ayusin sa iyong pamatayan ng pamumuhay para makapagbigay ng mas marami sa gawain Ng Panginoon??

-Ikaw ba ay may utang? Kung oo, ano ang iyong magagawa para mawala ang iyong utang?

-Mayroon ka bang magandang patotoo tungkol sa iyong pamamahala ng iyong pananalapi, paglaan sa iyong pamilya, pagbabayad ng mga bayarin, at iba pa?

-Kung hindi, paano mo maiaayos ang bahaging ito?

-Ikaw ba ay sobrang nag-aalala sa pagkamit ng kayamanan o masyadong nabubuyo sa mga material na mga bagay? Ang mga bagay na ito ba ay nakakukuha ng marami mong panahon at lakas?

## SURIIN ANG IYONG ESPIRITUWAL NA KAKAYAHAN

-Ginagamit mo ba ang iyong oras para sa espirituwal na mga layunin at gawain ng ministeryo?

-Ang ang mga Gawain na maaari mong alisin para makapagbigay ka ng mas higit na panahon para mag ministeryo?

-Alam mo ba ang tiyak na ministeryo na ibinigay Sa iyo ng Panginoon para sa Katawan Ni Cristo?

-Ginagawa mo ba ito ngayon? Kung hindi, bakit?

-Alam mo ba kung anong espirituwal na kaloob ang ibinigay sa iyo? Kung hindi, gawin ang sumusunod na mga hakbang:

**<u>UNANG HAKBANG:</u> Maging "born again".**

Dapat kang maging "born again". Ang Espirituwal na mga kaloob ay galing sa pamamagitan ng bagong kapanganakan kung paano ang natural na mga talento ay nanggagaling sa pamamagitan ng natural at pisikal na kapanganakan. Kung hindi ka kailanman naipinanganak sa natural na mundo hindi ka magkakaroon ng natural na mga talento. Kung hindi ka born again sa espirituwal na mundo hindi ka mabibigyan ng espirituwal na mga kaloob.

> **At sinabi sa kanila ni Pedro, Mangagsisi kayo, at mangagbautismo ang bawat isa sa inyo sa pangalan ni Jeuscristo sa ikapagpapatawad ng inyong mga kasalanan; at tatanggapin ninyo ang kaloob ng Espiritu Santo.**
> **(Mga Gawa 2:38)**

**<u>IKALAWANG HAKBANG:</u> Tanggapina ng bautismo ng Espiritu Santo.**

Mga pamantayan para makatanggap ng bautismo Ng Espiritu Santo ay ibinigay sa kurso ng Harvestime International Institute , ang *"Ministeryo Ng Espiritu Santo."*

**<u>IKATLONG HAKBANG:</u> Alamin ang espirituwal na mga kaloob.**

Dapat mong malaman kung ano ang espirituwal na mga kaloob. Kung hindi mo alam, hindi mo makikilala ang espirituwal na mga kaloob na ibinigay sa iyo Ng Dios.

**<u>IKA-APAT NA HAKBANG:</u> Nasain ang espirituwal na kaloob**.

> **Datapuwat maningas ninyong nasain, ang lalong dakilang mga kaloob. At itinuturo ko sa inyo ang isang daang kagalinggalingan. (I Corinto 12:31)**

Ang bawat isa sa atin ay mayroong kahit isang kaloob, ngunit naisin natin ng karagdagang mga kaloob. Ang talatang ito ay nagpapahiwatig na makatatanggap ka ng kaloob na wala pa sa iyo.

**<u>IKALIMANG HAKBANG:</u> Pagpatong ng mga kamay.**

Hilingin sa iyong espirituwal na pinuno na patungan ka ng mga kamay at ipanalangin na ipahayag Ng Dios sa iyo ang iyong espirituwal na kaloob.

> **Huwag mong pabayaan ang kaloob na nasa iyo, na sa iyo'y ibinigay sa pamamagitan ng hula, na may pagpapatong ng mga kamay ng kapulungan ng mga presbitero. (I Timoteo 4:14)**

Bilang resulta ng mga Unang hakbang hanggang Ikalimang hakbang maaaring ipinahayag Ng Dios sa iyo ang iyong espirituwal na mga kaloob. Kung hindi ito nangyari, ipagpatuloy ang sumusunod na mga hakbang.

**<u>IKA-ANIM NA HAKBANG:</u> Suriin ang iyong espirituwal na interes.**

Anong mga kaloob ang nais mong makitang umunlad sa iyong buhay? Ano ang kaloob na nagdudulot sa iyo ng higit na kaaliwan sa iyong pag-iisip tungkol sa mga ito o sa paggamit sa mga ito. Ikaw ba ay nasisiyahan sa pagtuturo? Ikaw ba ay nasisiyahan sa pagtanggap ng bisita at patuluyin ang mga tao sa iyong tahanan? Madalas ka ba na makilos na magbigay ng malaking halaga ng salapi sa gawain Ng Dios?

**IKA-PITONG HAKBANG: Pagsusuri ng Kristiyanong pinuno.**

Hayaan na ang isang Kristiyanong pinuno ay suriin ang iyong espirituwal na kakayahan. Ano ang kanilang na obserbahan sa iyong Kristiyanong paglilingkod? Ang tingin ba nila sa iyo ay mabuting tagapangasiwa, guro, at iba pa? Sa kanilang opinion, ano ang mga kaloob na ikaw ay naging mabisa?

**IKAWALONG HAKBANG: Suriin ang iyong nakaraan na Kristiyanong paglilingkod.**

Sa anong larangan ng mga kaloob/ministeryo ka nakaranas ng malaking kagalakan sa iyong paglilingkod? Sa anong bahagi ka naging pinakamabisa?

**IKA-SIYAM NA HAKBANG: Kilalanin ang mga kaloob na iniisip mong maaari na mayroon ka.**

Gumawa ng mga talaan nga mga kaloob na iniisip mo na mayroon ka. Ang mga talaan na ito ay batay sa :

-Ang kaalaman ng mga kaloob na iyong nalaman sa pamamagitan ng pag-aaral.

-Ano ang ipinahayag sa iyo Ng Dios sa panalangin.

-Ano ang na-obserbahan ng pangunahing Kristiyanong pinuno sa iyong buhay.

-Pagsusuri sa iyong mabisang paglilingkod sa nakaraan sa larangan ng ministeryo.

( Ang Harvestime International Institute na kurso na "*Ang Minsiteryo ng Espiritu Santo*" ay makatutulong sa iyo na makilala ang iyong mga kaloob.)

**IKA-SAMPUNG HAKBANG: Maghanap ng espirituwal na mga pangangailangan sa iyong paligid.**

Anong mga pangangailangan ang hindi naaabot sa iyong magkakapitbahay, komunidad, o iglesya? Mayroon ba na pangangailangan sa guro, ebanghelista, tagapangasiwa, at iba pa? Gumawa ng talaan ng mga pangangailangan.

**IKA LABING-ISANG HAKBANG: Punan ang espirituwal na pangangailangan.**

Paghambingin ang talaan ng espirituwal na mga pangangailangan at ang talaan ng mga kaloob na pinaniniwalaan mo na ibinigay sa iyo Ng Dios. Ang pagkilala sa mga pangangailangan ay hindi nangangahulugan na nasa iyo ang kaloob para matugunan ang pangangailangan na iyon. Ngunit

iyong malalaman kung saan ang espirituwal na pangangailangan na makatutugon sa kaloob na iyong pinaniniwalaan na ipinagkaloob sa iyo Ng Dios.

Italaga na tutugunan ang pangangailangan na ito. Halimbawa, kung may pangangailangan ng guro sa iyong iglesya at naniniwala ka na mayroon kang kaloob sa pagtuturo, mag-boluntaryo sa pangangailangan na ito.

**IKALABING –DALAWANG HAKBANG: Tayahin ang iyong ministeryo.**

Pagkatapos ng paglilingkod sa larangan ng iyong kaloob, tayahin ang iyong ministeryo. Ikaw ba ay mabisa sa paggamit ng kaloob na ito? Ito ba ay nagdulot ng malaking kagalakan sa iyo? Nakakita ka ba ng resulta? Ang pastor o espirituwal na pinuno mo ba ay nakakita ng resulta? Kung oo, ikaw ay pinatnubayan Ng Dios na madiskubre ang iyong espirituwal na kaloob.

Kung ang larangan na iyong pinili ay hindi ugma sa espirituwal na kakayahan at ikaw ay hindi mabisa, pagbalik-aralan ang iyong talaan ng posibleng mga kaloob at idalangin Sa Dios na ipakita sa iyo ang iba pang larangan kung saan ka makapagmiministeryo.

## GAWIN ANG MGA RESULTA NG IYONG PAGSUSURI

Ang pagsusuri na iyong ginawa ay hindi makatutulong hanggat hindi mo ito ginagawa sa iyong buhay at ministeryo. Ang ibig sabihin ng "paggawa" ay gamitin ito ng mabisa, aktuwal na maygawin patungkol dito.

Sa anong oras na mayroon kang magawa na isang bagay… na gumawa ng kahit ano para Sa Dios… dapat may plano ka. Ang Dios ay Dios ng pagpaplano. Kanyang pinaplanuhan ang mundong ito at ginawa Niya ang Kanyang plano sa paglikha. Mula sa pundasyon ng mundo, Ang Dios ay gumawa ng plano para sa kaligtasan para sa makasalanang sangkatauhan. Nang nasa tamang panahon, Kanyang tinupad ang planong ito sa pagbibigay Kay Jesus sa mundo para mamatay sa mga kasalanan ng lahat ng tao.

Sa tuwing Si Jesus ay kikilos sa mga buhay ng lalake at babae, Kanyang tinatawag ito para maghanda. Sinabi Niya sa lalaking bulag na pumunta at maghugas sa lawa ng tubig. Kanyang iniutos sa mga disipolo na dalhin sa Kanya ang tinapay at mga isda. Sinabi Niya sa pilay na tumindig at kunin ang kaniyang higaan.

Dapat kang makipagkaisa sa gawa Ng Dios sa iyong buhay. Para makasiguro dito, dapat kang magplano na gawin ito. Kung iyong gagawin ang mga resulta ng iyong personal na pagsusuri, iyong planuhin na gamitin kung ano ang iyong natutuhan tungkol sa iyong sarili para sa kaluwalhatian ng Dios.

Gamitin ang mga sumusunod na patnubay para iangkop ang mga resulta ng iyong pagsusuri. Tandaan na ipanalangin ang bawat bahagi . Hilingin Sa Dios na ipahayag ang Kanyang plano sa iyo, at isulat ang bawat plano sa mga patlang na inilaan.

**1. KILALANIN ANG IYONG ESPIRITUWAL NA KALAGAYAN:**

Repasuhin ang iyong pagsusuri at isulat sa isang parapo na nagbubuod ng iyong pangaksalukuyang espirituwal na kalagayan. Isama sa buod na ito ang mga paraan na ang iyong espirituwal na kalagayan ay naapektuhan ng iyong mga kaugnayan, ang iyong pisikal na kalagayan, ang iyong pananalapi, edukasyon , mga kalakasan, at mga kahinaan.

Gumawa ng plano: Ano ang iyong magagawa para maki-isa Sa Dios sa pagpapaunlad ng iyong espirituwal na kalagayan, pagbilis ng iyong paglago at kaganapan?

Ako ay :

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

**2. KILALANIN ANG IYONG ESPIRITUWAL NA MGA KAHINAAN:**

Repasuhin ang iyong pagsusuri at talaan ng iyong espirituwal na mga kahinaan. Sa tabi ng bawat kahinahaan isulat ang iyong plano para harapin ang mga kahinaan na ito:

| KAHINAAN | ANG PLANO KO PARA HARAPIN ITO AKO AY … |
|---|---|
| __________________________ | __________________________ |
| __________________________ | __________________________ |

**3. KILALANIN ANG IYONG ESPIRITUWAL NA MGA KAHINAAN:**

Repasuhin ang iyong pagsusuri at isulat ang iyong espirituwal na mga kalakasan. Sa tabi ng bawat kalakasan isulat ang iyong plano para gamitin ito sa kaluwalhatian Ng Dios:

| KALAKASAN | ANG AKING PLANO PARA GAMITIN ITO SA KALUWALHATIAN NG DIOS AKO AY… |
|---|---|
| __________________________ | __________________________ |
| __________________________ | __________________________ |

**4. KILALANIN ANG ESPIRITUWAL NA MGA KALOOB:**

Repasuhin ang resulta ng pagsusuri ng iyong espirituwal na mga kaloob. Isulat ang espirituwal na mga kaloob na pinaniniwalaan mo na mayroon ka. Sa tabi ng bawat kaloob isulat ang iyong plano para gamitin ang mga kaloob para sa kaluwalhatian Ng Dios:

| ESPIRITUWAL NA KALOOB | PAANO KO GAGAMITIN ANG KALOOB<br>AKO AY… |
|---|---|
| ______________________ | ______________________ |
| ______________________ | ______________________ |

**5. ALAMIN ANG IYONG LUGAR SA MINISTERYO:**

Repasuhin ang buong personal na pagsusuri. Sa diwa ng panalangin isipin at buuin ang salaysay na ito:

Naniniwala ako na ang aking lugar sa ministeryo sa Katawan Ni Crsito ay:

______________________________________________

______________________________________________

**6. GUMAWA NG PLANO PARA MATUPAD ANG IYONG MINISTERYO:**

Paano ka magsisimula para matupad ang iyong ministeryo na iyong pinaniniwalaan na ibinigay sa iyo Ng Dios? Pag-aralan ang Kabanata Labingisa para matulungan ka na gumawa ng plano.

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

# PANSARILING PAGSUSULIT

1. Isulat ang Susing Talata mula sa memorya.

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

2. Ibigay ang kahulugan ng terminong "personal na pagsusuri ng kapaligiran."

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

3. Ano ang kasama sa personal na pagsusuri ng kapaligiran?

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

4. Isulat ang anim na pakay ng personal na pagsusuri ng kapaligiran.

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

(Ang mga sagot sa pagsusulit ay nakasulat sa pagtatapos ng huling kabanata ng manwal na ito.)

# PARA SA DAGDAG NA PAG-AARAL

1. Basahin ang kuwento ni Samson sa Mga Hukom 13-16. Narito ang lalake na makikinabang mula sa personal na pagsusuri. Hindi niya napagtanto ang kanyang sariling tunay na espirituwal na kalagayan nang siya ay nagtungo para labanan ang mga Filisteo.

Kung si Samson ay gumawa ng personal na pagsusuri…

-Ano ang ilan sa espirituwal na mga problema na maaaring ipahayag ng kanyang pagsusuri?

-Makagagawa ba siya ng pagbabago na maaaring makaapekto sa kahihinatnan ng kanyang buhay?

-Ano ang mga pagbabago na maaari niyang gawin?

2. Basahin ang Mga Awit 51 kung saan si David ay nagsuri ng kanyang personal na espirituwal na kalagayan pagkatapos ng kanyang kasalanan kay Batsheba. Mula sa iyong pag-aaral ng kabanatang ito, sagutin ang mga tanong na ito:

-Ano ang espirituwal na kalagayan ni David nang isinulat niya ang kabanatang ito?

-Ano ang ginawa ni David tungkol sa kasalanan na ito?

-Ano ang hiniling ni David na gawin Ng Dios?

3. Basahin ang kuwento ni Belsasar sa Daniel 5. Narito ang isa pang lalake na maaaring makinabang mula sa personal na pagsusuri.

-Ano ang kanyang espirituwal na kalagayan? ( Tingnan ang mga talatang 22-23.)

-Ano ang ginawa Ng Dios tungkol dito? ( Tingnan ang mga talata 25-28.)

-Kung alam ni Belsasar ang kanyang sariling personal na espirituwal na kalagayan, ano ang mga pagbabago na maaaring gawin sa kanyang buhay para makaiwas sa paghuhukom Ng Dios?

4. Basahin ang kuwento ni Nabucodonosor sa Daniel kabanata 4. Narito ang lalake na maling sinuri ang kanyang kapaligiran at nagdusa dahil dito.

-Ihambing ang kanyang pagsusuri ng kapaligiran sa mga talata 29-30 sa mga talatang 34-35. Ano ang kanilang pagkakaiba?

-Ano ang nangyari kaya niya nalaman ang kanyang tunay na espirituwal na kalagayan? (Tingnan ang mga talatang 31-33.)

-Ano ang nangyari nang napagtanto ni Nabucodonosor ang kanyang tamang personal na sitwasyon at kinilala na ang lahat ng nasa kanya ay mula Sa Dios? ( Tingnan ang mga talatang 34-37.)

5. Sa Lucas 12:16-21 basahin ang kuwento ng mayaman na batang lalake na kanyang iniwan ang espirituwal na mga bagay sa kanyang personal na pagsusuri. Ang kanyang personal na pagsusuri ay batay sa materyal na mga bagay ng mundong ito sa halip na sa mga bagay na may pang walanghanggang halaga.

6. Basahin ang Lucas 18-9-14. Paghambingin ang personal na pagsusuri ng Pariseo sa mga makasalanan. Anong pagsusuri ang tapat?

7. Ang aklat ng Mga Hukom sa Biblia ay nagbibigay ng talaan ng ilan sa mga hari na nanguna sa mga anak Ng Dios. Ang ilan sa kanila ay mabuting hari, ang iba ay masama. Basahin ang aklat ng mga Hukom at gumawa ng personal na pagsusuri sa bawa't hari. Ano ang mga kalakasan at kahinaan? Paano sila makikinabang mula sa personal na pagsusuri? Ano ang mga pagbabago na maaari nilang ginawa na makaaapekto sa kanilang kahihinatnan?

8. Basahin ang Mga Bilang 12. Sina Miriam at Aaron ay hindi tamang nagsuri ng kanilang espirituwal na katayuan Sa Dios. Ano ang nangyari sa resulta?

9. Si Kore at ang kanyang mga tagasunod ay gumawa ng magkatulad na pagkakamali sa Mga Bilang 16. Ano ang nangyari bilang resulta ng kanilang maling pagsusuri?

10. Basahin ang I Mga Hari 19. Paano sinuri ni Elias ang kanyang kapaligiran sa panahon na ito? Paano itinama Ng Dios ang kanyang pagsusuri?

# IKA-ANIM NA KABANATA

# PAGSUSURI SA ISANG GRUPO NG MGA TAO

**MGA LAYUNIN:**

Pagkatapos pag-aralan ang kabanatang ito ikaw ay maykakayahan na:

- Isulat ang Susing Talata mula sa memorya.
- Ibigay ang kahulugan ng terminong " grupo ng mga tao."
- Ipaliwanag kung ano ang kasama sa pagsusuri ng grupo ng mga tao?
- Kilalanin ang mga pakay ng pagsusuri ng grupo ng mga tao.
- Magsuri ng isang grupo ng mga tao.
- Gamitin ang iyong pagsusuri para maipangalat ang Ebanghelyo sa grupong ito.

**SUSING TALATA:**

> **At walang anomang nilalang na hindi nahahayag sa kaniyang paningin: ngunit ang lahat ng mga bagay ay hubad at hayag sa harapan ng mga mata niyaong ating pagsusulitan. (Hebreo 4:13)**

## PAMBUNGAD

Sa huling kabanata sinuri mo ang iyong sarili sa paghahanda para sa ministeryo. Ang kabanatang ito ay nagsisimula sa mga serye ng aralin na nagpapaliwanag kung paano ang pagsusuri sa iba't ibang kapaligiran kung saan ka mag miministeryo

Sa kabanatang ito iyong matututuhan kung paano magsuri sa grupo ng mga tao. Matututuhan mo sa sumusunod na kabanata kung paano magsuri sa mga lugar, bansa, at rehiyon ng mundo na binubuo ng maraming magkakaibang grupo ng mga tao.

## ANG GRUPO NG MGA TAO

Ang mga tao ng mundong ito ay hinahati sa ilang mga hangganan na umaapekto sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo. Nariyan ang hangganan sa heograpiya katulad ng mga bundok, karagatan, at mga burol. Mayroon ding mga hangganan sa politika na naghihiwalay sa mga bansa.

Ngunit ang mga tao ay pinaghihiwalay ng kultura. Sa pangkalahatan, ang tinutukoy ng kultura ay pakakaiba ng mga paraan ng pamumuhay sa ating mundo. Kasama sa kultura ang mga bagay na katulad ng lengguwahe, paniniwala, pinahahalagahan, straktura ng panlipunan, kinaugalian, at iba pa.

Ang mga hangganan ng kultura ay resulta ng pagunlad ng iba't ibang "grupo ng mga tao" sa buong mundo. Ang grupo ng mga tao ay ang anumang grupo ng mga tao kung saan ang pag-

aasawa at malalim na buhay ay nangyayari sa loob ng isang lipunan.  Halimbawa, ang grupo ng mga tao sa isang tiyak na tribo, “caste”angkanan, o lipi.

Nang sinabi Ni Jesus sa Kanyang  mga disipulo na ipangaral ang Ebanghelyo sa lahat ng mga bansa, ang salita na ginamit Niya para sa “mga bansa” ay ang Griegong salita na “ethnos.”  Ang isang bansa ay binubuo ng maraming grupo ng mga “ethnos” o “grupo ng mga tao.”

Hindi sapat na basta abutin ang bansa sa pangkalahatan ng Ebanghelyo. Dapat mong masiguro na ang bawat grupo ng mga tao sa loob ng bansa ay nakarinig ng mabuting balita. Kung ito ay nagawa, ang buong bansa ay na ebanghelyuhan na.  Iniutos Ni Jesus na ang  Ebanghelyo ay maipangaral sa lahat ng mga tao.  Para iyong matupad ang utos na ito,  dapat mong masuri ang grupo ng mga tao para malaman kung paano sila maaabot, gumawa ng plano para sila ay maabot, at isagawa ang plano.

## PAGSUSURI SA GRUPO NG MGA TAO

Kung iyong susuriin ang grupo ng mga tao, iyong pag-aaralan ang tiyak na grupo ng pang-isahan na bahagi ng magkatulad na tribo, angkan, o lipi.  Pag-aralan mo ang kanilang sosyal, kultura, politika, at espirituwal na kalagayan.  Susuriin mo rin ang panglabas na mga lakas mula sa labas ng kanilang grupo na nakaaapekto sa kanilang pagtanggap ng Ebanghelyo.

## ANG PAKAY NG PAGSUSURI NG GRUPO NG MGA TAO

Ang pakay ng iyong pag-aaral ay para maabot ang grupo ng mga tao ng Ebanghelyo. Iyan ay pagsasaliksik para sa layunin ng panghihikayat, hindi lamang para sa pagsasaliksik. Maging maingat na hindi mo lamang magugol ang lahat ng iyong panahon sa pag-aaral at hindi kailanman matupad ang pakay na kung saan ka tunay na naudyukan sa iyong pag-aaral!

Ang iyong pag-aaral sa kultura ng grupo ng mga tao ay makatutulong sa iyo na malaman kung paano ang pinakamabuting paraan para sila ay maabot. Iyong maipaliliwanag ang Ebanghelyo sa paraan na nagbibigay tuon sa iyong natutuhan tungkol sa kanilang kultura.

Halimbawa,  nang si Pablo ay nagministeryo sa mga Hudyo, binigyang diin niya ang lipi ng mga Hudyo Ni Cristo at ipinakilala Siya bilang Mesias ng Israel.  Nang siya ay nagministeryo sa mga Pagano ( ibang mga bansa),  kanyang binigyang diin ang ibang aspeto ng Ebanghelyo.

Ang ibang halimbawa ay ang aklat ng mga Mateo, Marcos, Lucas, at Juan.  Ang lahat ng ito ay nagbigay tuon sa iba’t ibang aspeto ng Ebanghelyo na nakaugnay sa kultura ng tiyak na mga grupo ng tao kung saan ito ay isinulat.

Kung iyong gagamitin ang kultura ng mga tao bilang tulay para ipahayag ang Ebanghelyo ito ay mas madaling matanggap.  Ang pagkaunawa sa kultura ay magbibigay sa iyo ng espirituwal na mga susi na magbubukas ng pinto para sa tukoy na mga tao. Sagutin ang mga tanong na ito para masuri ang grupo ng mga tao:

### ANONG MGA TAO ANG DAPAT MAABOT?

Sino talaga ang iyong sinusubukan na maabot ng Ebanghelyo? Saan ang lokasyon ng grupong ito?

**ANONG URI SILA?**

Ano ang dapat mong malaman tungkol sa kanilang mga kinaugalian, problema, strakturang sosyal, espirituwal na kalagayan, at iba pa, para sila ay maabot?

**SINO ANG DAPAT UMABOT SA KANILA?**

Ang mga taong ito ba ay pinakamadaling maabot sa pamamagitan ng lalake at babae, na galing sa kanilang sariling mga tao o galing sa hindi nila kalahi? Ano ang mga katangian na kinakailangan ng tao para sila ay maabot? Ang Dios ay may natatatanging mensahero para sa pagabot ng tiyak na grupo ng mga tao. Si Pablo ay ginamit ng Dios para maabot ang mga Pagano. Si Pedro ay ginamit ng higit na mabisa para maabot ang mga Hudyo.

**PAANO SILA MAAABOT?**

Anong paraan ang dapat gamitin? Ano ang magiging pinakamabisa? Ang mga sagot sa mga tanong na ito ay tutulong sa iyo para malaman ang iyong tungkulin sa pagabot sa mga taong ito at gumawa ng plano para maabot sila ng Ebanghelyo.

## PAANO MAGTIPON NG IMPORMASYON

Makatitipon ka ng mga impormasyon para sa iyong pagsusuri sa pamamagitan ng :

**PANALANGIN:**

Hilingin Sa Dios na ipahayag ang dapat mong malaman tungkol sa grupo ng mga tao at tulungan ka na maabot sila ng Ebanghelyo. Ang Dios ay mayroong kaalaman tungkol sa lahat ng tao ( Hebreo 4:13)

**PAG-AARAL SA NAKASULAT NA MGA MATERYAL:**

Pag-aralan ang mga aklat at nakasulat na mga materyales tungkol sa grupo ng mga tao. Ang talaan ng posibleng panggagalingan ng mga impormasyon ay kasama sa apendiks ng manwal na ito.

**OBSERBASYON:**

Sarili mong personal na obserbahan ang grupo.

**PAKIKIPANAYAM:**

Magtanong sa mga tao na pinuno at kaanib ng grupo na iyong pinagaaralan. Kung mayroon na mga mananampalataya na nagmiministeryo na sa mga taong ito, makipagpanayam sa kanila para madiskubre ang kanilang natutuhan tungkol sa mga tao. ( Ang halimbawa ng pakikipanayan ay kasama sa Apendiks ng kursong ito.)

**Gamitin ang sumusunod na balangkas para masuri ang grupo ng mga tao. Maaaring hindi mo masagot ang lahat ng mga tanong tungkol sa tiyak na grupo ng mga tao, ngunit sagutin ang mga makukuha mong impormasyon.**

## ANONG TAO ANG IYONG AABUTIN:

1. Sino ang mga tao na sinusubukan mong maabot?

2. Bakit sila nagging "grupo ng mga tao"? Dapat ay mayroon silang ilang mga bagay na magkakapareho. Lagyan ng tsek ang naaangkop sa grupo na iyong pinag-aaralan:

_______Magkatulad na lengguwahe.
_______Pangkalahatang katapatang politika.
_______Magkatulad ang lahi o etnolohiya.
_______Magkabahagi sa pinaniniwalan ng relihiyon.
_______Pangkalahatang pagkakaugnay ng lipi.
_______Magkatulad na antas ng edukasyon.
_______Pangkalahatang lugar ng tirahan.
_______Magkatulad na uri ng lipunan o "caste".
_______Magkabahagi ng kultura ( katanggap –tanggap na paraan ng paggawa ng bagay).
_______Magkabahagi sa natatanging interes.
_______Magkabahagi sa antas ng ekonomiya ( halimbawa, lahat ay mahirap, nasa gitna o mayaman).
_______Naiiba na kalagayan ng kalusugan.
_______Magkakaibang legal na estado(( halimbawa, lahat ay bihag, takas, hindi legal na residente, at iba pa.)
_______Magkatulad ng edad.
_______Pangkalahatang problema.
_______Nakaranas ng pagtanggi mula sa iba dahil sila ay bahagi ng grupong ito.

Ano ang iba pang karaniwang bahagi ng pagkakakilanlan sa kanila bilang kakaibang grupo?

3. Gaanong karaming tao ang nasa grupong ito? Gumawa ng pangkalahatang palagay ng populasyon kung ang hustong bilang ay hindi makukuha. Ito ay makatutulong para malaman ang bilang ng mga manggagawang kakailanganin para maabot sila ng Ebanghelyo.

## PAGSUSURI SA HEOGRAPIYA

1. Saan ang tiyak na lugar na tirahan ng karamihan sa mga taong ito?

2. Saan pang ibang heograpiya na lugar sila matatagpuan?

(Pansinin: Sa pagsagot sa mga tanong na ito kilalanin ang mga tiyak na tao, hindi lamang ang lahat ng mga tao sa India." Alin tiyak na mga tao? Halimbawa, sa India iyong kikilalanin ang tiyak na "caste" sa tukoy na nayon. Ang mga paraan na iyong gagamitin para maabot ang bawa't "caste" at bawa't nayon ay maaaring magkaiba.)

3. Kumuha o gumuhit ng mapa ng bansa at tandaan ang lokasyon ng tiyak na grupo na nais mong maabot.

4. Kumuha o gumuhit ng mapa ng lokal na lugar kung saan nakatira ang mga tao. Magsimulang manalangin sa mga mapa na Ang Dios ang aabot sa mga tao sa lugar na iyong tinandaan. Gamitin din ang mga mapa upang sagutin ang sumusunod na mga tanong:

5. Ano ang bahagi ng heograpiya na makasasagabal sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo?
( Halimbawa, ang lugar ba na kanilang tinitirhan ay mahirap maabot?)

6. Anong bahagi ng heograpiya ang maaaring magamit para makatulong sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo? (Halimbawa, mayroon ba na natural na daan ng pangangalakal o pagbibiyahe na kung saan ang iglesya ay maitatayo?)

7. Ang lokasyon ba ng grupong ito ay mayroon na tiyak na panahon ng taon na pinakamabuting pagpasok at pagabot sa mga tao? ( Halimbawa, ang pagbibiyahe sa malayong lugar sa panahon ng tag-ulan ay maaaring hindi praktikal na pagpasok katulad sa panahon ng tagtuyot, maliban na tiyak kang pinapatnubayan Ng Dios na gawin ito. Ang mga daan ay maaaring hindi madaanan.)

8. Kumuha ng impormasyon sa mga sumusunod na mga bahagi na maaaring makasagabal o makatulong sa pagabot sa mga tao sa kanilang pangkasalukuyan na lokasyon.

-Layo sa pinakamalapit na pangunahing lunsod:
-Layo sa kapitolyo ng bansa:
-Layo sa natatag na paliparan:
-Layo sa nagagamit na “airstrip o water landing:
-May telepono ba sila?
-May telegrama ba sa kanila?
-Layo sa pinakamalapit na estasyon ng tren:
-Layo sa pinakamalapit na magagamit na daan ng sasakyan:
-Layo sa pinakamalapit na magagamit na ilog o dagat ( “Nadaraanan” ang ibig sabihin ay maaari mong magamit na bangka para sa paglalakbay):

## ANONG URI SILA?

### PAGSUSURING PANLIPUNAN:

1. Ano ang uri ng pamumuhay-sosyal ng grupo ng mga taong ito? Halimbawa, isang asawa lang ba at mga anak ang magkakasama o maraming asawa ang pwede? Ang mga tao ba ay namumuhay ng hiwalay sa isang pangunahing pangkat ng pamilya ng isang ama, ina, at mga anak? O namumuhay sila na kasama ang iba pang kaanib ng pamilya
( mga tiya, tiyo, at iba pang kamag-anak sa isang sambahayan)?

2. Sino ang lider sa tahanan? Ang ama ba, ina, biyenan na babae, at iba? Magagamit mo ang kaugnayan ng pamilya bilang mga tulay at dito ang Ebanghelyo ay lalaganap. Halimbawa, kung ang isang kultura na ang ama ang nangunguna sa tahanan, siya ang una mong target para abutin

ng Ebanghelyo. Ang kanyang pamilya ay maaaring sumunod pagkatapos niyang tanggapin ang mensahe.

3. Sino ang lider ng komunidad? Sino ang pinuno ng tribo, lider ng lipi o "caste," lider ng nayon o bayan kung saan nakatira ang mga taong ito? Kung aabutin mo sila ng Ebanghelyo kanilang maakay ang iba na tumanggap.

4. Sino ang gumagawa ng pagpapasiya sa grupong ito at paano gumagawa ng pagpapasiya? Kailangan mong alamin kung sino ang gumagawa ng pagpapasiya at kung paano sila nagpapasiya kung dapat mong kumuha ng pahintulot para makapasok sa nayon o tribo para magpahayag ng Ebanghelyo.

5. Ano ang kanilang pakikilahok sa komunidad? Ano ang kanilang alalahanin bilang grupo? Mabibigyan mo ng tuon ang mga alalahanin na ito sa iyong pagpapahayag ng Ebanghelyo. Iugnay ang mensaheng ito para matugunan ang mga pangangailangan na ito.

6. Gaano sila kabukas sa mga "taga labas" (ang mga tao na hindi bahagi ng kanilang sariling grupo ng mga ito)? Ang pagkaalam nito ay maghahanda sa iyo para sa antas ng pagtanggap na iyong mararanasan sa iyong unang pagpasok sa grupong ito para ipahayag ang Ebanghelyo.

7. Ano ang antas ng kanilang panlipunan? Sila ba ay nasa itaas na uri, sa gitna, mababang uri ng antas ng pamumuhay? Kung ang mga tao ay nasa mababang antas na may matinding pisikal o materyal na pangangailangan, maaari mong naisin na gumamit ng panggagamot na ministeryo o magpapakain na programa bilang paraan para makapasok sa kanilng grupo para maipahayag ang Ebanghelyo sa kanila.

8. Ano ang mga hanap-buhay nila? Paano sila gumagawa ng ikabubuhay? Isipin kung paano magagamit ang kanilang trabaho para makapasok sa kanilang grupo. Halimbawa, maaari na magsimula ng pag-aaral ng Biblia sa grupo nila sa lugar ng kanilang trabaho o maaari kang magpahayag ng iba't ibang mga paraan ng agrikultura sa mga magsasaka at iba pa.

9. Sino ang namamahala sa pinansiyal at material na kayamanan ng grupo at/ o sa loob ng pamilya (kredito, merkado, mga lupa, at trabaho)? Maaaring kailanganin mo ng kanilang tulong para makakuha ng ari-arian para sa iglesya at mga pinansiyal para sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo.

**<u>PAGSUSURI SA KULTURA:</u>**

Pag-aralan ang mga kaugalian sa kultura na maaaring makaapekto sa kanilang pagtanggap ng Ebanghelyo. Narito ang ilan sa mga isasaalang-alang:

1. <u>Pinaniniwalaan at pinahahalagahan:</u>

   a. Ano ang mga pinahahalagahang kultura, pinaniniwalaan ,o mga gawain ng mga tao na maaaring <u>makatulong</u> sa kanila na maunawaan ang Ebanghelyo?
   ( Halimbawa, kung ang mga tao ay may matatag na positibong damdamin tungkol sa kahalagahan ng pamilya, ang pagbibigay tuon sa Ebanghelyo sa pamilya ay maaaring tulay para sa kanila.)

b. Ano ang mga pinahahalagahan sa kultura, pinaniniwalaan ng mga tao na maaaring makasagabal sa kanilang pagkaunawa ng ebanghelyo?

2. Mga kinaugaliang kultura:

Mayroon bang mga pangkaraniwang kaugalian ng kultura na ginagawa na maliwanag na ipinagbabawal ng Biblia? Kung mayroon, ano ang mga ito? Ang mga kinaugalian ay hindi mali dahil lamang sa pagkakaiba ng paggawa mo sa mga bagay. Ang kinaugalian ay mali kung ito ay salungat sa Salita Ng Dios. Ang mga makasalanang gawain ay dapat harapin sa iyong pagabot sa mga taong ito ng Ebanghelyo. Ang ibang mga kinaugalian na mga gawain ay hindi kinakailangan ng pagbabago. Hindi dapat tanggapin ng mga tao ang iyong kultura para tanggapin ang Ebanghelyo.

3. Mga pangangailangan:

a. Ano ang mga pangkalahatang alalahanin, pag-uugali, motibo, damdamin ng mga tao? Ano sa mga sumusunod ang kanilang ibinibilang na mahalagang pangangailangan? Sila ba ay mayroong..

______ Hindi sapat na pagkain.
______ Mahinang pangangatawan at medikal na pangangailangan.
______ Mababang pinag-aralan.
______ Maruming tubig at /o mahinang pinagkukunan nito.
______ Hindi sapat na pinanggagalingang pinansiyal.
______ Hindi sapat na kayamanang heograpiya.
______ Mahirap ang transportasyon.
______ Mahirap ang pamamaraan ng komunikasyon.
______ Hindi sapat na tirahan..
______ Walang kakayahan na makiayon sa pagbabago.
______ Pagsiil sa politika.
______ Iba pa: ________________________________________

Ang pagpapahayag ng Ebanghelyo at marahil ang iyong mga pamamaraan ng ministeryo sa kanilang kultura ay maaaring iugnay sa mga pangangailangan na ito.

b. Ano ang mga pangangailangan na nakikita mo na natutugunan nang maayos? Ano ang mga pangangailangan na HINDI natutugunan? Mahalaga na malaman ang mga pangangailangan na natutugunan gayon din naman ang hindi natutugunan. Halimbawa, hindi mo na nanaisin na gamitin ang programa ng pagpapakain bilang paraan para makapasok sa grupo sa pagpapahayag ng Ebanghelyo kung walang nagugutom na mga tao at ang bawa't isa ay maayos na nakakakain.

4. Edukasyon:

Ano ang antas ng kanilang pinag-aralan? Ano ang kanilang antas ng karunungan sa pagsula't at pagbasa? Ilan sa mga tao ang nakasusulat at nagbabasa ng kanilang lengguwahe? Mahalaga na

malaman mo ito dahil hindi ka magdedesenyo ng Ebanghelyo sa pagabot base sa literatura kung ang mga tao ay hindi nagbabasa at nagsusulat.

5. <u>Komunikasyon:</u>

a. Anong lengguwahe (o mga lengguwahe) ang hindi angkop sa pagpapahayag ng Ebanghelyo? Sa una nais mo na maabot ang pinakamalaking bilang ng mga tao sa grupo, kaya pipiliin mo sa una ang lengguwahe na ginagamit ng karamihan sa kanila.

Ang pangunahing lengguwahe na sinasalita ng mga tao sa kulturang ito ay _______________.
Ang ibang lengguwahe na kinakailangan sa susunod para maabot ang natitirang mga tao: _______________.

b. Ano ang pangunahing mga paraan ng impormal, sosyal na pakikipagusap? Ang pinakamabuting pakikipagusap ba ay nangyayari sa pamamagitan ng tribo o mga pinuno ng komunidad? Sa loob ng lipi? Ang bawa't grupo ay mayroong pakikipag-ugnayan kung saan ang mahalagang mga balita ay naipangangalat sa pamamagitan ng iba't ibang antas.

c. Ang mga tao ba na ito ay maaabot sa pamamagitan ng :

______ Peryodiko ( Tumatanggap ba sila ng Kristiyanong mga pahayagan?)
______ Nakasulat na mga babasahin ( Ang mga tao ba na aabutin ay nakakabasa?)
______Radyo (Ang mga estasyon ba ay nagapaphintulot ng Kristiyanong pamamahayag?)
______Telebisyon (Ang mga estasyon ba ay nagpapahintulot ng Kristiyanong pamamahayag?)
______ "Tape recordings" ( ang mga tao ba ay may mga "tape recorders?)
______ Mga palabas, "video tapes" ( May mga ganitong kagamitan ba sa lugar?)
______ Telepono(May mga telepono ba ang mga tao para maabot?)

d. Ano ang <u>pangunahing paraan</u> ng komunikasyon?

**<u>PANLABAS NA MGA IMPLUWENSIYA:</u>**

1. Ano ang mga pagbabagong nangyayari sa lugar ng grupong ito resulta ng political na sistema o panlabas na puwersa ng makabagong paraan?

2. Ang mga pagbabagong ito ba ay magagamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo?

3. May mga pagbabawal ba ang gobyerno na pumipigil sa panghihikayat sa mga taong ito? Kung mayroon, ano ang mga ito?

4. Ano ang mga paraan na magagamit sa pagabot sa grupong ito na hindi salungat sa mga patakaran na ito?

5. Anong organisadong mga grupo o ahensiya ang maaaring tumutol sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo sa grupo ng mga taong ito? Bakit?

Huwag hayaan kailanman ang mga pagbabawal o oposisyon ang makapigil sa iyo sa pagmiministeryo sa grupo na iyong nadarama na tinawag ka Ng Dios. Kung hindi pinahintulutan na maabot sila sa partikular na paraan , gumamit ng ibang mga paraan.

**POLITIKAL NA PAGSUSURI:**

1. Maikling paglalarawan ng politikal na sistema ng mga taong ito.

2. Anong politikong grupo ang makasasagabal sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo sa mga taong ito?

3. Anong politikong grupo ang makatutulong sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo sa mga taong ito?

4. Anong patakaran ng gobyerno ang nakasasagabal sa ministeryo ng mga taong ito?

5. Anong patakaran ng gobyerno ang makatutulong sa ministeryo ng mga taong ito?

6. Sino ang susing lider ng politika sa mga taong ito? Maaari mo silang kausapin at kilalanin at subukin na makuha ang kanilang pabor para sa iyong pagmiministeryo sa mga taong ito.

**ESPIRITUWAL NA PAGSUSURI:**

1. Anong grupo ng relihiyon ang makikita sa mga taong ito?

2. Gaamo karami ang sumusunod sa bawa’t relihiyon?

3. Ano ang nagpapalungkot sa kanila sa pangkasalukuyan na relihiyon? Halimbawa, mga ginagawang salamangka na hindi nakapagpapagaling ng mga sakit, at iba pa. Maaari na i-sentro ang mensahe ng Ebanghelyo para ma-target ang mga kawalan ng kasiyahan na ito.

4. Ang mga gawain na pangrelihiyon ba nila ay dumarami o kumokonti?

5. Ang relihiyon ba nila ay may nakasulat na aklat , ( halimbawa, Muslim ang Koran, at iba pa)? Kung mayroon, paano mo ito magagamit bilang tulay sa pagpapahayag ng mensahe ng Ebanghelyo? ( Ito ay posible sa ilan, at imposible sa iba.)

6. Ano ang saloobin ng mga ito patungo sa mga pagbabago ng relihiyon anuman ang uri nito? Ang tugon sa tanong na ito ay maghahanda para sa oposisyon ng relihiyon na maaari mong makaharap.

7. Sagutin ang mga sumusunod na tanong tungkol sa kanilang pagkaunawa sa Kristiyanong pananampalataya. Ang mga tugon na ito ay makatutulong sa iyo para malaman kung saan ka magsisimula sa iyong pagpapahayag ng Ebanghelyo:

Ano ang saloobin ng mga taong ito tungo sa …

Dios:

_______ Sila ay naniniwala na may Dios.
________ Kanilang tinatanggihan na may Dios.
________ Alam nila ang tungkol sa nag-iisang Dios na ipinahayag sa Biblia.
________ Hindi nila alam ang tungkol sa nag-iisang tunay Na Dios.
________ Alam nila ang tungkol sa nag-iisang tunay Na Dios ngunit wala silang pakiaalam sa Kanya.
________ Alam nila ang tungkol sa nag-iisang tunay Na Dios ngunit sila ay napopoot sa Kanya.

Jesu- Cristo:

________ Sila ay naniniwala na may Dios.
________ Kanilang tinatanggihan na may Dios.
________ Alam nila na Si Jesus ay namatay para sa kanilang mga kasalanan.
________ Hindi nila alam na Si Jesus ay namatay para sa kanilang mga kasalanan.
________ Alam nila ang tungkol Kay Jesus ngunit wala Siyang halaga sa kanila.
________ Alam nila ang tungkol Kay Jesus at napopoot sila sa Kanya.

Ang Espiritu Santo:

________ Sila ay naniniwala na may Espiritu Santo.
________ Kanilang tinatanggihan na may Espiritu Santo.
________ Hindi kailanman nila narinig ang tungkol sa Espiritu Santo.
________ Hindi nila nauunawaan ang ministeryo ng Espiritu Santo.
________ Nauunawaan nila ang ministeryo Ng Espiritu Santo ngunit Siya ay walang halaga sa kanila.
________ Nauunawaan nila ang ministeryo Ng Espiritu Santo ngunit sila ay napopoot sa Kanya.

Ang Ebanghelyo:

________ Hindi nila alam ang tungkol sa Ebanghelyo.
________ May kaunti silang nalalaman tungkol sa Ebanghelyo.
________ Kanilang nauunawaan ang pangunahing katotohanan gn Ebanghelyo.
________Kanilang nauunawaan na kinakailangan na personal na tumugon sa Ebanghelyo.
________ Kinikilala nilang kailangan nila ng Ebanghelyo.
________ Kanilang tinanggap ang Ebanghelyo.

Ang Biblia:

________ Hindi kailanman nila narinig ang tungkol sa Biblia.
________ Alam nila na may Biblia.
________ Kanilang pinaniniwalaan na ito ay Salita Ng Dios.

________ Napopoot sila sa Salita Ng Dios.
________ Walang halaga sa kanila ang Biblia.

Ano ang kalagayan ng salin ng Biblia sa lengguwahe na pinaka-angkop para maabot ang mga taong ito? Anong bahagi ng Biblia ang nananatiling dapat isalin sa kanilang lengguwahe?

Bagong Tipan:

Lumang Tipan:

Mga Kristiyano:

Gaano nila kaalam ang tungkol sa mga Kristiyano?

_____ Hindi kailanman nila naririnig ang tungkol sa mga Kristiyano.
_____ Narinig nila, ngunit hindi pa sila nakakakilala ng isa.
_____ Nakakilala ng ilan na mga Kristiyano.
_____ Mayroon na mga tunay na mananampalataya na namumuhay kasama nila.

8. Kung mayroon nang mga Kristiyano sa grupong ito, sagutin ang mga tanong na ito.

- Ilan sa mga taong ito ang nagsasabing sila ay mga Kristiyano?

- Ilan sa mga ito ang kasama sa pagtitipon ng mga mananampalataya ( isang iglesya)?

- Ilan ang aktibo sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo?

-Ilan ang mga Kristiyano ngunit tumalikod mula sa pagsunod Kay Cristo?

- Ano ang mga dahilan kung bakit sila ay lumayo Sa Dios?

- Sino ang susing mga Kristiyano sa grupong ito?

- Mayroon ba na “tent makers” na mga mananampalataya na namumuhay kasama ng mga taong ito? ( Mga mananampalataya na sa sekular nagtatrabaho kasama ng mga taong ito habang sila ay aktibong nagbabahagi ng Ebanghelyo.)

9. Sa kabuuan, naniniwala ka ba na napapanahon ang pagtatanim ng Ebanghelyo sa mga taong ito o panahon ng pag-aani? Kadalasan, mas maraming manggagawa ang kinakailangan kung ang lugar ay espirituwal na hinog para sa anihin.

10. Anong mga Kristiyanong iglesya o misyon ang sumubok na sa grupong ito at nabigo? Ano ang pinaniniwalaan mo na dahilan sa kanilang pagkabigo? Maaari kang matuto sa pagkabigo ng iba at huwag ulitin ang ganoon ding mga pagkakamali.

11. Anong mga Kristiyanong iglesya o misyon ang aktibo sa lugar kung saan ang karamihan ng grupo ng mga tao ay naninirahan? Kunin ang kanilang mga pangalan at tirahan.

12. Alin sa mga ito ang mabisa at bakit ang mga ito ay mabisa? Matututo ka mula sa mga tagumpay ng mga grupong ito. Maaari na makipagtulungan ka sa kanila sa pagapaplaganap ng Ebanghelyo sa mga taong ito. Paano ka makikipagtulungan sa kanila para maabot ang grupo ng mga taong ito?

13. Kung mayroong Kristiyanong nagpapatotoo, anong lengguwahe o mga lengguwahe ang kanilang ginagamit? Maaaring patnubayan ka na maabot ang mga tao sa grupong ito na nagsasalita ng ibang lengguwahe at hindi pangkasalukuyan na naaabot ng mga Kristiyanong saksi.

14. Anong <u>uri</u> ng Kristiyanong ministeryo ang kasalukuyan na ginagawa sa mga taong ito? Halimbawa, kung mayroon ng programa ng pagpapakain para sa mga nagugutom na ginagamit bilang saksi ng Ebanghelyo, huwag nang doblehin ito. Ang iyong layunin ay para maabot ang hindi pa naabot at /o pagpapalawak ng mga lakas para maabot ang mga taong ito, hindi doblehin o maki pagkompetensiya sa mayroon nang mga ministeryo.

15. Ano ang saloobin ng mga tao sa mga naroon ng mga Kristiyanong misyon?

______ Napopoot
______Walang halaga
______ Mabait

16. Kung mayroon nang tunay na Iglesya Ebanghelica sa grupong ito, sagutin ang mga tanong na ito:

- Gaano karami na ang natatag na mga iglesya ng Ebanghelyo sa mga taong ito?
-Gaano kabilis sila lumalago?
-Ano ang mga paghihirap na kanilang nararanasan at bakit?
-Alin ang matagumpay at bakit?
-May pangangailangan pa ba ng pagtatatag ng marami pang mga iglesya?

17. Kung walang Kristiyanong saksi sa mga tao na iyong pinag-aaralan, may iba bang Kristiyanong ahensiya na nakaranas na umabot sa katulad na grupo? Makakakuha ka sa kanilang karanasan sa magkatulad na grupo para maabot ang grupo na iyong pinag-aaralan.

18. Makikilala mo ba kung anong pamunuan at kapangyarihan ni Satanas ang aktibo sa grupo ng mga taong ito? Itinuturo ng Biblia na may tiyak na espirituwal na puwersa na aktibo sa mga tiyak na mga grupo at sa tiyak na heograpiyang lugar. (Tingnan ang Daniel 10. Pansinin ang talata 13. Tingnan din ang Efeso 6:10-17.)

Kadalasan ipahahayag ng panalangin kung ano ang mga pamunuan at kapangyarihan na kumikilos . Kung minsan ang obserbasyon at pag-aaral ng kasaysayan ng mga tao, lugar, bansa, o rehiyon ang makatutulong sa pagkilala kung ano ang kumikilos na espirituwal na puwersa.

Halimbawa, sa isang lugar sa Estados Unidos maraming bakla. Madaling makilala sa pamamagitan ng obserbasyon kung ano ang namumunong espiritu ng bakla sa grupo ng mga taong ito at sa kanilang lunsod. Ibang lunsod sa Estados Unidos ang umunlad dahil sa

pagdudumali ng mga tao sa pagsisiyasat ng lugar para sa ginto. Ang Espiritu ng kasakiman ay patuloy na naghahari sa lunsod na iyon hanggang sa ngayon.

Kung iyong makikilala ang mga espirituwal na mga puwersa, dapat mong talian ang mga ito sa panalangin at kalagan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo na kumilos sa mga taong ito. Ang Harvestime International Institute na kursong *"Mga Estratehiyang Espirituwal: Isang Manwal Sa Pakikibakang Espirituwal"* ay nagbibigay ng dagdag na pag-aaral sa paksang ito.

## SINO ANG DAPAT NA UMABOT SA KANILA?

Sino ang dapat na umabot sa mga taong ito? Sino ang nakapagsasalita ng kanilang lengguwahe? Sino ang katanggap-tanggap sa kanilang kultura at sosyal na estraktura? Gamitin ang mga impormasyon na natipon tungkol sa kanilang kultura at sosyal na estraktura para matulungan ka na malaman ito. Gamitin mo rin ang mga impormasyon ng Kristiyanong ahensya na sumubok at nagtagumpay o sumubok at nabigo. Kung Sino ang kanilang ginamit ay maaaring nakaapekto sa kanilang tagumpay o kabiguan.

Ang sinoman na magbahagi ng Ebanghelyo ay dapat na…

-Maging mananampalataya na may nakikitang palatandaan ng ganito sa kanilang uri ng pamumumhay, ugali, at asal.

-Magkaroon ng mabuting personal na pananalangin at pag-aaral ng Biblia.

-Ang espirituwal na mga kaloob ay maayos na iangkop sa mga paraan na gagamitin para maabot ang mga tao.

-Maging laan: Ang kakayahan ay walang halaga kung ikaw ay walang panahon. Ang tao ba ay nakalaan at handa na humayo?

-Umayon nang maayos sa katawan ni Cristo (nakalaan na maki-isa sa ibang kaanib para sa layunin ng pagabot sa mga tao ng Ebanghelyo).

-Tumugon sa tawag Ng Dios sa pagmiministeryo sa mga tiyak na mga tao. Ang Dios ay tumatawag ng mga tao para sa tiyak na mga grupo, kung paano si Pablo ay tinawag para maabot ang mga Hentil at si Pedro naman ay sa mga Hudyo.

-Maging handang-handa ang iyong pisikal, espirituwal, at pinag-aralan para maabot ang mga tiyak na grupo. Tandaan na si Gideon ay kinailangan na magbawas ng kanyang mga kawal hanggang maging kaunti na mga sinanay.

## PAANO SILA MAAABOT?

Paano maabot ang mga taong ito? Anong paraan ang dapat gamitin? Para sagutin ang tanong na ito, gamitin kung ano ang iyong natutuhan tungkol sa kanilang kultura at sosyal na estraktura. Ituon sa mga paraan kung ano ang tugon sa kanilang mga pangangailangan. Gamitin ang pinakamabuting paraan ng pakikipag-usap. Siguruhin na ang iyong mga paraan ay base sa Biblia. Huwag gumamit ng anumang paraan na salungat sa mga prinsipyo ng Biblia.

Narito ang talaan ng iba't ibang paraan na ginamit bilang bahagi ng estratehiyang panghihikayat sa iba't ibang bahagi ng bansa. Alin dito ang maaaring mabisa sa pag-abot sa grupo ng mga tao?

- ____ Pagsasahimpapawid sa radio.
- ____ Mga programa sa telebisyon.
- ____ Babasahing Kristiyano ( Mga aklat, magasin, pulyeto).
- ____ "Audio cassettes."
- ____ "Video cassettes."
- ____ Pelikula.
- ____ Klase ng pag-aaral ng Biblia. (Sa tahanan, iglesya, o sa lugar ng pagtitipon ng komunidad.
- ____ "Correspondence" na mga kurso.
- ____ Paaralan ng Biblia at mga kolehiyo.
- ____ Pagsasanay sa mga Kristiyanong layko.
- ____ Sekular na mga pahayagan/ magasin.
- ____ Pagsaksi sa bahay-bahay.
- ____ Konsiyerto ng musika.
- ____ Espesyal na panghihikayat na pagtitipon sa iglesya.
- ____ "Open air" na pagtitipon (Krusada, kalsada, at parke).
- ____ Kristiyanong paaralan para sa mga bata, elementarya, at high school.
- ____ Pag-aalga sa kalusugan.
- ____ "Emergency relief" ( pag-aalaga na ibinigay sa taggutom, kalamidad, at iba pa).
- ____ Trabaho at pagtulong sa"job skills"(Kung saan ang walang trabaho ay pangunahing problema).
- ____ Pamamahagi ng pagkain.
- ____ Pagtulong sa agrikultura.
- ____ Kristiyanong sining at dula.
- ____Natatanging "outreach team" para sa kabataan, mga bata, kalalakihan, kababaihan, at iba pa.
- ____ Gawain ng pagtuturo ng pagbasa at pagsulat (tumulong sa mga tao na matutong bumasa at magsulat).
- ____ Pagtulong sa mga inang nagtatrabaho sa pagaalaga ng mga bata.
- ____ Ministeryo sa bilangguan.
- ____ Ministeryo sa espesyal na mga grupo ( Pisikal o may mental na kapansanan, nalululong sa ipinagbabawal na gamot, alcohol, walang asawang mga ina, matanda, at iba pa).

Pagkatapos na malaman mo ang mga paraan sa pamamagitan ng panalangin at pagsusuri, itanong ito: Anong oposisyon ang maaaring lumitaw laban sa mga paraan na ito, maaaring galing sa grupo ng mga tao o panlabas na puwersa? Paano mo pakikitunguhan ang mga oposisyon na ito?

## GUMAWA NG PLANO

Ang pagsusuri na iyong nabuo ay walang pakinabang hanggat hindi mo ginagamit ang iyong natutuhan tungkol sa mga tao na iyong pinag-aralan. Ang mga taong ito ay hindi maaabot sa pamamagitan lamang ng pag-aaral. Dapat kang gumawa ng plano para maabot sila ng Ebanghelyo. Sa huling kabanata ikaw ay gumawa ng plano para matupad ang iyong sariling

personal na ministeryo. Sa kabanatang ito at sa susunod na mga kabanata ikaw ay gagawa ng plano para maabot ang mga tao, lugar ng heograpiya, mga bansa, at rehiyon ng mundo. Ang kabanatang Labingisa, "Isang Estratehiya Para sa Pagpaplano," ay makatutulong sa iyo na gawin ito.

"Credit note": Ang ilan sa mga tanong para sa pagsusulit na ito ay kinuha mula sa aklat na may pamagat na "That Everyone May Hear" isinulat ni : Edward R. Dayton.

# PANSARILING PAGSUSULIT

1. Isulat ang Susing Talata mula sa memorya.

_______________________________________________________________________

_______________________________________________________________________

2. Ibigay ang kahulugan ng terminong “grupo ng mga tao.”

_______________________________________________________________________

_______________________________________________________________________

3. Ano ang kasama sa pagsusuri ng grupo ng mga tao?

_______________________________________________________________________

_______________________________________________________________________

4. Ano ang mga layunin ng pagsusuri ng grupo ng mga tao?

_______________________________________________________________________

_______________________________________________________________________

5. Bilang bahagi ng iyong pag-aaral ng aralin na ito, aktuwal mo bang nabuo ang pagsusuri sa grupo ng mga tao?

_______________________________________________________________________

_______________________________________________________________________

6. Ikaw ba ay gumawa ng plano para magamit ang iyong natutuhan para palaganapin ang Ebanghelyo sa grupong ito?

_______________________________________________________________________

(Ang sagot sa pagsusulit ay nakasulat sa pagtatapos ng huling kabanata ng manwal na ito.)

# PARA SA DAGDAG NA PAG-AARAL

Pag-aralan ang Oseas kabanata labing-isa. Ang kabanatang ito ay pagsusuri Ng Dios sa grupo ng mga tao na taga Ephraim at mga Samaritano na bahagi ng bansang Israel. Ang mga taong ito ay hindi napagtanto ang tunay na kalagayang espirituwal (talatang 9). Ang "Puting Buhok" kung espirituwal na ilalapat ang ibig sabihin ay tanda ng espirituwal na panghihina at patungo sa espirituwal na kamatayan.

Sa natural na mundo isang bagay ang mayroon kang puting buhok, at ibang bagay ang mayroon ka nito ngunit hindi mo alam. Ito ay salungat sa likas na ang isang tao ay mayroon na puting buhok ngunit hindi alam ito. Ang problema Ng Dios sa Kanyang mga anak ay hindi sa pagkakaroon ng puting buhok, kundi mayroon sila ngunit hindi nila alam. Ang pagkakaroon ng puting buhok ngunit hindi alam ito ay halimbawa ng hindi sinuring buhay. Ayon sa talatang 2 "hindi nila inisip sa kanilang puso." Sa kanilang puso, hindi nila kinilala ang mga tanda ng pagbaba ng espirituwal na kalakasan at ang nalalapit na espirituwal na kamatayan ( puting buhok).

Narito ang ilan sa mga bagay na naging sanhi ng pagbaba ng espirituwal na kalakasan. Suriin ang iyong sariling puso sa pag-aaral ng mga talaan na ito:

**1. ISANG MAPANLINLANG NA ANYO:**

Ginamit Ng Dios ang isang hurno para ilarawan ang mga talatang ito 6-7. Ang tingin sa apoy sa hurno ay wala, ngunit sa katotohanan ito ay nagbabaga. Mayroon ka bang kilalang mga tao na sa panlabas na anyo ay mabuti? Sila ay kumikilos na isang Kristiyano, nagsasalita na katulad ng isang Kristiyano, gumagawa ng mabubuting mga gawa, ngunit sa loob ay apoy na nagbabaga. Mayroong sakit, poot, galit, pagpula, inggit, kasakiman, walang pagpapatawad. Binuksan ng Dios ang pinto ng hurno para ipahayag ang problema. Hinahayaan Niya ang mga pangyayari sa ating mga buhay para madiskubre natin na wala tayong tagumpay na iniisip natin na nasa atin.

**2. BAHAGYANG PAGSUNOD:**

Ginamit Ng Dios ang bahagyang luto na tinapay para ilarawan ito sa talatang 8. Mayroon silang ginawa na mga bagay na iniutos Ng Dios ngunti ang iba ang hindi nila ginawa. Ang bahagyang pagsunod sa pangkalahatang ay pagsuway. Ang babae na 85% na tapat sa kanyang asawa sa katunayan siya ay 100 % na hindi tapat sa Kanya.

**3. HINDI PALAGIANG KATAPATAN:**

Ito ay inilarawan sa pamamagitan ng halimbawa ng mangmang na kalapati sa talatang 11. Ang mga taong ito ay sumusunod kahit kaninong tinig na nangangako ng tulong, halimbawa Egipto, Assyria, at iba pa. Ang pagtingin dito at doon ay hindi makalulutas ng ating mga problema. Ang solusyon ay hindi sa Egipto o Assyria. Ang solusyon ay Ang Panginoon Jesu- Cristo.

**4. HINDI MAPAGKAKATIWALAAN NA PAGLILINGKOD:**

Ito ay inilarawan ng isang maling tabak sa talata 16. Inihambing Ng Dios ang mga taong ito sa isang maluwag na tali ng tabak na nawala ang bisa. Kung tayo ay hindi maasahan sa ating Kristiyanong paglilingkod patuloy natin na hindi maabot ang layunin. Hindi kailanman tayo madadala sa "target". Hindi natin kailanman maabot ang layunin Ng Dios para sa ating mga buhay.

Nais din na iwasto ng Dios ang mga kahirapan sa ating mga buhay. Sinabi Niya sa talatang 1, "Sila ay bumalik… ngunit hindi Sa Akin." Nais Ng Dios na pagalingin, muling buhayin, pagpalain, at gamitin tayo ngunit tayo ay atubili para maabot ang kinakailangan, na dapat tayong bumalik Sa Kanya. Kung minsan tayo ay bumabaling, ngunit sapat lamang para malutas ang ating problema. Hindi tayo bumabalik Sa Dios. Hindi sapat na basta lamang bumalik Sa Dios, dapat tayong bumalik sa Kanya ng buong pagsuko.

# IKA-PITONG KABANATA

## PAGSUSURI NG ISANG LUGAR

**MGA LAYUNIN:**

Pagkatapos pag-aralan ang kabanatang ito ikaw ay may kakayahan na:

- Isulat ang Susing Talata mula sa memorya.
- Ibigay ang kahulugan ng termino na "lugar" kung paano ito ginamit sa pag-aaral na ito.
- Ipaliwanag kung ano ang kasama sa pagsusuri ng isang lugar.
- Kilalanin ang layunin ng pagsusuri ng lugar.
- Magsuri ng isang lugar.
- Gamitin ang pagsusuri para palaganapin ang Ebanghelyo sa loob ng lugar na ito.

**SUSING TALATA:**

> **At sinalot ng Panginoon si Faraon at ang kaniyang sangbahayan, ng malaking pagsalot dahil kay Sarah na asawa ni Abram. (Genesis 13:17)**

**PAMBUNGAD**

Sa huling kabanata iyong sinuri ang grupo ng mga tao. Sa aralin na ito iyong susuriin ang isang tiyak na lugar para sa layunin na maabot ito ng Ebanghelyo.

**ISANG LUGAR**

Para sa layunin ng pag-aaral na ito, ang isang lugar ay binigyang kahulugan bilang isang tiyak na bahagi ng bansa na kinilala bilang itinakda ng heograpiya, palawikaan, kultura, o politika.

**Ang heograpiyang lugar,** halimbawa, maaaring lambak na pinalilibutan ng mga bundok na naghihiwalay mula sa ibang bansa. Ang hangganan ng isang heograpiya at itinakda ng mga natural na elemento.

**Ang palawikaan na lugar** ay ang lahat na teritoryo sa loob ng isang bansa kung saan ang mga tao ay may magkatulad na salitang ginagamit.

**Ang kultura na lugar** ay ang teritoryo sa loob ng isang bansa kung saan ang lahat ng grupo ng mga tao ay magkatulad. Halimbawa, maaari na silang lahat ay grupo ng mga tribo o ang lahat ay tagasunod ng isang relihiyon.

**Ang lugar na politika** ay isang bayan, siyudad, bansa, lalawigan, o estado sa loob ng isang bansa. Ang hangganan ay itinakda ng gobyerno.

## PAGSUSURI NG ISANG LUGAR

Kung ikaw ay gagawa ng pagsusuri ng isang lugar, ikaw ay nagsusuri ng tiyak na lugar sa loob ng isang bansa. Dapat mong itakda ang politika, heograpiya, palawikaan, at kultura na mga bagay na gumagawa bilang hiwalay na lugar. Iyong susuriin ang espirituwal na kalagayan. Susuriin mo rin ang panlabas na puwersa mula sa nasa labas na lugar na maaaring makaapekto sa pagtanggap ng Ebanghelyo.

## ANG LAYUNIN NG PAGSUSURI NG ISANG LUGAR

Ang pakay ng iyong pag-aaral ay para maabot ang tiyak na lugar ng isang bansa ng Ebanghelyo. Ito ay pagsaliksik para sa layunin ng panghihikayat, hindi lamang dahil sa kapakanan ng pagsasaliksik. Maging maingat ka na hindi mo ubusin ang iyong panahon sa pag-aaral at hindi mo maabot ang pagtupad ng layunin na sa una pa lamang ay nagudyok sa iyong pag-aaral! Ang mga bagay na nagsama sa isang lugar at gawin itong kakaiba ay magbibigay sa iyo ng pangkalahatang estratehiya para maabot ang buong lugar ng Ebanghelyo.

Iyong masusuri ang isang lugar sa pagsagot ng mga tanong na ito:

### ANO ANG GRUPO NG MGA TAO SA LUGAR NA ITO?

Sino sila, gaano karami, saan ang lokasyon nila?

### ANO ANG KARANIWAN SA MGA GRUPONG ITO?

Ano ang nag-iisa sa grupo ng mga taong ito bilang bahagi ng naiibang lugar?

### ANONG URI ANG LUGAR NA ITO?

Ano ang dapat na malaman mo tungkol sa lugar na ito para maabot ang mga tao na nakatira dito ng Ebanghelyo?

### SINO ANG DAPAT UMABOT SA LUGAR NA ITO?

Ano ang mga kinakailangang katangian ng mga manggagawa para maipangalat ang Ebanghelyo sa lugar na ito?

### PAANO MAABOT ANG LUGAR NA ITO?

Ano ang karaniwang mga paraan na maaaring magamit sa buong lugar? Alin ang pinaka-mabisa? Ang mga sagot sa mga tanong na ito ay makatutulong sa iyo para maitakda ang iyong tungkulin sa pag-abot sa isang lugar at matulungan ka ng paggawa ng plano para maabot ito ng Ebanghelyo.

## PAANO MAGTIPON NG IMPORMASYON

Maaari kang magtipon ng impormasyon para sa iyong pagsusuri sa pamamagitan ng:

**PANALANGIN:**

Hilingin sa Dios na ipahayag kung ano ang kailangang malaman tungkol sa lugar na ito para maabot ito ng Ebanghelyo.

**PAG-AARAL NG NAKALIMBAG NA MGA MATERYAL:**

Pag-aralan ang mga aklat at nakalimbag na mga material tungkol sa lugar. Ang talaan ng posibleng mga panggagalingan ng impormasyon ay kasama sa Apendiks ng manwal na ito.

**PAGMAMASID:**

Personal na maglakbay sa buong lugar at obserbahan ang lupa at mga tao.

**PAKIKIPANAYAM:**

Magtanong sa mga tao na mga lider at nakatira sa lugar. Kung mayroon nang mga mananampalataya na nagmiministeryo sa lugar, makipanayam sa kanila para madiskubre kung ano ang kanilang natutuhan. Ang halimbawa ng mga pakikipanayam ay kasama sa Apendiks ng kursong ito.

**Gamitin ang sumusunod na balangkas ng pagsusuri ng lugar. Maaaring hindi mo masagot ang lahat ng mga tanong tungkol sa lugar, ngunit sagutin ang mga maaaring makuhang impormasyon.**

## KILALANIN ANG LUGAR

Una, tiyakin na ang teritoryo na iyong napili ay naiiba. Ang isang lugar ay itinuturing na kakaiba o hiwalay, ito ay dapat na may isa sa mga sumusunod na mga dahilan:

-Ang lahat ng mga tao sa lugar ay nagsasalita ng magkatulad na salita.

-Ang grupo ng mga tao sa lugar ay magkakatulad ang kultura. Halimbawa, ang lahat ng grupo ng mga tao sa isang lugar ay grupo ng tribo, o ang lahat ay kaanib ng isang relihiyon.

-Ang lugar ay nahahati mula sa ibang bansa sa pamamagitan ng natural na elemento ng heograpiya katulad ng mga bundok, ilog, at iba pa.

-Ang lugar ay political na hiwalay: Ito ay maaari na …

-Nayon
-Bayan
-Bansa
-Estado
-Lalawigan
-Hiwalay na teritoryo na pag-aari ng isang bansa
-Iba pa:___________________________

## ANONG GRUPO NG MGA TAO ANG NASA LOOB NG LUGAR NA ITO?

1. Anong grupo ng mga tao ang nakatira sa lugar na ito? Kunin ang pangalan at bilang ng populasyon ng bawa't grupo sa lugar.

2. Humingi o gumuhit ng mapa ng lugar at hanapin ang bawa't grupo ng mga tao rito. Magsimulang ipanalangin ang lugar na ito at ang iba't ibang grupo ng mga tao.

3. Ano ang kabuuang populasyon ng lahat ng mga tao sa buong lugar?

## ANO ANG KARANIWAN SA GRUPONG ITO?

Sa kabuuan, paano ang grupo na ito ay nagkakatulad:

a. Panlipunan:
b. Kultura:
c. Palawikaan:
d. Relihiyon:
e. Politika:

Paano ang mga grupo na ito ay nagkakaiba:

a. Panlipunan:
b. Kultura:
c. Palawikaan:
d. Relihiyon:
e. Politika:

(Pansinin: Maaari na nais mong gumawa ng "Pagsusuri ng Grupo ng mga Tao" sa bawa't magkakibang grupo sa lugar. Ito ay makatutulong sa iyo na maunawaan at magdesenyo ng estratehiya para maabot sila.)

## ANONG URI ANG LUGAR ITO?

## PAGSUSURING HEOGRAPIYA:

1. Anong heograpiyang mga dahilan ang magiging sagabal para sa pagkalat ng Ebangehlyo sa lugar na ito?

2. Anong heograpiyang mga dahilan ang maaaring magamit para makatulong sa pagkalat ng Ebanghelyo sa lugar na ito? (Halimbawa, mayroon ba na natural na ruta ng kalakal o paglalakbay sa kung saan ang iglesya ay maaaring maitayo?)

3. May panahon ba sa loob ng isang taon ang pinakamabuting paglalakbay sa lugar para makapagministeryo?

4. Kumuha ng mga impormasyon sa mga sumusunod na mga bagay na makatutulong para maabot ang lugar na ito:

a. Pangunahing mga lunsod: Lagyan ng tanda sa iyong mapa. Sa lugar na ito pinakamalaki ang populasyon, kaya nais mong makasiguro na magdesenyo ng estratehiya para maabot sila sa iyong plano.

b. Mga naitatag na paliparan: Lagyan ng tanda sa iyong mapa.

c. Magagamit na "airstrips o tubig daungan: Lagyan ng tanda sa iyong mapa.

d. Ang lugar ba ay may serbisyo ng telepono?

e. Ang lugar ba ay may serbisyo ng telegrama?

f. Ang lugar ba ay may tren o bus na sasakyan?

g. May magagamit ba na daan para sa sasakyang panlupa? Hanapin ang mga ito sa mapa.

h. May magagamit ba na mga ilog o dagat? ( "Paglayagan" ang ibig sabihin ay maaari mong magamit para ang bangka ay makapaglakbay). Hanapin ang mga ito sa iyong mapa.

**<u>PAGSUSURI NG LIPUNAN:</u>**

1. Gaano kabukas ang mga tao sa mga "tagalabas" (mga tao na hindi galing sa magkatulad na lugar)? Ang pagkaalam mo rito ay maghahanda sa iyo para sa antas ng pagtanggap na iyong mararanasan sa una mong pagpasok sa lugar na ito para ibahagi ang Ebanghelyo.

2. Sa kabuuan, sino ang namamahala sa pinansiyal at material na pinagkukunan ng lugar? Maaari kang mangailangan ng kanilang tulong para makakuha ng ari-arian para sa iglesya at mga pinansiyal na tulong para sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo.

**<u>PAGSUSURI NG KULTURA:</u>**

Pag-aralan ang mga kaugalian ng kultura para sa lugar na ito na maaaring makaapekto sa pagtanggap ng Ebanghelyo. Narito ang ilan sa mga dapat isaalang-alang:

1. <u>Mga pinaniniwalaan at pinahahalagahan:</u>

   a. Ano ang pinahahalagahan ng kultura, mga pinaniniwalaan, o kinaugalian sa lugar na maaaring <u>makatulong</u> sa mga tao para maunawaan ang Ebanghelyo?

   b. Ano ang pinahahalagahan ng kultura, mga pinaniniwalaan, o kinaugalian sa lugar na maaari na <u>makasagabal</u> sa mga tao para maunawaan ang Ebanghelyo?

2. <u>Mga Kinaugalian ng Kultura</u>**:**

May kinaugalian ba sa kultura sa lugar na ito na maliwanag sa ipinagbabawal sa Biblia? Kung mayroon, ano ang mga ito? Dapat mong harapin ang mga ito.

3. Mga Pangangailangan:

a. Alalahanin ang kabuuan ng lugar at kilalanin ang pinakamahalagang mga pangangailangan:

_____ Hindi sapat sa pagkain.
_____ Mahinang kalusugan at mga paglilingkod sa medisina.
_____ Hindi maayos na tubig at /o kakulangan nito.
_____ Hindi sapat ang pinansiyal na pinanggagalingan.
_____ Hindi sapat ang heograpiyang pinanggagalingan.
_____ Kulang sa transportasyon.
_____ Hindi maayos na sistema ng komunikasyon.
_____ Hindi sapat na tirahan.
_____ Walang kakayahan na pagbabago.
_____ Pagsiil ng politika.
_____ Iba pa: ____________________________________________

Ang iyong pagpapahayag ng Ebanghelyo at ang iyong mga paraan ng ministeryo ay maaaring iugnay sa mga pangangailangan na ito.

b. Ano ang mga pangangailangan na nakikita mo na maayos na maabot sa lugar na ito? Anong mga pangangailangan ang WALA sa lugar na ito?

4. Edukasyon:

Ano ang kabuuan ng antas ng edukasyon ng karamihan sa mga tao sa lugar na ito? Ano ang antas ng karunugnan sa pagbasa at pagsulat? Ilan ang mga taong nakapagbabasa at nagsusulat sa kanilang sariling lengguwahe? (Mahalaga na malaman ito dahil hindi mo nais na magdesenyo ng pag-abot ng Ebamghelyo base sa "literature" kung ang karamihan sa mga tao sa lugar ay hindi nagbabasa at nagsusulat.)

Maaari na gumawa ka ng pagsisiyasat:

a. Ilan ang paaralang elementarya sa lugar ?
b. Ilan ang paaralan ng "high school" sa lugar?
c. Ilan ang paaralan ng kolehiyo sa lugar?
d. Ilan ang "Bible school" sa lugar?

(Ang mga programa sa edukasyon ay maaaring isang paraan na iyong magagamit para maabot ang lugar na ito kung mayroong pangangailangan para sa dagdag na mga paaralan.)

5. Komunikasyon:

a. Anong lengguwahe (o mga lengguwahe) ang pinaka-angkop para sa pagpapahayag ng Ebanghelyo sa lugar na ito? Una, nais mo na maabot ang pinakamalaking bilang ng mga

tao sa isang lugar, kaya nga unang piliin ang lengguwahe na sinasalita ng karamihan ng mga tao.

Ang pangunahin na lengguwahe na sinasalita ng mga tao sa lugar na ito ay ___________________.

Ang ibang mga lengguwahe na kinakailangan sa hinaharap para maabot ang natirang mga tao : ___________________________

b. Ano ang kalagayan ng pagsasalin sa Biblia ng lengguwahe na pinaka-angkop para maabot ang lugar na ito?

Bagong Tipan:

Lumang Tipan:

c. Ang mga tao ba sa lugar na ito ay maaabot sa pamamagitan ng:

______Pahayagan ( Sila ba ay tumatanggap ng Kristiyanong paanunsiyo?)
______Nakasulat na babasahin (Ang mga tao ba na aabutin ay nakababasa?)
______Radyo (Ang mga estasyon ba ay nagpapahintulot ng Kristiyanong pamamahayag?)
______Telebisyon ( Ang mga estasyon ba ay nagpapahintulot ng Kristiyanong pamamahayag?)
______ "Tape recordings" ( Ang mga tao ba ay may magagamit na "tape recorders"?)
______ Mga pelikula, "video tapes ( Mayroon bang ganitong kagamitan sa lugar na ito?)
______ Telepono ( Ang mga tao bang inaabot ay may telepono?)

d. Ano ang pangunahing paraan ng komunikasyon sa buong lugar?

**PANLABAS NA MGA IMPLUWENSIYA:**

1. Ano ang mga pagbabago na nangyayari sa lugar na ito bilang resulta ng sistema ng politika o panlabas na puwersa ng modernisasyon?

2. Mayroon ba sa mga pagbabago na ito ang makatutulong sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo?

3. Ano ang organisadong grupo o ahensiya mula sa labas ng lugar ang maaaring sumalungat sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo sa loob ng lugar na ito? Bakit?

Huwag kailanman makahadlang sa iyo ang pagbabawal o oposisyon para magministeryo sa isang lugar na iyong nadarama na tinatawag ka Ng Dios. Kung hindi ka napahintulutan na umabot sa kanila sa ilang mga paraan, gumamit ng ibang mga paraan.

**POLITIKAL NA PAGSUSURI:**

1. Maikling ilarawan ang sistema ng politika sa lugar na ito.

2. Ano ang grupo ng mga politika sa lugar na ito ang maaaring makasagabal sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo?

3. Ano ang grupo ng mga politika sa lugar na ito ang maaring makatulong sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo?

4. Anong mga regulasyon sa gobyerno ang maaaring makasagabal sa iyong ministeryo sa lugar na ito?

5. Ano ang mga regulasyon sa gobyerno na maaaring makatulong sa iyong ministeryo sa lugar na ito?

6. Sino ang susing lider ng politika sa lugar na ito? Maaari kang makipagkilala sa kanila at subukin na makuha ang kanilang tulong sa iyong ministeryo sa lugar na ito.

**ESPIRITUWAL NA PAGSUSURI:**

1. Anong mga grupo ng relihiyon ang makikita sa lugar na ito?

2. Ilan ang mga tao na sumusunod sa bawa't relihiyon?

3. Ano ang pangkalahatan na ugali sa lugar na ito tungo sa pagbabago ng anumang relihiyon? Ang sagot sa tanong na ito ay maghahanda sa iyo para sa oposisyon ng relihiyon na maaari mong makaharap.

4. Ilan ang kabuuang bilang ng nagpapanggap na mga Kristiyano?

5. Makikilala mo ba ang susing mga Kristiyanong lider sa lugar na ito?

6. Ibinibilang mo ba na ang lugar na ito ay:

_____ Hindi nahikayat.
_____ Ang iba ay nahikayat
_____ Sapat na nahikayat.

7. Sa pangkalahatan, naniniwala ka ba na ito ang panahon para sa pagtatanim ng Ebanghelyo sa lugar na ito o panahon para sa pag-aani?

8. Ano ang Kristiyanong mga iglesya o misyon ang nagsubok sa lugar na ito at NABIGO? Ano ang paniniwala mong mga dahilan sa kanilang pagkabigo? Maaari kang matututo sa mga kabiguan ng iba at huwag maulit ang magkatulad na mga pagkakamali.

9. Anong Kristiyanong mga iglesya o mga misyon ang KASALUKUYAN NA AKTIBO sa loob ng lugar?

10. Alin sa mga ito ang mabisa at bakit sila mabisa? Maaari kang matuto mula sa mga tagumpay ng mga grupong ito. Maaaring makiisa ka sa kanila sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo sa lugar na ito.

11. Paano ka makiki-isa sa kanila sa pag-abot sa lugar na ito?

12. Alin sa grupo ng mga tao ang may kumikilos na mga ministeryo?

13. Mayroon bang grupo ng mga tao sa lugar na ito na wala pang Kristiyanong pagsaksi sa kanila?

14. Kung mayroon nang Kristiyanong pagsaksi sa lugar na ito, anong lengguwahe o mga lengguwahe ang ginagamit? Maaaring madala na maabot ang mga tao sa lugar na ito na nagsasalita ng ibang lengguwahe at hindi kasalukuyan na naaabot ng pangkasalukuyan na Kristiyanong pagsaksi.

15. Ano ang mga URI ng Kristiyanong ministeryo ang kasalukuyan na ginagawa sa lugar na ito? Huwag mong gayahin o makipagkompetensiya sa pagkasalukuyan na pagsisikap sa iyong paggawa ng iyong plano. Ang iyong layunin ay maabot ang mga hindi pa naaabot ng Ebanghelyo.

16. Ano ang pangkalahatang ugali ng mga tao sa lugar na ito tungo sa mga naroon nang mga Kristiyanong misyon?

_______ Napopoot
_______Walang halaga
_______ Mabait

17. Ilan ang tunay na Ebanghelikong mga iglesya sa lugar na ito?

18. Gaano kabilis sila lumalago?

19. Ano ang mga kahirapan na kanilang nararanasan at bakit?

20. Alin sa kanila ang nagtatagumpay at bakit?

21. May pangangailangan bang magtatag ng marami pang mga iglesya?

22. Makikilala mo ba kung anong mga pamunuan at kapangyarihan ni Satanas ang aktibo o nangunguna sa lugar na ito? ( Ang nangungunang mga pamunuan at mga kapangyarihan ni Satanas ay ipinaliwanag sa Kabanatang Anim.)

## SINO ANG DAPAT NA UMABOT SA KANILA?

Sino ang dapat na umabot sa lugar na ito? Ilan ang mga manggagawa na kinakailangan para sapat na maabot ang lugar na ito? Ang iyong palagay na bilang ng populasyon ay makatutulong para malaman ito.

Ano ang kinakailangang mga katangian para sa mga manggagawa para palaganapin ang Ebanghelyo sa lugar na ito? Ang sinoman na magbabahagi ng Ebanghelyo ay dapat na…

-Maging mananampalataya na may nakikitang palatandaan ng ganito sa kanilang uri ng pamumumhay, ugali, at asal.

-Magkaroon ng mabuting personal na pananalangin at pag-aaral ng Biblia.

-Ang espirituwal na mga kaloob ay maayos na iangkop sa mga paraan na gagamitin para maabot ang mga tao sa lugar..

-Maging laan: Ang kakayahan ay walang ibubuti kung walang kang panahon. Ang tao ba ay nakalaan at handa na humayo?

-Umayon ng maayos sa katawan ni Cristo (nakalaan na maki-isa sa ibang kaanib para sa layunin ng pag-abot sa mga tao ng Ebanghelyo).

-Tumugon sa tawag Ng Dios sa pagmiministeryo sa mga tiyak na mga tao.

-Maging handang-handa ka sa iyong pisikal, espirituwal, at pinag-aralan para maabot ang lugar na ito.

## PAANO SILA MAAABOT?

Paano maaabot ang lugar na ito? Anong paraan ang dapat gamitin? Para sagutin ang tanong na ito, gamitin kung ano ang iyong natutuhan tungkol sa heograpiya, pampanalitaan, kultura, politika, at espirtuwal na pagsusuri sa lugar na ito. Ano ang pagkakatulad sa pagitan ng grupo ng mga tao sa lugar na ito na hinahayaan ang karaniwang mga paraan na maaaring magamit? Ano ang mga pagkakaiba sa pagitan ng grupo ng mga tao ang nangangailangan ng ibang pamamaraan? Siguruhin na ang iyong mga paraan ay base sa Biblia. Huwag gumamit ng anumang paraan na salungat sa mga prinsipyo ng Biblia.

Ano ang mga estratehiya ng panghihikayat na naging mabisa sa lugar na ito? Ano ang bagong mga paraan na maaari mong subukin? Pagkatapos na iyong malaman ang mga paraan sa pamamagitan ng panalangin at pagsusuri, itanong ito: Ano ang oposisyon na maaaring lumabas laban sa mga paraan na ito, maaring mula sa grupo ng mga tao sa lugar na ito o panlabas na mga puwersa? Paano mo pakikitunguhan ang mga oposisyon na ito?

## GUMAWA NG PLANO

Ang pagsusuri na iyong nabuo ay walang pakinabang hanggat hindi mo gagamitin ang iyong natutuhan tungkol sa iyong napag-aralan. Ito ay hindi maaabot sa pag-aaral lamang. Dapat kang gumawa ng plano para maabot ito ng Ebanghelyo. Ang Ika-labingisang kabanata, “Ang Estratehiya Para sa Pagpaplano,” ay makatutulong sa iyo sa paggawa ng plano para maabot ang lugar na iyong sinuri.

# PANSARILING PAGSUSULIT

1. Isulat ang Susing Talata mula sa memorya.

_______________________________________________

_______________________________________________

2. Ibigay ang kahulugan gn terminong “lugar” kung paano ito ginamit sa aralin na ito.

_______________________________________________

_______________________________________________

3. Ano ang kasama sa pagsusuri ng lugar?

_______________________________________________

_______________________________________________

4. Ano ang mga layunin ng pagsusuri ng isang lugar?

_______________________________________________

_______________________________________________

5. Bilang bahagi ng pag-aaral ng aralin na ito, aktuwal ba na nabuo mo ang pagsusuri ng isang lugar?

_______________________________________________

6. Gumawa ka ba ng plano para magamit ang iyong natutunan sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo sa lugar na ito?

_______________________________________________

(Ang mga sagot sa pagsusulit ay nakasulat sa pagtatapos ng huling kabanata ng manwal na ito.)

# PARA SA DAGDAG NA PAG-AARAL

Pag-aralan ang Genesis kabanata 13 na nagbibigay ng pagsusuri ng dalawang magkaibang lugar. Ang isa ay ang "Kapatagan Ng Jordan," at ang isa ay ang "Lupa Ng Canaan." Itala ang mga resulta ng iyong pagsusuri:

| Kapatagan Ng Jordan | Lupa Ng Canaan |
| --- | --- |

# IKA-WALONG KABANATA

# PAGSUSURI NG ISANG BANSA

**MGA LAYUNIN:**

Pagkatapos pag-aralan ang kabanatang ito ikaw ay may kakayahan na:

- Isulat ang Susing Talata mula sa memorya.
- Ibigay ang kahulugan ng terminong "bansa."
- Ipaliwanag kung ano ang kasama sa pagsusuri ng isang bansa.
- Kilalanin ang mga layunin ng pagsusuri ng isang bansa.
- Magsuri ng isang bansa.
- Gamitin ang iyong pagsusuri sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo sa loob ng isang bansa.

**SUSING TALATA:**

> **At ipangaral sa kaniyang pangalan ang pagsisisi at pagpapatwad ng mga bansa, magbuhat sa Jerusalem. (Lucas 24:47)**

## PAMBUNGAD

Iyong natutunan ang pagsusuri ng grupo ng mga tao at isang tiyak na lugar sa loob ng isang bansa. Sa aralin na ito iyong matututunan kung paano magsuri ng buong bansa para maabot ito ng Ebanghelyo.

## ISANG BANSA

Ang isang bansa ay binubuo ng mga tao na nagkakaisa na may magkatulad na sistema ng politika. Ito ay teritoryo na may naitatag sa hangganan ng pambansa.

## PAGSUSURI NG ISANG BANSA

Kung ikaw ay nagsusuri ng isang bansa iyong pinag-aaralan ng detalye para malaman ang politika, heograpiya, palawikaan, kultura, espirituwal na bahagi at panlabas na puwersa na maaaring makaapekto sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo sa buong bansa.

## ANG PAKAY NG PAGSUSURI NG ISANG BANSA

Ang pakay ng iyong pag-aaral ay para mapalawak mula sa isang lugar kung saan ka nagmiministeryo para maabot ang buong bansa ng Ebanghelyo. Ito ay pagsisiyasat para sa layunin ng panghihikayat, hindi lamang para sa ikabubuti ng pagsisiyasat. Mag-ingat na hindi mo magamit ang lahat ng panahon sa pag-aaral at hindi kailanman maabot ang pakay na kung bakit ka nahikayat sa iyong pag-aaral! Ang mga bagay para magkaisa ang buong bansa at gawin itong kakaiba mula sa ibang mga bansa ay magbibigay sa atin ng pangkalahatang estratehiya para maabot ang buong bansa ng Ebanghelyo.

Iyong masusuri ang isang bansa sa pagsagot sa mga tanong na ito:

**ANONG GRUPO NG MGA TAO ANG NASA LOOB NG BANSANG ITO?**

Sino sila, ilan sila, saan sila naroroon? Alin ang mga naabot na ng Ebanghelyo at alin ang hindi pa?

**ANO ANG KARANIWAN SA MGA GRUPONG ITO?**

Ano ang nag-iisa sa grupo ng mga taong ito bilang bahagi ng bansang ito? Paano sila nagkakatulad tungkol sa panlipunan, kultura, palawikaan, relihiyon, at politika?

**ANONG URI ANG BANSANG ITO?**

Ano ang dapat na malaman mo tungkol sa bansang ito para maabot ang mga tao na nakatira dito ng Ebanghelyo?

**SINO ANG DAPAT UMABOT SA BANSANG ITO?**

Ano ang mga kinakailangang katangian para sa mga manggagawa para maipangalat ang Ebanghelyo sa bansang ito?

**PAANO MAAABOT ANG BANSANG ITO?**

Ano ang pangkalahatang mga paraan na maaaring magamit sa buong bansa? Alin ang pinaka mabisa? Ang mga sagot sa mga tanong na ito ay makatutulong sa iyo para maitakda ang iyong tungkulin sa pag-abot sa isang bansa at matulungan ka ng paggawa ng plano para maabot ito ng Ebanghelyo.

## PAANO MAGTIPON NG IMPORMASYON

Maaari kang magtipon ng impormasyon para sa iyong pagsusuri sa pamamagitan ng:

**PANALANGIN:**

Hilingin sa Dios na ipahayag kung ano ang kailangan na malaman tungkol sa bansang ito para maabot ito ng Ebanghelyo

**PAG-AARAL NG NAKASULAT NA MGA MATERYAL:**

Pag-aralan ang mga aklat at nakasulat na mga materyal tungkol sa bansa. Ang talaan ng posibleng mga panggagalingan ng impormasyon ay kasama sa Apendiks ng manwal na ito.

**PAGMAMASID:**

Personal na maglakbay sa buong bansa at obserbahan ang lupa at mga tao.

**PAKIKIPANAYAM:**

Magtanong sa mga tao na mga lider at nakatira sa bansa. Kung mayroon nang mga mananampalataya na nagmiministeryo sa bansa, makipanayam sa kanila para madiskubre kung ano ang kanilang natutuhan. Ang halimbawa ng mga pakikipanayam ay kasama sa Apendiks ng kursong ito.

**Gamitin ang sumusunod na balangkas ng pagsusuri ng bansa. Maaaring hindi mo masagot ang lahat ng mga tanong tungkol sa bansa, ngunit sagutin ang mga maaaring makuhang impormasyon.**

## ANONG GRUPO NG MGA TAO ANG NASA LOOB NG BANSANG ITO?

1. Anong grupo ng mga tao ang nakatira sa bansang ito? Kunin ang pangalan at bilang ng populasyon ng bawa't grupo sa bansa.

2. Humingi o magguhit ng mapa ng bansa at hanapin ang bawa't grupo ng mga tao dito. Ang bansa ba ay nahahati sa ilang mga distrito na mga lugar base sa lokasyon at iba't ibang grupo ng mga tao? Magsimulang ipanalangain ang bansang ito at ang iba't ibang grupo ng mga tao.

3. Ano ang kabuuang populasyon ng lahat ng mga tao sa buong bansa?

## ANO ANG KARANIWAN SA GRUPONG ITO?

Sa kabuuan, paano ang grupong ito nagkakatulad:

a. Panlipunan:
b. Kultura:
c. Palawikaan:
d. Relihiyon:
e. Politika:

Paano ang grupo ng mga taong ito nagkakaiba:

a. Panlipunan:
b. Kultura:
c. Palawikaan:
d. Relihiyon:
e. Politika:

(Pansinin: Maaari na nais mong gumawa ng "Pagsusuri ng Grupo ng mga Tao" sa bawa't magkakibang grupo sa bansa. Ito ay makatutulong sa iyo na maunawaan at magdesenyo ang estratehiya para maabot ang bawa't grupo..)

## ANONG URI ANG BANSANG ITO?

## PAGSUSURING HEOGRAPIYA:

1. Anong heograpiyang mga dahilan ang magiging sasagabal para sa pagkalat ng Ebangehlyo sa bansang ito?

2. Anong heograpiyang mga dahilan ang maaaring magamit para makatulong sa pagkalat ng Ebanghelyo sa bansang ito? (Halimbawa, mayroon bang natural na ruta ng kalakal o paglalakbay kung saan ang iglesya ay maaaring maitayo?)

3. May panahon ba sa loob ng isang taon ang pinakamabuting paglalakbay sa lugar para makapagministeryo sa bansang ito?

4. Hatiin ang bansa sa bawa’t lugar base sa natural na heograpiya. Paano ang heograpiya ay makaaapekto sa iyong estratehiya sa bawa’t lugar?

5. Kumuha ng mga impormasyon sa mga sumusunod na mga bagay na makatutulong para maabot ang bansang ito:

b. Pangunahing mga lunsod: Lagyan ng tanda sa iyong mapa. Ang pinakmalaking populasyon sa mga lunsod na ito, kaya nais mong makasiguro na magdesenyo ng estratehiya para maabot sila sa iyong plano.

b. Mga naitatag na paliparan: Lagyan ng tanda sa iyong mapa.

c. Magagamit na “airstrips o tubig daungan: Lagyan ng tanda sa iyong mapa.

d. Ano ang mga lugar sa bansa ang may serbisyo ng telepono?

e. Ano ang lugar na may serbisyo ng telegrama?

f. Ang lugar ba ay may tren o bus na sasakyan?

g. Saan ang mga lugar sa bansa na dapat kang maglakbay ng palakad o nakasakay sa kabayo?

h. Nasaan ang magagamit na daan para sa sasakyang panlupa? Hanapin ang mga ito sa iyong mapa.

i. May magagamit ba na mga ilog o dagat? ( “Paglayagan” ang ibig sabihin ay maaari mong magamit para ang bangka ay makapaglakbay). Hanapin ang mga ito sa iyong mapa.

**PAGSUSURI NG LIPUNAN:**

1. Gaano ka bukas ang mga tao sa bansang ito sa mga "tagalabas"? Ang pagkaalam mo rito ay maghahanda sa iyo para sa antas ng pagtanggap na iyong mararanasan sa una mong pagpasok sa bansang ito para ibahagi ang Ebanghelyo.

2. Sa kabuuan, sino ang namamahala sa pinansiyal at material na pinagkukunan ng bansa? Maaari kang mailangan ng kanilang tulong para makakuha ng ari-arian para sa iglesya at mga pinansiyal na tulong para sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo.

**PAGSUSURI NG KULTURA:**

Pag-aralan ang mga kaugalian ng kultura sa bansang ito na maaaring makaapekto sa pagtanggap ng Ebanghelyo. Narito ang ilan sa mga dapat isaalang-alang:

1. Mga pinaniniwalaan at pinahahalagahan:

   a. Ano ang pinahahalagahan ng kultura, mga pinaniniwalaan, o kinaugalian sa bansa na maaaring makatulong sa mga tao para maunawaan ang Ebanghelyo?

   b. Ano ang pinahahalagahan ng kultura, mga pinaniniwalaan, o kinaugalian sa lugar na maaaring makasagabal sa mga tao para maunawaan ang Ebanghelyo?

2. Mga Kinaugalian ng Kultura**:**

May kinaugalian ba sa kultura sa bansang ito na maliwanag sa ipinagbabawal sa Biblia? Kung mayroon, ano ang mga ito? Dapat mong harapin ang mga ito.

3. Mga Pangangailangan:

   a. Alalahanin ang kabuuan ng bansa at kilalanin ang pinakamahalagang mga pangangailangan:

   _____ Hindi sapat sa pagkain.
   _____ Mahinang kalusugan at mga paglilingkod sa medisina.
   _____ Mahinang edukasyon.
   _____ Hindi maayos na tubig at /o kakulangan nito.
   _____ Hindi sapat ang pinansiyal na pinanggagalingan.
   _____ Hindi sapat ang heograpiyang pinanggagalingan.
   _____ Kulang sa transportasyon.
   _____ Hindi maayos na sistema ng komunikasyon.
   _____ Hindi sapat na tirahan.
   _____ Walang kakayahan na pagbabago.
   _____ Pagsiil ng politika.
   _____ Iba pa: ________________________________________________

   Ang iyong pagpapahayag ng Ebanghelyo at ang iyong mga paraan ng ministeryo ay maaaring iugnay sa mga pangangailangan na ito.

b. Ano ang mga pangangailangan na nakikita mo na maayos na maabot sa bansang ito? Anong mga pangangailangan ang WALA sa lugar na ito?

4. Edukasyon:

Ano ang kabuuan ng antas ng edukasyon ng karamihan sa mga tao sa bansang ito? Ano ang antas ng karunugnan sa pagbasa at pagsulat? Ilan ang mga taong nakapagbabasa at nagsusulat sa kanilang sariling lengguwahe? (Mahalaga na malaman ito dahil hindi mo nais na magdesenyo ng pagabot ng Ebamghelyo base sa "literature" kung ang karamihan sa mga tao sa bansang ito ay hindi nagbabasa at nagsusulat.)

Maaari na gumawa ka ng pagsisiyasat:

a. Ilan ang paaralang elementarya sa buong bansa ?
b. Ilan ang paaralan ng "high school" sa buong bansa?
c. Ilan ang paaralan ng kolehiyo sa bansa?
d. Ilan ang "Bible school" sa bansa ?

Ang mga programa sa edukasyon ay maaaring isang paraan na iyong magagamit para maabot ang bansang ito kung mayroong pangangailangan para sa dagdag na mga paaralan.

5. Komunikasyon:

a. Anong lengguwahe (o mga lengguwahe) ang pinaka-angkop para sa pagpapahayag ng Ebanghelyo sa bansang ito? Una, nais mo na maabot ang pinakamalaking bilang ng mga tao sa isang lugar, kaya nga unang piliin ang lengguwahe na sinasalita ng karamihan ng mga tao.

Ang pangunahin na lengguwahe na sinasalita ng mga tao sa bansang ito ay ___________________.

Ang ibang mga lengguwahe na kinakailangan sa hinaharap para maabot ang natirang mga tao : ____________________________

b. Ano ang kalagayan ng pagsasalin sa Biblia ng lengguwahe na pinaka-angkop para maabot ang bansang ito?

Bagong Tipan:

Lumang Tipan:

c. Gumawa ng magaktulad na pagsusuri ng estado ng pagsasalin ng Biblia para sa ibang lengguwahe sa bansa.

Lengguwahe: _____________________-

Bagong Tipan:

Lumang Tipan:

d. Sa iyong mapa, pansinin ang lokasyon ng iba't ibang palawikaan na paghahati sa bansa. Saan ang lugar na sila ay nagsasalita ng iba't ibang mga lengguwahe?

e. Ang mga tao ba sa lugar na ito ay maabot sa pamamagitan ng:

______Pahayagan ( Sila ba ay tumatanggap ng Kristiyanong paanunsiyo?)
______Nakasulat na babasahin (Ang karamihan ba sa mga tao ay nakababasa?)
______Radyo (Ang mga estasyon ba ay nagpapahintulot ng Kristiyanong pamamahayag?)
______Telebisyon ( Ang mga estasyon ba ay nagpapahintulot ng Kristiyanong pamamahayag?)
______ "Tape recordings" ( Ang mga tao ba ay may "tape recorders"?)
______ Mga pelikula, "video tapes ( Mayroon bang ganitong kagamitan sa lugar naito?)
______ Telepono ( Ang karamihan ba sa mga tao ay may telepono?)

f. Ano ang pangunahing paraan ng komunikasyon na karaniwan sa buong bansa?

**PANLABAS NA MGA IMPLUWENSIYA:**

1. Ano ang mga pagbabago na nangyayari sa bansa bilang resulata ng sistema ng politika o panlabas na puwersa ng modernisasyon?

2. Mayroon ba sa mga pagbabago na ito ang makatutulong sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo?

3. Ano ang organisadong grupo o ahensiya mula sa labas ng bansa ang maaaring sumalungat sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo sa loob ng lugar na ito? Bakit?

Huwag kailanman makahadlang sa iyo ang pagbabawal o oposisyon para magministeryo sa isang lugar na iyong nadarama na tinatawag ka Ng Dios. Kung hindi ka napahintulutan na umabot sa kanila sa ilang mga paraan, gumamit ng ibang mga paraan.

**POLITIKAL NA PAGSUSURI:**

1. Maikling ilarawan ang sistema ng politika sa bansang ito.

2. Ano ang grupo ng mga politika sa bansang ito ang maaaring makasagabal sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo?

3. Ano ang grupo ng politika sa bansang ito ang maaaring makatulong sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo?

4. Anong mga regulasyon sa gobyerno ang maaaring makasagabal sa iyong ministeryo sa bansang ito?

5. Anong mga regulasyon sa gobyerno ang maaaring makatulong sa iyong ministeryo sa bansang ito

6. Sino ang susing lider ng politika sa bansang ito? Maaari kang makipagkilala sa kanila at subukin na makuha ang kanilang tulong para sa iyong ministeryo sa buong bansa.

**ESPIRITUWAL NA PAGSUSURI:**

1. Anong mga grupo ng relihiyon ang makikita sa bansang ito?

2. Ilan ang mga tao na sumusunod sa bawa't relihiyon?

3. Ano ang pangkalahatang ugali ng bansang ito tungo sa pagbabago ng anumang relihiyon? Ang sagot sa tanong na ito ay maghahanda sa iyo para sa oposisyon ng relihiyon na maaari mong makaharap.

4. Ilan ang kabuuang bilang ng nagpapanggap na mga Kristiyano?

5. Makikilala mo ba ang susing mga Kristiyanong lider sa lugar na ito?

6. Ibinibilang mo ba na ang lugar na ito ay:

_____ Hindi nahikayat.
_____ Ang iba ay nahikayat
_____ Sapat na nahikayat.

7. Sa pangkalahatan , naniniwala ka ba na ito ang panahon para sa pagtatanim ng Ebanghelyo sa bansang ito o panahon para sa pag-aani?

8. Anong Kristiyanong mga iglesya o misyon ang sumubok sa lugar na ito at <u>nabigo</u>? Ano ang paniniwala mong mga dahilan sa kanilang pagkabigo? Maaari kang matututo sa mga kabiguan ng iba at huwag maulit ang magkatulad na mga pagkakamali.

9. Anong kilalang Kristiyanong mga iglesya o mga misyon ang <u>kasalukuyang aktibo</u> sa bansang ito?

10. Alin sa mga ito ang mabisa at bakit sila mabisa? Maaari kang matuto mula sa mga tagumpay ng mga grupong ito. Maaaring makiisa ka sa kanila sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo sa lugar na ito.

11. Paano ka makiki-isa sa kasalukuyang mga ministeryo sa pagabot sa bansang ito?

12. Alin sa grupo ng mga tao ang may kumikilos na mga ministeryo?

13. Mayroon bang grupo ng mga tao sa bansang ito na wala pang Kristiyanong pagsaksi sa kanila?

14. Mayroon ba na mga grupo ng lengguwahe na wala pang Kristiyanong pagsaksi

15. Ano ang mga uri ng Kristiyanong ministeryo ang kasalukuyan na ginagawa sa bansang ito? Huwag kang gumaya o makipagkompetensiya sa pagkasalukuyang pagsisikap sa iyong paggawa ng iyong plano. Ang iyong layunin ay maabot ang mga hindi pa naaabot ng Ebanghelyo.

16. Ano ang pangkalahatang ugali ng mga tao sa bansang ito tungo sa mga naroon nang mga Kristiyanong misyon?

_______ Napopoot
_______Walang halaga
_______ Mabait

17. Ilan ang tunay na Ebanghelikong mga iglesya sa bansang ito?

18. Gaano kabilis sila lumalago?

19. Ano ang mga kahirapan na kanilang nararanasan at bakit?

20. Alin sa kanila ang tagumpay at bakit?

21. May pangangailangan ba na magtatag ng marami pang mga iglesya?

22. Makikilala mo ba kung ano ang mga pamunuan at kapangyarihan ni Satanas ang aktibo o nangunguna sa bansang ito? ( Ang nangungunang mga pamunuan at mga kapangyarihan ni Satanas ay ipinaliwanag sa Kabanatang Anim.)

## SINO ANG DAPAT NA UMABOT SA KANILA?

Sino ang dapat na umabot sa bansang ito? Ilan ang mga manggagawa na kinakailangan para sapat na maabot ang bansang ito? Ang iyong palagay sa bilang ng populasyon ay makatutulong para malaman ito.

Ano ang kinakailangang mga katangian para sa mga manggagawa para maipalaganap ang Ebanghelyo sa bansang ito? Ang sinoman na magbabahagi ng Ebanghelyo ay dapat na…

-Maging mananampalataya na may nakikitang palatandaan ng ganito sa kanilang uri ng pamumumhay, ugali, at asal.

-Magkaroon ng mabuting personal na pananalangin at pag-aaral ng Biblia.

-Ang espirituwal na mga kaloob ay maayos na iangkop sa mga paraan na gagamitin para maabot ang mga tao sa bansa..

-Maging laan: Ang kakayahan ay walang ibubuti kung wala kang panahon. Ang tao ba ay nakalaan at handa na humayo?

-Umayon nang maayos sa katawan ni Cristo (nakalaan na maki-isa sa ibang kaanib para sa layunin ng pag-abot sa bansa ito ng Ebanghelyo).

-Tumugon sa tawag Ng Dios sa pagmiministeryo sa mga tiyak na bansa.

-Maging handang-handa ang iyong pisikal, espirituwal na kalagayan, at pinag-aralan para maabot ang bansang ito.

## PAANO SILA MAAABOT?

Paano maabot ang bansang ito?  Anong paraan ang dapat gamitin?  Para sagutin ang tanong na ito, gamitin kung ano ang iyong natutuhan tungkol sa heograpiya, palawikaan, kultura, politika, at espirtuwal na pagsusuri sa bansang ito.

Ano ang pagkakatulad sa pagitan ng grupo ng mga tao sa bansang ito na hinahayaan ang karaniwang mga paraan na maaaring magamit. Ano ang mga pagkakaiba sa pagitan ng grupo ng mga tao ang nangangailangan ng paraan na iba.

Paano dapat hatiin ang bansa sa maliliit na lugar at maabot ang bawa't lugar ng Ebanghelyo.
(Marahil nais mong gumawa ng pagsusuri ng lugar sa pangunahing mga lugar sa loob ng bansa.)

*Siguruhin na ang iyong mga paraan ay base sa Biblia.  Huwag gumamit ng anumang paraan na salungat sa mga prinsipyo ng Biblia. Sumangguni sa talaan sa mga pahina 74-75 ng iba't ibang mga paraan na ginamit sa mga lugar ng mundo bilang bahagi ng estratehiya ng panghihikayat . Alin sa mga ito ang maaaring mabisa sa bansang ito?  Anong bagong mga paraan ang maaari mong subukan?

Pagkatapos na iyong malaman ang mga paraan sa pamamagitan ng panalangin at pagsusuri, itanong ito:  Ano ang oposisyon na maaaring lumabas laban sa mga paraan na ito, maaaring mula sa panloob o panlabas na mga puwersa? Paano mo pakikitunguhan ang mga oposisyon na ito?

## GUMAWA NG PLANO

Ang pagsusuri na iyong nabuo ay walang pakinabang hanggat hindi mo gagamitin ang iyong natutuhan tungkol sa bansa na iyong napag-aralan.  Ang bansang ito ay hindi maaabot sa pag-aaral lamang.  Dapat kang gumawa ng plano para maabot ito ng Ebanghelyo.  Ang Ika-labingisang kabanata, "Ang Estratehiya Para sa Pagpaplano," ay makatutulong sa iyo sa paggawa ng plano para maabot ang bansa na iyong sinuri.

# PANSARILING PAGSUSULIT

1. Isulat ang Susing Talata mula sa memorya.

___________________________________________________________________________

___________________________________________________________________________

2. Ibigay ang kahulugan ng terminong "bansa."

___________________________________________________________________________

___________________________________________________________________________

3. Ano ang kasama sa pagsusuri ng bansa?

___________________________________________________________________________

___________________________________________________________________________

4. Ano ang mga layunin ng pagsusuri ng isang bansa?

___________________________________________________________________________

___________________________________________________________________________

5. Bilang bahagi ng pag-aaral ng aralin na ito, aktuwal ba na nabuo mo ang pagsusuri ng isang bansa?

___________________________________________________________________________

6. Gumawa ka ba ng plano para magamit ang iyong natutunan sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo sa bansang ito?

___________________________________________________________________________

(Ang mga sagot sa pagsusulit ay nakasulat sa pagtatapos ng huling kabanata ng manwal na ito.)

# PARA SA DAGDAG NA PAG-AARAL

Pag-aralan ang kasaysayan at espirituwal na pagsusuri ng bansang Israel sa Mga Gawa kabanata 7.

# IKA-SIYAM NA KABANATA

# PAGSUSURI NG ISANG REHIYON

**MGA LAYUNIN:**

Pagkatapos pagaralan ang kabanatang ito ikaw ay may kakayahan na:

- Isulat ang Susing Talata mula sa memorya.
- Ibigay ang kahulugan ng terminong “rehiyon”
- Ipaliwanag kung ano ang kasama sa pagsusuri ng isang rehiyon.
- Kilalanin ang mga layunin ng pagsusuri ng isang rehiyon.
- Magsuri ng isang rehiyon.
- Gamitin ang iyong pagsusuri sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo sa loob ng isang rehiyon.

**SUSING TALATA:**

> **At sinabi niya sa kanila, Magsiyaon kayo sa boong sanglibutan, at inyong ipangaral ang evangelio sa lahat ng kinapal. (Marcos 16:15)**

## PAMBUNGAD

Iyong natutunan ang pagsusuri ng grupo ng mga tao, isang lugar, at isang bansa. Sa aralin na ito iyong matututunan kung paano magsuri ng buong rehiyon ng mundo para sa layunin na maabot ito ng Ebanghelyo.

## ISANG REHIYON

Para sa mga pakay ng pag-aaral na ito, ang isang rehiyon ay bahagi ng mundo na binubuo ng ilang mga bansa na magkakalapit sa isa’t isa sa heograpiya na may magkatulad na palawikaan, kultura, relihiyon, o politika.

Ang rehiyon ng Gitnang Amerika ay magandang halimbawa nito. Ang mga bansa sa rehiyon na ito ay ang Guatemala, Nicaragua, Costa Rica, Honduras, Panama, Belize, at San Salvador. Ang mga bansang ito ay magkakatulad ang lokasyon ng heograpiya, magkakapareho ng kultura at relihiyon, at Espanol ang pangunahing ginagamit na salita.

Hindi dahil ang mga bansa ay magkabahagi ng magkatulad na lokasyon ng heograpiya ay “rehiyon “ na, para sa pakay ng ating pag-aaral. Halimbawa, ang Communist China ay malapit sa Isla ng Philippines, ngunit ang dalawang rehiyon na ito ay magkaibang-magkaiba. Ang kanilang lengguwahe, kultura, relihiyon, at sistema ng politika ay magkaibang-magkaiba. Ang malaking pagkakaiba ng mga paraan ng panghihikayat ay kinakailangan sa dalawang rehiyon na ito.

Sa ating pagsusuri ng rehiyon tayo ay nakatingin sa mga rehiyon na magkatulad ang kultura, politika, relihiyon, at lengguwahe katulad ng rehiyon ng Gitnang Amerika. Ang layunin natin ay magdesenyo ng magkatulad na mga plano para maabot sila ng Ebanghelyo.

## PAGSUSURI NG ISANG REHIYON

Kung ikaw ay nagsusuri ng isang rehiyon iyong pinagaaralan ng detalye para malaman ang politika, heograpiya, palawikaan, kultura, espirituwal na bahagi at panlabas na puwersa na maaaring makaapekto sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo sa buong rehiyon.

## ANG PAKAY NG PAGSUSURI NG ISANG REHIYON

Ang pakay ng iyong pag-aaral ay para mapalawak mula sa isang bansa kung saan ka nagmiministeryo para maabot ang buong rehiyon ng Ebanghelyo.

Ang pagsusuri ng rehiyon ay pagsisiyasat para sa layunin ng panghihikayat, hindi lamang para sa ikabubuti ng pagsisiyasat. Mag-ingat na hindi mo magamit ang lahat ng panahon sa pag-aaral at hindi kailanman maabot ang pakay na kung bakit ka nahikayat sa iyong pag-aaral!

Ang mga bagay para magkaisa ang buong rehiyon at gawin itong kakaiba mula sa ibang mga rehiyon ay magbibigay sa atin ng pangkalahatang estratehiya para maabot ang buong rehiyon ng Ebanghelyo. Ang mundo ay binubuo ng ilang mga rehiyon na katulad ng rehiyon ng Gitnang Amerika na ginamit bilang isang halimbawa. Kung maabot natin ang sapat na mga rehiyon, di magtatagal, maabot natin ng buong mundo.

Iyong masusuri ang isang rehiyon sa pagsagot sa mga tanong na ito:

### ANONG BANSA AT GRUPO NG MGA TAO ANG NASA LOOB NG REHIYON NA ITO?

Anong bansa ang nasa loob ng rehiyon na ito? Ilan ang mga bansa, ano ang kanilang populasyon, at bakit sila naging rehiyon?

### ANO ANG KARANIWAN SA MGA BANSA AT GRUPO NG MGA TAONG ITO?

Paano sila nagkakatulad tungkol sa panlipunan, kultura, palawikaan, relihiyon, at politika?

### ANONG URI ANG REHIYON NA ITO?

Ano ang dapat na malaman mo tungkol sa rehiyon na ito para maabot ang mga tao na nakatira dito ng Ebanghelyo?

### SINO ANG DAPAT UMABOT SA REHIYON NA ITO?

Ano ang mga kinakailangan na katangian para sa mga manggagawa para maipangalat ang Ebanghelyo sa rehiyon na ito? Ilan ang kinakailangan na mga manggagawa?

**PAANO MAAABOT ANG REHIYON NA ITO?**

Anu-anong magkatulad na mga paraan ang maaaring magamit sa buong rehiyon? Alin ang pinakamabisa?

Ang mga sagot sa mga tanong na ito ay makatutulong sa iyo para maitakda ang iyong tungkulin sa pag-abot sa isang rehiyon at matulungan ka ng paggawa ng plano para maabot ito ng Ebanghelyo.

## PAANO MAGTIPON NG IMPORMASYON

Maaari kang magtipon ng impormasyon para sa iyong pagsusuri sa pamamagitan ng:

**PANALANGIN:**

Hilingin sa Dios na ipahayag kung ano ang kailangan na malaman tungkol sa rehiyon para maabot ito ng Ebanghelyo.

**PAG-AARAL NG NAKASULAT NA MGA MATERYAL:**

Pag-aralan ang mga aklat at nakasulat na mga materyal tungkol sa rehiyon. Ang talaan ng posibleng mga panggagalingan ng impormasyon ay kasama sa Apendiks ng manwal na ito.

**PAGMAMASID:**

Personal na maglakbay sa buong rehiyon. Bisitahin ang bawa't bansa at obserbahan ang lupa at mga tao.

**PAKIKIPANAYAM:**

Magtanong sa mga tao na mga lider at nakatira sa bansa sa rehiyon na ito. Kung mayroon nang mga mananampalataya na nagmiministeryo sa rehiyon na iyong pinag-aaralan, makipanayam sa kanila para madiskubre kung ano ang kanilang natutuhan. Ang halimbawa ng mga pakikipanayam ay kasama sa Apendiks ng kursong ito.

**Gamitin ang sumusunod na balangkas ng pagsusuri ng rehiyon. Maaaring hindi mo masagot ang lahat ng mga tanong tungkol sa rehiyon, ngunit sagutin ang mga maaaring mapagkunan ng impormasyon.**

## KILALANIN ANG ISANG REHIYON

Una, siguruhin na maayos mong kinilala ang isang rehiyon. Ang rehiyon ay binubuo ng mga bansa…

-Na magkakalapit ang lokasyon ng heograpiya.
- Kung saan ang karamihan sa mga tao ay nagsasalita nang magkatulad na lengguwahe.
- Na mayroong magkatulad na sistema ng politika.

-Kung saan ang karamihan ng mga tao ay sumusunod sa karaniwang relihiyon.
- Kung saan ang mga bansa ay magkatulad ang sistema ng politika.
- Kung saan ang karamihan ng mga tao ay magkatulad ang kultura.

Ang bansa ay maaaring hindi magkatulad sa lahat ng mga ito, ngunit ang rehiyon ay tiyak na binubuo ng mga bansa na ang lokasyon ay magkakalapit sa bawa't isa sa heograpiya. Ito ay dapat din na magkatulad sa dalawa o higit sa ibang mga bagay na nakatala para makapagplano ng karaniwang estratehiya para maabot ng Ebanghelyo.

## ANONG MGA BANSA AT GRUPO NG MGA TAO ANG NASA LOOB NG REHIYON NA ITO?

1. Anong mga bansa at grupo ng mga tao ang nakatira sa rehiyon na ito? Kunin ang pangalan at bilang ng populasyon ng bawa't bansa at/o pangunahing grupo ng mga tao. (Maaaring kailangan na suriin ang bawa't bansa para sagutin ang tanong na ito. Gamitin ang ikawalong aralin, "Pagsusuri Ng Isang Bansa.")

2. Hanapin ang pangunahing grupo ng mga tao sa iyong rehiyonal na mapa. Ang rehiyon ba ay nahahati sa ilang mga distrito na mga lugar base sa lokasyon at iba't ibang grupo ng mga tao? Magsimulang ipanalangain ang rehiyon na ito at ang iba't ibang grupo ng mga tao. (Maaaring nais mong suriin ang mga grupo ng isahan. Gamitin ang Ika-Anim Na Aralin, "Pagsusuri Sa Isang Grupo Ng Mga Tao.")

3. Ano ang kabuuang populasyon ng lahat ng mga tao sa iba'tibang mga bansa? Sa buong rehiyon?

## ANO ANG KARANIWAN SA MGA BANSA AT MGA GRUPONG ITO?

Paano ang iba't ibang mga bansa at grupo nga mga tao sa rehiyon na ito ay <u>nagkakatulad</u>:

a. Panlipunan:
b. Kultura:
c. Palawikaan:
d. Relihiyon:
e. Politika:

Paano ang mga bansa at grupo ng mga tao na ito ay <u>nagkakaiba:</u>

a. Panlipunan:
b. Kultura:
c. Palawikaan:
d. Relihiyon:
e. Politika:

## ANONG URI ANG BANSANG ITO?

### PAGSUSURING HEOGRAPIYA:

1. Anong heograpiyang mga dahilan ang maka sasagabal para sa pagkalat ng Ebanghelyo sa rehiyion na ito?

2. Anong heograpiyang mga dahilan ang maaring magamit para makatulong sa pagkalat ng Ebanghelyo sa rehiyon na ito?
3. May panahon ba sa loob ng isang taon na pinakamabuti para magministeryo sa tiyak na mga bansa ng rehiyon?

4. Kumuha ng mapa at pansinin ang sumusunod na mga bagay na makatutulong sa iyo sa pagabot sa rehiyon na ito:

a. Mga bansa: Kilalanin ang iba't ibang mga bansa sa rehiyon. Sa bawa't bansa, kilalanin ang sumusunod:

b. Mga kapitolyo at pangunahing mga lunsod: Lagyan ng tanda sa iyong mapa. Ang pinakamalaking populasyon sa mga lunsod na ito, kaya nais mong makasiguro na magdesenyo ng estratehiya para maabot sila sa iyong plano.

c. Mga naitatag na paliparan: Lagyan ng tanda sa iyong mapa.

d. Magagamit na "airstrips o tubig daungan: Lagyan ng tanda sa iyong mapa.

e. Ano ang mga lugar sa bansa ang may serbisyo ng telepono?

f. Ano ang lugar na may serbisyo ng telegrama?

g. Ang lugar ba ay may maayos na tren o bus na sasakyan?

h. Nasaan ang magagamit na daan para sa sasakyan panlupa? Hanapin ang mga ito sa iyong mapa.

i. May magagamit ba na mga ilog o dagat? ( "Paglayagan" ang ibig sabihin ay maaari mong magamit para ang bangka ay makapaglakbay). Hanapin ang mga ito sa iyong mapa.

### PAGSUSURI NG LIPUNAN:

1. Sa pangkalahatan, anong mga bansa sa rehiyon na ito ang pinakabukas sa tao sa mga "tagalabas"? Ang pagkaalam mo nito ay maghahanda sa iyo para sa antas ng pagtanggap na iyong mararanasan sa una mong pagpasok sa rehiyon na ito para ibahagi ang Ebanghelyo. Maaari na unahin mong naisin na ituon ang iyong pansin sa pinakahandang tumanggap na mga bansa ng rehiyon sa iyong plano para maabot sila ng Ebanghelyo.

2. Sa kabuuan, sino ang namamahala sa pinansiyal at material na pinagkukunan ng rehiyon na ito?

**PAGSUSURI NG KULTURA:**

1. Mga pinaniniwalaan at pinahahalagahan:

   a. Ano ang pinahahalagahan ng kultura, mga pinaniniwalaan, o kinaugalian ng rehiyon na ito na maaaring makatulong sa mga tao para maunawaan ang Ebanghelyo?

   b. Ano ang pinahahalagahan ng kultura, mga pinaniniwalaan, o kinaugalian na maaaring makasagabal sa kanila para maunawaan ang Ebanghelyo?

2. Mga Kinaugalian ng Kultura**:**

May karaniwan na kinaugalian ba sa kultura ng rehiyon na ito na maliwanag sa ipinagbabawal sa Biblia? Kung mayroon, ano ang mga ito? Dapat mong harapin ang mga ito.

3. Mga Pangangailangan:

   a. May mga pangangailangan ba na karaniwan sa lahat ng mga bansa sa rehiyon na ito?

   _____ Hindi sapat sa pagkain.
   _____ Mahinang kalusugan at mga paglilingkod sa medisina.
   _____ Mahinang edukasyon.
   _____ Hindi maayos na tubig at /o kakulangan nito.
   _____ Hindi sapat ang pinansiyal na pinanggagalingan.
   _____ Hindi sapat ang heograpiyang pinanggagalingan.
   _____ Kulang sa transportasyon.
   _____ Hindi maayos na sistema ng komunikasyon.
   _____ Hindi sapat na tirahan.
   _____ Walang kakayahan na harapin ang pagbabago.
   _____ Pagsiil ng politika.
   _____ Iba pa: ______________________________________________

   Kung mayroong tiyak na karaniwang pangangailangan sa lahat ng mga bansa sa rehiyon na ito, maaari na iyong naisin na gamitin ang mga pangangailangan bilang susi para maabot ang rehiyon na ito ng Ebanghelyo.

   b. Ano ang mga pangangailangan na nakikita mo na maayos na maabot sa rehiyon na ito? Anong mga pangangailangan na WALA sa rehiyon na ito?

4. Edukasyon:

Ano ang kabuuan na antas ng edukasyon ng karamihan sa mga tao sa rehiyon na ito? Ano ang antas ng karunungan sa pagbasa at pagsulat? Ilan ang mga taong nakapagbabasa at nagsusulat sa lengguwahe na iyong gagamitin sa rehiyon na ito? Mahalaga na malaman ito dahil hindi mo nais

na mag desenyo ng pagabot ng Ebanghelyo base sa "literature" kung ang karamihan sa mga tao sa rehiyon na ito ay hindi nagbabasa at nagsusulat.

Mayroon bang pangkalahatang pangangailangan sa edukasyon na karaniwan sa buong rehiyon. Halimbawa, mayroon bang pangkalahatang kakulangan sa elementarya, sekondarya, kolehiyo, o "Bible Schools? Ang programa sa edukasyon ay isa sa ,mga paraan na maaari mong gamitin para maabot ang rehiyon kung mayroon na karaniwang pangangailangan para sa karagdagan na mga paaralan.

5. Komunikasyon:

a. Anong lengguwahe (o mga lengguwahe) ang pinakaangkop para sa pagpapahayag ng Ebanghelyo sa bansang ito? Una, nais mo na maabot ang pinakamalaking bilang ng mga tao sa isang rehiyon, kaya nga unang piliin ang lengguwahe na sinasalita ng karamihan sa mga tao.

Ang pangunahing lengguwahe na sinasalita ng mga tao sa rehiyon na ito ay __________________.

Ang iba na mga lengguwahe na kinakailangan sa hinaharap para maabot ang natirang mga tao : ___________________________

b. Ano ang kalagayan ng pagsasalin sa Biblia ng lengguwahe na pinakaangkop para maabot ang rehiyon na ito?

Bagong Tipan:

Lumang Tipan:

c. Ang karamihan ba sa mga tao sa rehiyon na ito ay maaabot sa pamamagitan ng:

______Pahayagan ( Sila ba ay tumatanggap ng Kristiyanong paanunsiyo?)
______Nakasulat na babasahin (Ang karamihan ba sa mga tao ay nakababasa?)
______Radyo ( Ang mga estasyon ba ay nagpapahintulot ng Kristiyanong pamamahayag?)
______Telebisyon ( Ang mga estasyon ba ay nagpapahintulot ng Kristiyanong pamamahayag?)
______ "Tape recordings" ( Ang mga tao ba ay may magagamit na "tape recorders"?)
______ Mga pelikula, "video tapes ( Mayroon bang ganitong kagamitan sa lugar na ito?)
______ Telepono ( Ang karamihan ba sa mga tao ay may telepono?)

d.. Ano ang pangunahing paraan ng komunikasyon ang karaniwan sa buong rehiyon?

**PANLABAS NA MGA IMPLUWENSIYA:**

1. Ano ang mga pagbabago na nangyayari sa rehiyon bilang resulta ng sistema ng politika o panlabas na puwersa ng modernisasyon?

2. Mayroon ba sa mga pagbabagong ito ang makatutulong sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo?

3. Ano ang bansa mula sa labas ng rehiyon na ito ang maaaring sumalungat sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo sa rehiyon ? Bakit?

Huwag kailanman makahadlang sa iyo ang pagbabawal o oposisyon para magministeryo sa rehiyon na iyong nadarama na tinatawag ka Ng Dios. Kung hindi ka napahintulutan na umabot sa kanila sa ilang mga paraan, gumamit ng ibang mga paraan.

**POLITIKAL NA PAGSUSURI:**

1. Suriin ang sistema ng politika sa rehiyon na ito. Paano ito natutulad sa bawa't bansa ng rehiyon ? Paano ito naiiba?

2. Ano ang bansa na mayroong sistema ng politika na maaaring makasagabal sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo?

3. Ano ang bansa na mayroong sistema ng politika na maaaring makatulong sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo?

4. Ano ang mga regulasyon na karaniwan sa rehiyon na maaaring makasagabal sa iyong ministeryo?

5. Ano ang mga regulasyon na karaniwan sa rehiyon na maaaring makatulong sa iyong ministeryo sa rehiyon na ito?

6. Sino ang susing lider ng politika sa rehiyon na ito? Maaari kang makipagkilala sa kanila at/o subukin na makuha ang kanilang mga tulong para sa iyong rehiyon ng pagmiministeryo.

**ESPIRITUWAL NA PAGSUSURI:**

1. Anong mga grupo ng relihiyon ang karaniwan sa mga bansa sa rehiyon na ito?

2. Ilan ang mga tao na sumusunod sa bawa't relihiyon?

3. Ano ang pangkalahatang ugali ng mga tao sa rehiyon tungo sa pagbabago ng anumang relihiyon? Ang sagot sa tanong na ito ay maghahanda sa iyo para sa oposisyon ng relihiyon na maaari mong makaharap.

4. Ilan ang kabuuang bilang ng nagpapanggap na mga Kristiyano sa rehiyon?

5. Makikilala mo ba ang susing mga Kristiyanong lider sa lugar na ito?

6. Ibinibilang mo ba na ang lugar na ito ay:

_____ Hindi nahikayat.
_____ Ang iba ay nahikayat
_____ Sapat na nahikayat.

7. Sa pangkalahatan , naniniwala ka ba na ito ang panahon para sa pagtatanim ng Ebanghelyo sa rehiyong ito o panahon para sa pag-aani?

8. Anong Kristiyanong mga iglesya o misyon ang nagsubok sa rehiyon na ito at nabigo? Ano ang paniniwala mong mga dahilan sa kanilang pagkabigo? Maaari kang matututo sa mga kabiguan ng iba at huwag maulit ang magkatulad na mga pagkakamali.

9. Ano ang kilalang Kristiyanong mga iglesya o mga misyon ang kasalukuyan na aktibo sa rehiyon na ito?

10. Alin sa mga ito ang mabisa at bakit sila mabisa? Maaari kang matuto mula sa mga tagumpay ng mga grupong ito. Maaaring makiisa ka sa kanila sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo sa rehiyon na ito.

11. Paano ka makiki-isa sa kasalukuyang mga ministeryo sa pagabot sa rehiyon na ito?

12. Alin sa mga bansa at anong grupo ng mga tao ang may kumikilos na mga ministeryo?

13. Mayroon bang mga bansa o grupo ng mga tao na wala pang Kristiyanong pagsaksi sa kanila?

14. Mayroon bang mga grupo ng lengguwahe na wala pang Kristiyanong pagsaksi?

15. Ano ang mga uri ng Kristiyanong ministeryo ang kasalukuyan na ginagawa sa rehiyon na ito? Huwag mong gayahin o makipagkompetensiya sa pagkasalukuyan na pagsisikap sa paggawa ng iyong plano. Ang iyong layunin ay maabot ang mga hindi pa naaabot ng Ebanghelyo.

16. Ano ang pangkalahatan na ugali sa rehiyong ito tungo sa mga naroon nang mga Kristiyanong misyon?

_______ Napopoot
_______Walang halaga
_______ Mabait

17. Ilan ang tunay na Ebanghelyo na mga iglesya sa rehiyon na ito?

18. Gaano kabilis sila lumalago?

19. Ano ang mga kahirapan na kanilang nararanasan at bakit?

20. Alin sa kanila ang tagumpay at bakit?

21. May pangangailangan ba na magtatag ng marami pang mga iglesya?

22. Makikilala mo ba kung ano ang mga pamunuan at kapangyarihan ni Satanas ang aktibo o nangunguna sa rehiyon na ito? ( Ang nangungunang mga pamunuan at mga kapangyarihan ni Satanas ay ipinaliwanag sa Kabanatang Anim.)

## SINO ANG DAPAT NA UMABOT SA REHIYON NA ITO?

Sino ang dapat na umabot sa rehiyon na ito? Ilan ang mga manggagawa na kinakailangan para sapat na maabot ang rehiyon na ito? Ang iyong palagay sa bilang ng populasyon ay makatutulong para malaman ito.

Ano ang kinakailangan na mga katangian para sa mga manggagawa para maipalaganap ang Ebanghelyo sa rehiyon na ito? Ang sinoman na magbabahagi ng Ebanghelyo ay dapat na…

-Maging mananampalataya na may nakikitang palatandaan ng ganito sa kanilang uri ng pamumumhay, ugali, at asal.

-Mayroong mabuting personal na pananalangin at pag-aaral ng Biblia.

-Ang espirituwal na mga kaloob ay maayos na iangkop sa mga paraan na gagamitin para maabot ang bansa sa rehiyon na ito.

-Maging laan: Ang kakayahan ay walang ibubuti kung walang kang panahon. Ang tao ba ay nakalaan at handa na humayo?

-Umayon ng maayos sa katawan ni Cristo (nakalaan na maki-isa sa ibang kaanib para sa layunin ng pag-abot sa rehiyon na ito ng Ebanghelyo).

-Tumugon sa tawag Ng Dios sa pagmiministeryo sa tiyak na rehiyon.

-Maging handang-handa ang iyong pisikal, espirituwal na kalagayan, at pinag-aralan para maabot ang rehiyon na ito.

## PAANO SILA MAAABOT?

Paano maabot ang rehiyon na ito? Anong magkatulad na mga paraan ang maaaring gamitin sa buong rehiyon? Para sagutin ang tanong na ito, gamitin kung ano ang iyong natutuhan tungkol sa heograpiya, palawikaan, kultura, politika, at espirtuwal na pagsusuri ng rehiyon na to.

Ano ang pagkakatulad sa pagitan ng mga bansa ng rehiyon na hinahayaan ang karaniwan na mga paraan na maaaring magamit. Anong mga pagkakaiba sa pagitan ng mga bansa sa rehiyon na ito ang nangangailangang gumamit ng ibang paraan.

*Siguruhin na ang iyong mga paraan ay base sa Biblia. Huwag gumamit ng anumang paraan na salungat sa mga prinsipyo ng Biblia. Sumangguni sa iba't ibang ginamit bilang bahagi ng estratehiyang panghihikayat sa iba't ibang lugar ng mundo na ibinigay sa Ika-walong kabanata. Alin sa mga ito ang maaaring mabisa sa rehiyon na ito? Anong bagong mga paraan ang maaari mong subukan?

Pagkatapos na iyong malaman ang mga paraan sa pamamagitan ng panalangin at pagsusuri, itanong ito: Ano ang oposisyon na maaaring lumabas laban sa mga paraan na ito, maaaring mula sa panloob o panlabas na mga puwersa? Paano mo pakikitunguhan ang mga oposisyon na ito?

## GUMAWA NG PLANO

Ang pagsusuri na iyong nabuo ay walang pakinabang hanggat hindi mo gagamitin ang iyong natutuhan tungkol sa rehiyon na iyong napag-aralan. Ang rehiyon na ito ay hindi maaabot sa pag-aaral lamang. Dapat kang gumawa ng plano para maabot ito ng Ebanghelyo.

Ang Ika-labingisang kabanata, "Ang Estratehiya Para sa Pagpaplano," ay makatutulong sa iyo sa paggawa ng plano para maabot ang rehiyon na iyong sinuri.

# PANSARILING PAGSUSULIT

1. Isulat ang Susing Talata mula sa memorya.

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

2. Ibigay ang kahulugan ng terminong “rehiyon.”

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

3. Ano ang kasama sa pagsusuri ng rehiyon?

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

4. Ano ang mga layunin ng pagsusuri ng isang rehiyon?

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

5. Bilang bahagi ng pag-aaral ng aralin na ito, aktuwal ba na nabuo mo ang pagsusuri ng isang rehiyon?

______________________________________________________________________

6. Gumawa ka ba ng plano para magamit ang iyong natutunan sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo sa buong rehiyon na ito?

______________________________________________________________________

(Ang mga sagot sa pagsusulit ay nakasulat sa pagtatapos ng huling kabanata ng manwal na ito.)

# PARA SA DAGDAG NA PAG-AARAL

Ang sumusunod na planong **REAP** ng organisasyon ay makaaabot sa layunin ng pagpapalawak ng Ebanghelyo sa mga bansa sa mundo.

| | |
|---|---|
| **R…Regions:**<br>**Mga Rehiyon** | Hatiin ang mundo sa pangunahing rehiyon ng heograpiya. Magtalaga ng REGIONAL COORDINATOR para maglingkod sa bawat rehiyon. |
| **E…Every Nation:**<br>**Bawa't Bansa:** | Ang bawa't bansa sa loob ng bawa't rehiyon ay dapat maabot. Ang NASYONAL NA DIREKTOR ay dapat maitalaga sa bawa't bansa para maglingkod sa ilalim ng Rehiyonal na "Coordinator." |
| **A…Areas Within Nations:**<br>**Lugar sa Loob ng mga Bansa:** | Dahil sa pagkakaiba ng kultura, palawikaan, at heograpiya ng mga bansa, ang bawa't bansa ay dapat mahati sa mga lugar base sa mga bagay na ito. Ang KINATAWAN NG AREA ay magsisilbi sa ilalim ng Nasyonal na Direktor. |
| **P…People Groups:**<br>**Grupo ng mgaTao:** | Ang makabagong samahan ng misyonero ay tinatanaw ang hamon sa mga hindi naabot sa grupo ng mga tao. Ang grupo ng mga tao ay maaaring kinatawan ng GRUPO ng mga TAGAPANGASIWA. |

Ang plano ng organisasyon ng REAP ay sumusunod sa plano ng organisasyon na pagpapalawak na ibinigay ng Panginoon Jesu Cristo:

> **…at kayo'y magiging mga saksi ko sa Jerusalem, at sa boong Judea at Samaria, at hanggang sa kahulihulihang hangganan ng lupa. (Mga Gawa 1:8)**

Ang plano Ni Jesus ay kasama ang mga rehiyon, bawa't bansa, mga lugar, at grupo ng mga tao:

| **Lugar** | **Kinatawan Ng** |
|---|---|
| Sa dulo ng daigdig | Mga Rehiyon |
| Samaria: | Bawa't bansa |
| Judea: | Lugar sa paligid ng Jerusalem |
| Jerusalem: | Mga grupo ng tao |

# IKA-SAMPUNG KABANATA

# PAGSUSURI NG NAKATATAG NA KRISTIYANONG ORGANISASYON

**MGA LAYUNIN:**

Pagkatapos pag-aralan ang kabanatang ito ikaw ay may kakayahan na:

- Isulat ang Susing Talata mula sa memorya
- Ipaliwanag kung ano ang kasama sa pagsusuri sa isang Kristiyanong organisasyon..
- Kilalanin ang mga layunin ng pagsusuri sa isang Kristiyanong organisasyon.
- Magsuri ng isang Kristiyanong organisasyon.
- Gamitin ang resulta ng iyong pagsusuri para matulungan ang organisasyon na matupad ang naiibang pakay sa plano Ng Dios.

**SUSING TALATA:**

> **Ang may pakinig, ay makinig sa sinasabi ng Espiritu sa mga iglesia. (Apocalipsis 2:29)**

## PAMBUNGAD

Ang lahat ng tunay na mananampalataya na "born again" ay bahagi ng nag-iisang tunay na Iglesya na tinatawag na Katawan Ni Cristo:

> **Sapagkat sa isang Espiritu ay binabautismuhan tayong lahat sa isang katawan, maging tayo'y Judio o Griego, maging mga alipin o mga laya; at tayong lahat ay pinainom sa isang Espiritu. (I Corinto 12:13)**

(Inilarawan ng Juan 3 ang karanasan ng pagiging "born again" sa pamamagitan ng Espiritu.)

Ang "Katawan na ito Ni Cristo" o Iglesya ay itinatag sa iba't ibang paraan sa buong mundo. Maraming lokal na mga iglesya, ahensiya ng misyon, denominasyon, "fellowship", at Kristiyanong paglilingkod na mga organisasyon. Maraming iba't ibang organisasyon na umunlad para sa mas mabuting maitupad ang mga layunin ng Iglesya sa lokal na antas. Sa aralin na ito iyong matututunan kung paano magsuri ng ganitong Kristiyanong mga organisasyon.

## ANG LAYUNIN NG PAGSUSURI NG ISANG KRISTIYANONG ORGANISASYON

Plano Ng Dios na ang Iglesya ang espirituwal na puwersa para palaganapin ang Ebanghelyo sa mga bansa ng mundo:

> **At maipakita sa lahat ng mga tao kung ano ang pagiging katiwala sa hiwaga na sa lahat ng panahon ay inilihim ng Dios na lumalang ng lahat ng mga bagay;**
>
> **Upang ngayo'y sa pamamagitan ng iglesia, ay maipakikilala sa mga pamunnuan at sa mga kapangyarihan sa sangkalangitan ang kapuspusan ng karunungan ng Dios.**
>
> **Ayon sa panukalang walang hanggan na ipinanukala kay Cristo Jesus na Panginoon natin. (Efeso 3:9-11)**

Sinasabi ng Biblia na ang espirituwal na puwersa sa paggawa para magawa ang misyon na ito ay limitado:

> **Nang magkagayo'y sinabi niya sa kaniyang mga alagad, Katotohana'y ang aanihin ay marami, datapuwat kakaunti ang mga manggagawa. (Mateo 9:37)**

Kung ang mga manggagawa ay kakaunti, dapat silang ma-organisado nang maayos sa posibleng paraan para ang Iglesya ay matagumpay na matupad ang misyon nito sa mundo.

Iyong susuriin ang mga naitatag na Kristiyanong organisasyon para sa mga layunin na ito:
1. Para kilalanin ang layunin ng organisasyon, ang kakaibang bahagi nito sa pagtupad ng utos sa Iglesya para maipalaganap ang Ebanghelyo.

2. Para malaman ang pangkasalukuyang pagkamabisa ng organisasyon. Gaano kagaling ito tumutupad sa kanyang layunin? Paano ito nagiging matagumpay? Paano ito bumabagsak?

3. Para gumawa ng plano para sa ogranisasyon para mas maging mabisa sa pagtupad sa ibinigay Ng Dios na layunin.

Kung ikaw ay isang kaanib ng organisasyon na iyong sinusuri, iyong kilalanin ang iyong bahagi sa pagtulong sa organisasyon para maabot ang layunin nito.

## ANO ANG MGA KASAMA DITO

Ang kasama sa pagsusuri sa naitatag na organisasyon ang mga pag-aaral sa layunin nito, mga plano, mga kalakasan, mga kahinaan, kapaligiran, pinanggagalingan ng tulong, at mga programa.

## PAANO MAGTIPON NG IMPORMASYON

Maaari kang magtipon ng impormasyon para sa iyong pagsusuri sa pamamagitan ng:

### PANALANGIN:

Hilingin sa Dios na ipahayag kung ano ang kailangan na malaman tungkol sa organisasyon.

**PAG-AARAL NG NAKASULAT NA MGA MATERYAL:**

Pag-aralan ang anuman na nakasulat na mga material na mayroon ang organisasyon. Halimbawa, ito ba ay may Pagpapahayag ng Doktrina, Pagpapahayag ng Layunin, nakasulat na mga plano, kinakailangan para maging kaanib, regulasyon, pagpapakahulugan, "by-laws", o kasaysayan.

**PAGMAMASID:**

Personal na magmasid sa organisasyon. Tingnan ang mga kaanib, at mga pinuno sa kanilang pagsama sa paggawa ng ministeryo kung saan nila nadama na sila ay tinatawag Ng Dios.

**PAKIKIPANAYAM:**

Tanungin ang mga pinuno at mga kaanib ng organisasyon.

## PAGSUSURI NG ORGANISASYON

Narito ang ilan sa mga bagay na pag-aaralan kung ikaw ay magsusuri ng isang organisasyon:

**LAYUNIN:**

1. Ang organisasyon ba ay may nakasulat na Pagpapahayag Ng Layunin? Ito ay nakasulat na salaysay na nagpapaliwanag ng layunin ng organisasyon. Hindi ito salaysay kung ano ang pinaniniwalaan ng organisasyon. Ito ay salaysay kung bakit sila ay natatag. Ano ang pagkakaiba nila kung bakit sila ay natatag?

2. Nauunawaan ba ng mga kaanib ang layunin? (Para malaman, tanungin ang ilan sa mga kaanib ng organisasyon: " Ano ang layunin ng organisasyon, iglesya, at iba pa?)

3. Nauunawaan ba ng mga kaanib ang bahagi nila sa pagtupad ng layunin ng organisasyon?

4. Natutupad ba ng organisasyon ang layunin nito?

5. Paano ang layunin ng organisasyon ay kaugnay sa layunin Ng Dios? (Mababasa mo ang layunin Ng Dios sa Efeso 1:9-11 at 3:9-11).

**MGA PLANO:**

1. Ang organisasyon ba ay may nakasulat na mga plano?

2. Ang mga plano ba na ito ay kaugnay sa layunin ng organisasyon? Ang bawa't plano ba ay nakatutulong para maabot ang layunin ng organisasyon?

3. Ang mga plano ba ay nagpapakita kung ano ang dapat gawin, nino, at kailan?

4. Ang mga plano ba ay nakasulat para possible na masabi kung ang mga ito ay natupad?

5. Ang organisasyon ba ay nagtitipon para sa pagpaplano? Sila ba ay naglalaan ng panahon para manalangain at hanapin ang patnubay Ng Dios?

6. Sino ang gumagawa ng plano para sa organisasyon?

**<u>MGA KALAKASAN:</u>**

Suriin ang mga kalakasan ng organisasyon. Ano ang maayos na nangyayari? Ano ang mabuti sa pangkasalukuyan na estraktura ng organisasyon?

**<u>MGA KAHINAAN:</u>**

Suriin ang mga kahinaan ng organisasyon. Saan nagkamali? Saan ang kailangan ng pagpapabuti?

**<u>KAPALIGIRAN:</u>**

1. Saan kapaligiran nagmiministeryo ang organisasyon? (Ito ba ay nagmiministeryo sa tiyak na grupo ng mga tao, lugar, bansa o rehiyon ng mundo?)

2. Pinag-aralan ba ng organisasyon ang kapaligiran nito? Sinuri ba ang mga tao, lugar, bansa o rehiyon kung saan ito nagmiministeryo?

3. Ano ang mga bagay sa kapaligiran na maaaring mabago sa susunod na ilang mga taon?

4. Ano ang mga bagay na mananatili?

**<u>KAYAMANAN:</u>**

Mga tauhan, pananalapi, at pasilidad ang tatlong pangunahin na kayamanan ng kahit anong organisasyon.

1. <u>Mga Tauhan:</u> Ang “mga tauhan” ang mga tao sa isang organisasyon. Itanong ang mga ito:

> a. Ang mga tao ba sa organisasyon ay aktibong ginagamuit ang kanilang mga espirituwal na mga kaloob para matupad ang gawain ng ministeryo?
>
> b. Ang bawa’t tao ba ay nauunawaan ang kanilang bahagi sa plano Ng Dios?
>
> c. Kung sila ay may hawak na posisyon sa organisasyon nauunawaan ba nila ang kanilang tungkulin at responsabilidad?
>
> d. May maayos ba na komunikasyon sa pagitan ng mga pinuno at mga tao?
>
> e. May pangangailangan ba ng karagdagang mga manggagawa? Kung mayroon, anong posisyon?

f. May maayos ba na kaugnayan sa pagitan ng mga kaanib at sa pagitan ng mga tao at mga pinuno? Kung hindi, ano ang kasalukuyang mga problema? May kailangan bang disiplina base sa Biblia o personal na pagpapayo para itama ang mga problema na ito?

g. Ang mga pinuno ba sa organisasyon ay ayon sa halimbawa ng Biblia tungkol sa "servant leader"? ( Ang Harvestime International Institute na kurso na, " *Mga Prinsipyo ng Pangangasiwa Salig sa Biblia,"* ay tinalakay ng detalye ang "servant leadership".)

h. Ang mga tao ba sa organisasyon ay nakatanggap ng pagsasanay para sa ministeryo na nais nilang gawin? Paano sila mas maayos na makapaghahanda?

i. Paano na organisa ang mga tao? May plano ba na i organisa sila para magawa ang mga layunin Ng Dios? Kung ang mga manggagawa ay kakaunti, kaya dapat iayos ayon sa pinakamabuting paraan para umani ng anihin.

j. Ang ibang mga organisasyon ay may mga kailangan para maging kaanib, may mga pamantayan na dapat maabot ang mga tao na nagnanais na sumama sa kanilang ministeryo. Kung ang organisasyon ay may kaanib ( halimbawa, kaanib ng iglesya) ang mga kailangan ba ay base sa Biblia? Ang kasalukuyan bang mga kaanib ay natutupad ang mga pamantayan na ito?

2. Mga Pananalapi:

Kinakailangan ng pananalapi ang gawain ng Dios. Responsabilidad natin ang maging katiwala ng salapi katulad din ng espirituwal na mga kaloob. Itanong ang mga ito:

a. May nakasulat ba na badyet? Ang badyet ay plano kung paano gugugulin ang salapi na natanggap. Ang ganitong pagpaplano ay ayon sa Biblia ( Tingnan ang Lukas 14:28-30)

b. Sinusunod ba ng organisasyon ang badyet na ito?

c. Gaano kahusay ang organisasyon sa paggamit ng mga pondo na ipinagkatiwala Ng Dios dito? May mga bahagi ba na nasasayang at sobra sa paggugol na dapat itama? Paano mas maayos na magagamit at matutupad ang mga layunin ng Kaharian Ng Dios?

d. Mayroon ba na pambuwanan o pantaunan na pag-uulat ng pananalapi? ( Ang badyet ay plano kung paano gugugulin ang salapi. Ito ay ginagawa bago gugulin ang mga pondo. Ang paguulat ng pananalapi ay nagpapakita kung paano aktuwal na nagugol.

e. Kung ang organisasyon ay nasa lunsod, nasa bangko ba ang salapi?

f. May nakadestino at nasanay ba sa paghahawak ng mga talaan ng pananalapi, taga handa ng badyet at gumagawa ng ulat ng pananalapi?

g. Nagagawa ba ng organisasyon ang lahat ng kinakailangan sa gobyerno tungkol sa mga pananalapi? ( Halimbawa, pantaunang mga ulat sa gobyerno, buwis, at iba pa?)

h. May nalalabag ba na mga prinsipyo ng Biblia ang organisasyon tungkol sa mga pananalapi?

i. Ilang porsiyento ng badyet ang napupunta sa panghihikayat ( ang aktuwal ng paggugol sa Ebanghelyo)?

j. Ano ang mga pinagkukunan ng kinikita ng organisasyon na ito? May mga bago bang mga pagkukunan ang maaaring mapaunlad?

k. Ano ang mga pagkaka-utang ang kailangang maalis?

3. Mga Kagamitan:

Kasama ang mga gusali, at kasangkapan ng organisasyon sa mga kagamitan na ginagamit para sa gawain ng ministeryo. Itanong ang mga ito:

a. Ano ang kasalukuyang gusali na ginagamit o pag-aari ng organisasyon na ito? Ito ba ay sapat para sa mga programa ng organisasyon? Paano ang kasalukuyan na mga kagamitan ay mapauunlad?

b. Ano ang mga bagong kagamitan na kinakailangan sa panghinaharap para ang organisasyon ay sapat na matupad ang ministeryo nito?

c. Kung mayroon na mga pamantayan ang gobyerno para sa mga gusali ang kasalukuyan ba na mga kagamitan ay nakaaabot sa mga pamantayan na ito? Ano ang mga bagay na dapat maitama? (Halimbawa, regulasyon sa sunog, mga pasukan at labasan, mga kagamitan sa biglang pangangailangan "emergency," at iba pa.)

d. Gumawa ng talaan ng mga kagamitan na pagaari ng organisasyon. Ang talaan na ito ay tinatawag na " imbentaryo." Ang iba bang mga kagamitan ay kinakailangang kumpunihin o palitan?

e. Ano ang kailangan ng bagong kagamitan para mas maayos na matupad ang kanilang bahagi sa plano Ng Dios?

f. Kung angkop, ang organisasyon ba ay may "insurance" para masakop ang halagang pagpalit ng mga gusali at kagamitan?

g. Kung angkop, ano ang mga halaga ng heater, airconditioning, at kuryente para sa mga kagamitan?

h. Kung angkop, may sapat ba na lugar para sa paradahan ng mga sasakyan?

**MGA PROGRAMA:**

Ang mga programa ay proyekto kung saan ang pinagkakaabalahan ng organisasyon para maisagawa ang mga layunin nito.

1. Ano ang kasalukuyang mga proyekto ng ministeryo ang tumutulong para sa naiibang layunin ng organisasyon? Ano ang hindi?

2. Ano ang programa na tumutulong sa layunin Ng Dios para sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo sa lahat ng mga bansa? Ano ang hindi?

3. Ano ang kasalukuyang programa na kailangang maorganisa para mas maging mabisa? Ano ang dapat gawin?

4. Anong kasalukuyang mga programa ang kailangan na alisin?

5. Ano ang bagong mga programa na dapat isaalang-alang na maaaring makatulong sa organisasyon para mas maayos na matupad ang layunin nito?

6. May mga programa ba na pinagkaka-abalahan ang organisasyon na salungat sa mga prinsipyo ng Biblia?

7. May mga programa ba na nakatutulong sa espirituwal na paglago ng mga kaanib ng organisasyon?

**IBA PANG MGA BAGAY:**

1. Ang organisasyon ba ay Pagpapahayag Ng Doktrina? Ito ay nakasulat na salaysay kung ano ang pinaniniwalaan na may reperensiya sa Biblia para suportahan ang bawa't pahayag ng pinaniniwalaan.

2. Ano ang iba pang mga problema na hindi pa nakikita ng pagsusuring ito na kailangang itama?

3 .Gaano kahusay ang organisasyon na ito sa pakikipag-isa sa ibang Kristiyanong organisasyon? May mga problema ba? Kung mayroon, ano ang mga ito?

4. Kung ikaw ay kaanib ng organisasyon na iyong pinag-aaralan, ano ang iyong tungkulin sa organisasyon? Ginagamit mo ba ang iyong espirituwal na mga kaloob? Ano ang iyong ginagawa para matulungan ang organisasyon na matupad ang ibinigay Ng Dios na layunin?

**GAMITIN ANG MGA RESULTA SA IYONG PAGSUSURI**

Dapat mong gamitin ang mga resulta ng iyong pagsusuri para ito ay maging mabisa. Narito kung paano gawin ito:

**LAYUNIN:**

1. Kung walang nakasulat na pahayag kung bakit may ganitong organisasyon, paano malalaman kung natutupad nito o hindi ang layunin nito? Makipagtulungan sa mga pinuno ng organisasyon para isulat ang Pahayag ng Layunin. Siguruhin na ang Pahayag ng Layunin ay nagpapakita ng layunin Ng Dios para sa pag-abot sa lahat ng mga bansa ng Ebanghelyo, dalhin ang lahat ng bagay ng magkakasama Kay Cristo.

Para matulungan ka na maisulat ang Pahayag ng Layunin, una pagbalik-aralan ang Ika-labingisang kabanata ng kursong ito at kunin ang Harvestime International Institute na kursong may pamagat na “ *Pangangasiwa Batay sa Layunin.”*

2. Kung ikaw ay may nakasulat an Pahayag ng Layuni, siguruhing lahat ng kaanib ng iglesya o organisasyon ay nauunawaan ang layunin. Ipaliwanag ang kakaiba na misyon ng organisasyon at ang tungkulin ng bawa’t kaanib sa pagtupad ng layunin.

3. Kung ang organisasyon ay mayroon nang Pahayag ng Layunin, magplano kung paano mas higit na matutupad ang layunin kung saan ito tinawag Ng Dios.

**MGA KALAKASAN:**

Suriin ang talaan ng mga kalakasan na iyong nalaman. Paano ito maayos na magagamit sa pagtupad ng layunin Ng Dios para sa organisasyon na ito? Paano ang mga kalakasan ay magagamit para maabot ang mundo ng Ebanghelyo? Ang mga kalakasan na hindi ginagamit ay hihina at mabubulok.

**MGA KAHINAAN:**

Suriin ang talaan ng mga kahinaan na iyong nalaman. Paano makagagawa Ang Dios sa mga kahinaan para ipakita ang Kanyang kapangyarihan? Ano ang mga prinsipyo sa Biblia na maaaring iangkop sa mga kahinaan na ito ?

**KAPALIGIRAN:**

Kung ang organisasyon ay hindi sinuri ang kapaligiran, gumawa ng pagsusuri ng mga tao, lugar, bansa, o rehiyon kung saan ito nagmiministeryo. Dapat mong malaman kung sino ang iyong pinagmiministeryohan para maabot mo sila.

Gamitin ang pagsusuri ng mga bagay na maaaring magbago at kung ano ang mananatili sa kapaligiran sa susunod na limang taon para gumawa ng mga plano. Halimbawa, kung ang malaking proyekto ng bahay ay nakatakda na itayo malapit sa isang iglesya, ito ay maaaring pagbabago ng kapaligiran kung saan sila nagmiministeryo. Ang mga plano ay dapat gawin para harapin ang mga pagbabago para sa layunin ng pagpapalaganap ng Ebanghelyo.

**KAYAMANAN:**

Ang Harvestime International Institute na kurso, “*Pangangasiwa Batay sa Layunin”* ay tutulong sa iyo mag-organisa at magplano sa mga sumusunod na mga bagay:

1. Mga Tauhan:

> a. Gumawa ng plano sa organisasyong ito na magagamit ng mga tao ang kanilang mga espirituwal na mga kaloob para sa gawain ng ministeryo.
>
> b. Kung hindi nauunawaan ng mga tao ang kanilang bahagi sa kabuuan ng plano o mga tungkulin at responsabilidad, ito ay dapat itama. Gumawa ng plano ng organisasyon.

c. Kung hindi maayos ang komunikasyon sa pagitan ng mga pinuno at mga tao, gumawa ng mga plano para mapabuti ang komunikasyon.

d. Kung mayroong pangangailangan para sa mga maraming manggagawa sa organisasyon, magsimulang mangalap at magsanay ng mga manggagawa para sa ministeryong ito.

e. Kung hindi maayos ang kaugnayan ng mga tao sa bawa't isa at / o sa pagitan ng mga pinuno, harapin ang mga problema na iyong nakita. Paano mo maiaayos ang mga problemang ito? Ang prinsipyo ba ng pagdidisiplina na ibinigay sa Mateo 18 ay kinakailangang gawin? Paano ang personal na pagpapayo ay dapat na magamit para makatulong sa mga problemang ito?

f. Kung ang mga pinuno ng organisasyon ay hindi umaayon sa halimbawa ng Biblia tungkol sa "servant leaders," ang Harvestime International Institute na kursong, " *Mga Prinsipyo Ng Pangangasiwa Salig Sa Biblia"* ay makatutulong sa bahaging ito.

g. Kung ang mga tao ay walang sapat na pagsasanay na natanggap para sa ministeryo na kanilang susubukan, magsimula ng programa ng pagsasanay. Tanungin ang iyong sarili, "Sino ang nangangailangan ng mas mahusay na pagsasanay? Magsimula ng programa ng pagsasanay para maabot ang mga pangangailangan na ito.

h. Kung mayroong kinakailangan para maging kaanib ng organisasyon na ito at hindi ayon sa Biblia, isulat na muli ito.

2. <u>Mga Pananalapi:</u>

a. Kung walang nakasulat na badyet, maghanda nito.

b. Kung ang organisasyon ay hindi sinusunod ang nakasulat na badyet, isulat na muli ang badyet para sapat na makita kung paano aktuwal na ginagastos ang pondo.

c. Alisin ang mga bahagi na naaaksaya o sobrang paggastos na iyong nakita.

d. Gumawa ng buwanan at taunan na pag-uulat ng pananalapi para ibuod kung paano ang mga pondo ay aktuwal na nagastos.

e. Kung ang organisasyon ay nasa lunsod, magsimula na ilagay sa bangko ang salapi at humingi ng tulong para magkaroon ng tamang sistema ng "accounting" para sa pondo ng organisasyon?

f. Magdestino at magsanay ng isang tao na maka pag-aayos ng mga talaan ng pananalapi sa matapat at maayos na pamamaraan.

g. Kung ang organisasyon ay hindi nakaaabot ng pangangailangan ng gobyerno sa pananalapi, iaayos ito sa madaling panahon. Isumite ang lahat ng kailangang mga ulat, buwis, at iba pa sa gobyerno.

h. Kung  ang organisasyon ay may nalalabag na anuman na prinsipyo ng Biblia tungkol sa mga pananalapi iayos ito sa madaling panahon.

i. Kilalanin ang mga paraan para mapataas ang porsiyento ng badyet na napupunta sa panghihikayat ( ang aktuwal na pagpapalaganap ng Ebanghelyo).

j. Kilalanin ang bagong mga mapagkukunan ng kinikita na maaaring mapaunlad para sa organisasyon.

k. Gumawa  ng mga plano para maalis ang pagkakautang ng organisasyon?

3. <u>Mga Kagamitan:</u>

a. Gumawa ng talaan ng mga bagay sa kasalukuyan na mga kagamitan na kinakailangan ng pag-unlad. Halimbawa ano ang nangangailangan na kumpunihin, pintahan, bagong ‘signs”, pagkalahatang paglilinis, at iba pa.  Planuhin kung sino ang gagawa, at kung kailan.

b. Planuhin ang bagong kagamitan na kinakailangan. Kahit gaano kaliit ang organisasyon o gaano kahirap ang mga tao, sa pamaamgitan ng pananampalataya, gumawa ng mga plano para maabot ang pangangailangan na ito sa tulong nga Panginoon.

c. Kung ang mga pamantayan ng gobyerno para sa mga kagamitan ay hindi naabot kung saan ito nakatayo. Gawin ang kinakailangan na mga pagkumpuni para maabot ang kinakailangan na pamantayan.

d. Kumpunihin o palitan ang mga sirang  kagamitan .

e. Magsimulang magimpok para sa bagong kagamitan na makatutulong sa organisasyon para mas mabisang maabot ang mga layunin nito.

f. Kung angkop, kumuha ng sapat na  “insurance” para masakop ang halagang pagpalit ng mga gusali at kagamitan kung ito ay nasira.

g. Kung angkop, magsimula ng mga pagbabago para mapaliit ang halaga ng mga gamit sa (heating, airconditioning, at kuryente).

**<u>PAGPALANO:</u>**

1. Kung walang nakasulat na plano, makipagtipon sa mga susing lider ng organisasyon para gumawa ng mga plano.

2. Kung mayroong nakasulat na mga plano ngunit hindi mabisa, makipagtipon sa mga susing lider para gumawa ng bagong mga plano.

3. Ang mga plano ay dapat na …

- Kaugnay sa mga layunin Ng Dios.
- Kaugnay sa layunin ng organisasyon.
-Isalaysay kung ano ang dapat na magawa.
    … Sino ang gagawa
    … Kailan gagawin.
    … Kung angkop, isama ang halaga.
-Nakasulat para ito ay maitataya para malaman kung ito ay nagagawa o hindi.
-Isama ang mga paraan kung paano mapauunlad ang mga kahinaan ng organisasyon.
-Isama ang mga paraan para magamit ang mga kalakasan ng organisasyon.
-Isama ang mga hakbang para mapaunlad ang mga programa ng ministeryo.

**MGA PROGRAMA:**

1. Pag-aralan ang kasalukuyan na mga programa ng ministeryo na hindi nakatutulong sa kakaibang layunin ng organisasyon. Paano ito ma-oorganisa para makatulong sa layunin? Ang mga ito ba ay maaalis?

2. Pag-aralan ang pangkasalukuyan na mga programa na hindi nakatutulong sa layunin Ng Dios para sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo sa lahat ng mga bansa. Ang mga ito ba ay maoorganisa para makatulong sa Kanyang layunin? Kung hindi, alisin ang mga programang ito.

3. Gumawa ng plano para maiorganisa muli ang anumang pangkasalukuyan na mga programa na kailangan na muling iorganisa. Gumawa ng talaan kung ano ang nangangailangan na magawa nino at kung kailan.

4. Gumawa ng plano para sa pagsisimula ng bagong mga programa na makatutulong sa organisasyon para mas mabuting maabot ang layunin ng plano Ng Dios.

5. Alisin ang anumang programa na kinalalahukan ng organisasyon na salungat sa prinsipyo ng Biblia.

6. Kung walang programa na nakatutulong sa espirituwal na paglago ng mga kaanib ng organisasyon, magsimula ng isa. Para maabot ng isang organisasyon ang mga layunin nito ang mga kaanib ay dapat espirituwal na lumago. Magplano ng panahon sa pananalangin, pagsamba, pag-aaral ng Biblia, at pagkakataon sa pagmiministeryo sa isa't isa.

**IBA PANG MGA BAGAY:**

1. Kung ang organissayon ay walang nakasulat na Pagpapahayag Ng Doktrina makipagtipon sa mga lider at maghanda nito. Dapat alam ng mga tao kung ano ang pinaniniwalaan at batayan sa Biblia ng mga pinaniniwalaan na ito. Ang kurso ng Harvestime International Institute na , "*Pangangasiwa Batay sa Layunin,"* ay may halimbawa ng Pagpapahayag ng Doktrina.

2. Ano ang iba pang mga bagay na iyong nakita sa pagsusuri na kinakailangan ng atensiyon o pagtutuwid? Itala ang mga ito at gumawa ng plano para harapin ang bawa't isa.

3. Gumawa ng plano para makipagtulungan sa ibang Kristiyanong organisasyon sa inyong lugar para sa layunin ng pagpapalaganap ng Ebanghelyo. Paano mo maalis ang kasalukuyan na mga problema at gumawa ng magkakasama para sa Kaharian Ng Dios.

4. Kung ikaw ay kaanib ng organisasyon na iyong sinuri, paano mo gagamitin ang iyong espirituwal na mga kaloob para makatulong sa pagtupad ng mga layunin Ng Dios para sa organisasyon?

## ANG TALAAN NG TANONG NG ISANG ORGANISASYON

May ilan na mga tanong ang isang organisasyon na maaaring itanong tungkol sa sariling organisasayon para makilala kung ito ay handa o hindi pa sa pagmiministeryo sa isang tukoy na mga tao. Narito ang ilan sa mga tanong na maaaring isaalang-alang

1. Mayroon ba tayong sapat na impormasyon tungkol sa mga taong ito? Tunay ba na nauunawaan natin sila?

2. May hawak ba tayong sapat na mga impormasyon? Gumawa ba tayo ng sapat na pagsisiyasat?

3. Tayo ba ay gumagawa na sa bansang ito?

4. Kung hindi pa tayo gumagawa sa bansang ito, nauunawaan ba natin ang kahirapan sa paggawa sa loob ng tukoy na hangganan ng bansa?

5. Nakagawa na ba tayo sa magkatulad na mga tao, isang magkatulad an kultura? Ano ang ating natutunan mula dito? Tayo ba ay naging mabisa? Kung hindi, bakit iniisip mo na magiging mabisa tayo ngayon?

6. May sapat ba tayong mga tao, o dapat natin silang sanayin?

7. May sapat ba tayong ganap na pamunuan para pumunta sa bukirin?

8. Ano sa tingin mo ang laki ng grupo na kinakailangan para maabot ang tiyak na mga tao?

9. Gaano katagal sa tingin mo ang kailangan bago tayo makapagtanim ng iglesya?

10. Gaano katagal sa tingin mo bago ang iglesya ay may kakayahan na manghikayat sa mga tao sa loob ng sariling grupo?

11. May kakayahan ba tayo na mapalawak ang kasalukuyang organisasyon para magawa ang pagdagdag ng responsabilidad? Dapat ba tayong lumipat mula sa lugar na ating pinaglilingkuran ngayon? Ito ba ay pagkakataon para sa pag-alis?

12. Makaaasa ba tayo ng suporta mula sa mga nagbigay sa atin ng suporta sa pananalapi?

13. Kaya ba natin na masabi kung ano ang ating ginagawa sa paraan ng pagtatayo ng kinakailangan na suporta sa panalangin?

14. Ang kasalukuyan bang estraktura ay ugma sa bagong pangangailangan o dapat tayong magbago ng ating estraktura? Kaya ba nating magbago?

15. Kaya ba nating makipagtulungan sa iba na gumagawa sa bansang ito o sa mga taong ito? Tayo ba ay tanggap ng lokal na iglesya na nandoon o iba na mga naglilingkod sa mga taong ito?

16. Mayroon ba na ibang organisasyon na makagagawa katulad ng husay nating gumawa? Bakit tayo? Talaga bang hinanap natin ang isipan ng Espiritu?

17. Natatangi ba tayong tinawag Ng Dios at nabibigatan sa mga taong ito?

# PANSARILING PAGSUSULIT

1. Isulat ang Susing Talata mula sa memorya.

________________________________________________

________________________________________________

2. Ano ang mga layunin ng pagsusuri ng isang Kristiyanong organisasyon?

________________________________________________

________________________________________________

3. Ano ang  kasama sa pagsusuri ng organisasyon?

________________________________________________

________________________________________________

4. Bilang bahagi ng iyong pag-aaral ng aralin na ito, aktuwal ba na nabuo mo ang pasusurisuri ng Kristiyanong organisasyon?

________________________________________________

5. Gumawa ka ba ng plano para magamit ang iyong natutunan para makatulong sa organisasyon sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo sa mga bansa ng mundo?

________________________________________________

(Ang mga sagot sa pagsusulit ay nakasulat sa pagtatapos ng huling kabanata ng manwal na ito.)

# PARA SA DAGDAG NA PAG-AARAL

Pag-aralan ang Apocalipsis 1:10-3:22. ang mga kabanatang ito ay nagpapakita ng pagsusuri Ng Dios sa pitong Kristiyanong organisasyon na mga iglesya na nasa buong Asia. Buuin ang sumusunod na tsart:

| Lugar ng Iglesya | Mga Kalakasan | Mga Kahinaan | Plano Ng Dios para sa pag-unlad |
|---|---|---|---|
| **Efeso** | | | |
| **Smirna** | | | |
| **Pergamo** | | | |
| **Tiatira** | | | |
| **Sardis** | | | |
| **Filadelfia** | | | |
| **Laodicea** | | | |

# IKA-LABINGISANG KABANATA

## ISANG ESTRATEHIYA PARA SA PAGPAPLANO

**MGA LAYUNIN:**

Pagkatapos pag-aralan ang kabanatang ito ikaw ay may kakayahan na:

- Isulat ang Susing Talata mula sa memorya.
- Kilalanin ang dalawang natural na halimbawa na naglalarawan kung paano ang mga mananampalataya ay naka-iimpluwensiya sa kanilang espirituwal na kapaligiran .
- Ibigay ang kahulugan nag salitang "pakay."
- Ibigay ang kahulugan gn salitang "plano."
- Ibigay ang kahulugan gn salitang mga " layunin,"
- Itala ang limang mga hakbang sa mabisang pagpaplano.

**SUSING TALATA:**

> **Kayo ang ilaw ng sanglibutan. Ang isang bayan na natatayo sa ibabaw ng isang bundok ay hindi maitatago. (Mateo 5:14)**

**PAMBUNGAD**

Ang mga aralin sa kursong ito ay pumatnubay sa iyo sa iba't ibang uri ng pagsusuri ng kapaligiran. Iyong natutunan ang pagsusuri ng iyong personal na kapaligiran at sa grupo ng mga tao, mga lugar, mga bansa, mga rehiyon, at mga organisasyon. Binigyan diin ng mga aralin na ito na ang pagsusuri ng kapaligiran ay hindi sapat . Dapat mong gamitin ang mga resulta ng iyong pagsusuri para sa pakay ng pagpapalaganap ng Ebanghelyo.

Sa natural na mundo, maaari mong pag-aralan ang isang bukirin na hinog ang butil para makilala ang uri at ang pinakamabuting mga paraan ng pag-ani. Ngunit hanggat hindi mo ginagamit ang iyong natutunan… hanggat hindi mo inaani ang anihin… ang mahalagang butil ay mabubulok sa mga bukirin. Ganito rin ang katotohan sa espirituwal na mundo.

**UMEEPEKTO SA KAPALIGIRAN**

Bilang mananampalataya, dapat kang umepekto sa makasalanang kapaligiran ng mundo kung saan ka namumuhay bilang ilaw at asin. Sinabi Ni Jesus na Siya ang ilaw ng mundo:

> **Ako'y naparito na isang ilaw sa sanglibutan, upang ang sinomang sumampalataya sa akin ay huwag manatili sa kadiliman. (Juan 12:46)**

Ano ang lakas ng puwersa ng "ilaw" Ni Jesus sa mundo. Ang Kanyang "ilaw" ay nagpakita ng daan mula sa buhay sa kadiliman ng kasalanan tungo sa kaluwalhatian ng ilaw ng kaligtasan:

**Yamang ang dios ng sanglibutang ito ang mga pagiisip ng mga hindi nagsisisampalataya, upang sa kanila'y huwag sumilang ang kaliwanagan ng evangelio ng kaluwahatian ni Cristo, na siyang larawan ng Dios. (II Corinto 4:6)**

Sinabi Ni Jesus ang mga mananampalataya ay dapat din na magsilbing mga ilaw ng mundo:

**Kayo ang ilaw ng sanglibutan. Ang isang bayan na natatayo sa ibabaw ng isang bundok ay hindi maitatago.**

**Hindi rin nga pinaniningasan ang isang ilawan, at inilagay sa ilalim ng isang takalan, kundi sa talagang lalagyan ng ilaw; at lumiliwanag sa lahat ng nangasa bahay.**

**Lumiwanag ng gayon ang inyong ilaw sa harap ng mga tao; upang mangakita nila ang inyong mabubuting gawa, at kanilang luwalhatiin ang inyong Ama na nasa langit. (Mateo 5:14-16)**

Sa natural na mundo, ang isang ilaw ay tumutulong sa mga tao na makakita sa kadiliman. Ito ay pumapatnubay sa kanila sa daan habang sila ay naglalakbay. Tumtulong ito sa kanila na matupad ang kanilang mga gawa. Ang mga tao ay nagbabasa, natututo, at nag-aaral sa liwanag.

Sa espirituwal na mundo, ang mga mananampalataya ay dapat na maglingkod sa mga pakay na katulad ng natural na ilaw. Dapat tayong magliwanag sa makasalanang kapaligiran na nakapalibot sa atin upang ituro sa mga taong nawawala sa kadiliman ng kasalanan ang daan pauwi sa kaligtasan Kay Jesu Cristo. Ang iyong espirituwal na ilaw ay dapat na makatulong sa mga mananampalataya na nakapalibot sa iyo na magawa ang kanilang ministeryo. Ang mga tao ay dapat mahamon na mag-aral at matuto tungkol Sa Dios dahil sa liwanag ng iyong espirituwal na mga ilaw.

Sinabi rin Ni Jesus na ang mananampalataya ay dapat makatulad ng asin:

**Kayo ang asin ng lupa: ngunit kung ang asin ay tumabang, ay ano ang ipagpapaalat? wala nang ano pa mang kabuluhan, kundi upang itapon sa labas at yurakan ng mga tao. (Mateo 5:13)**

Sa natural na mundo, ang asin ay ginagamit para magkaroon ng lasa ang pagkain at iwasan nito ang pagkabulok. Ito ay naglilinis din ng mga impeksiyon sa sugat. Sa espirituwal na mundo, ikaw ay dapat maglingkod ng katulad ng mga pakay sa natural na asin. Dapat kang magbigay ng lasa, magpreserba, at maglinis ng makasalanang kapaligiran na nakapalibot sa iyo. Kung wala kang epekto sa iyong kapaligiran, ikaw ay katulad ng asin na nawalan ng lasa. Ikaw ay walang silbi.

Sa paggamit ng halimbawa ng ilaw at asin, niliwanag Ni Jesus na ang mananampalataya ay dapat na may positibong impluwensiya sa mundo. Dapat natin na impluwensiyahan ang kapaligiran para mailapit ang mga tao sa ilaw ng Ebanghelyo.

Ang Biblia ay aklat na puno ng mga kuwento ng lalake at babae Ng Dios na nakaimpluwensiya sa kanilang kapaligiran katulad ng ilaw at asin.

## PAGPAPLANO

Ang isang plano ay paraan o pamamaraan ng paggawa ng mahalagang bagay. Ito ay estratehiya sa paggawa.

Ang pagpaplano para sa panghihikayat sa ilalim ng patnubay ng Espiritu Santo ay makapangyarihang kasangkapan. Binabago nito ang mga pangitain sa katotohanan, pagnanais sa pagpapakita. Ito ay nagbibigay ng oportunidad para patnubayan ka Ng Dios sa mas mabisang panghihikayat. Kung ikaw ay nagpaplano, ikaw ay naghahandang gumawa ng gawain para Sa Dios. Ang pagpaplano ay tumutulong sa iyo na malaman ang mga pangangailangan na dapat gawin at kung paano ito gawin para matupad ang Kanyang mmga layunin.

## ISANG ESTRATEHIYA PARA SA PAGPAPLANO

Ang Dios ay may estratehiya para maabot ang mga bawa't grupo ng mga tao sa mundo. Siya ay may estratehiya sa bawa't lugar, bansa, at rehiyon. Responsabilidad natin na madiskubre at ipatupad ang estratehiyang ito.

Narito ang mga hakbang para sa pagpaplano na makatutulong sa iyo na matupad ang mga layunin Ng Dios. Ang bawa't isa sa mga ito ay nasaklawan ng detalye sa kurso ng Harvestime International Institute na may pamagat an *"Pangangasiwa Batay sa Layunin."*

**UNANG HAKBANG: Maghanda.**

Ang unang hakbang sa pag-abot ng kahit anong layunin ay ang tamang paghahanda sa panalangin at paghanap sa kalooban Ng Dios.

Hilingin Sa Dios na ipahayag ang estratehiya para sa pag-abot ng grupo ng mga tao, lugar, bansa, o rehiyon ng Ebanghelyo:

> **Ang mga paghahanda ng puso ay ukol sa tao: Ngunit ang sagot ng dila ay mula sa Panginoon. (Mga Kawikaan 16:1)**

Ikaw ay naghahanda rin sa pagsusuri ng kapaligiran. Ang iyong pakay at plano ay uunlad mula sa pagsusuring ito. Dapat mong makilala ang mga tao, lugar, bansa, at rehiyon kung saan mo planong magministeryo. Gamitin ang mga kakayahan na iyong napaunlad sa kursong ito sa pagsusuri ng kapaligiran.

**IKALAWANG HAKBANG: Kilalanin ang Iyong Pakay.**

Kilalanin ang iyong pakay sa plano Ng Dios para sa mga taong ito. Ang pakay ay isang mahalagang bagay na nais mong maabot. Ito ang resulta, isang layunin kung bakit ka nagpapagal. Pagbalik-aralan ang mga resulta ng iyong pagsusuri ng kapaligiran. Hilingin Sa Dios na ipahayag sa iyo ang iyong tiyak na pakay sa loob ng Kanyang pangkalahatang plano para maabot ang mga taong ito ng Ebanghelyo.

Ang pangkalahatang pakay Ng Dios ay ang lahat ng tao ay maging isa Kay Jesus sa pamamagitan ng pagtanggap ng Ebanghelyo:

> **Na ipinakikilala niya sa atin ang hiwaga ng kaniyang kalooban, ayon sa kaniyang minagaling na ipinasiya niya sa kaniya rin.**
>
> **Sa pagiging katiwala sa kaganapan ng mga panahon, upang tipunin ang lahat ng mga bagay kay Cristo, ang mga bagay na nangasa sangkalangitan, at ang mga bagay na nangasa ibabaw ng lupa; sa kaniya, sinasabi ko. (Efeso 1:9-10)**

Plano Ng Dios na gamitin ang iglesya para magawa ang Kanyang pakay:

> **Upang ngayo'y sa pamamagitan ng iglesia, ay maipakilala sa mga pamunuan at sa mga kapangyarihan sa sangkalangitan ang kapuspusan ng karunungan ng Dios.**
>
> **Ayon sa panukalang walang hanggan na ipinanukala kay Cristo Jesus na Panginoon natin: (Efeso 3:10-11)**

Ang Iglesya ay binubuo ng lahat ng mga tunay na mananamaplataya. Para matupad ng Iglesya ang kayang pakay, kailangan na ang bawa't mananampalataya ay magkaisa at matupad ang kanilang indibiduwal na mga layunin. Ang Dios ay may tiyak na layunin para sa bawa't mananampalataya, isang paraan nga kung saan siya makapaglilingkod para sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo. Kung iyong nakilala ang layunin mo, iyong nadiskubre ang iyong bahagi sa plano Ng Dios.

Nang ipinahayag Ng Dios ang Kanyang pakay sa iyo, isulat mo. Ito ang tinatawag na "Pagpapahayag ng Layunin." Hindi ito salaysay kung ano ang iyong pinaniniwalaan na doktrina. Ito ay salaysay na naglalarawan ng tiyak na pakay Ng Dios para sa iyong pagmiministeryo sa kapaligiran na iyong nasuri.

Ang Pagpapahayag ng Layunin Ng Harvestime International Network ay ibinigay bilang halimbawa sa Apendiks ng manwal na ito. Ang salaysay ay nagsasabi ng tiyak na layunin ng organisasyon na ito sa plano Ng Dios.

**<u>IKATLONG HAKBANG:</u> Magplano.**

Kung alam mo na ang iyong bahagi sa layunin Ng Dios, dapat kang gumawa ng plano para matupad ito. Iyong ginagawa ito sa pamaamgitan ng paggawa ng mga "layunin." Ang mga layunin ay nakasulat na plano na …

-Kaugnay ng pakay Ng Dios na nais mong matupad.

-Nagsasabi kung ano ang dapat magawa.

-Kilalanin kung sino ang dapat na gumawa.

-Magtakda ng petsa kung kailan dapat magawa.

-Kung angkop, alamin kung magkano ang halaga. ( Ang ibang mga plano ay matutupad na walang tiyak na halaga ng salapi.)

Magandang ideya na isulat ang iyong plano. Ang bawa't layunin ay dapat na nakasulat sa paraan na iyong malalaman kung ito ay naabot o hindi.

**<u>IKA-APAT NA HAKBANG:</u> Magpatuloy.**

Maliwanag na itinuturo ng Biblia na ang pananampalataya na walang gawa ay patay ( Santiago kabanata 2). Ang ibig sabihin nito, ang panalangin, pananampalataya, at kahit ang pagpaplano ay para sa pakay ng gawain, hindi para sa pagpaplano . Dapat kang gumawa para matupad ang mga layunin na iyong itinakda. Ang mga layunin ay dapat masabi sa iba na kasama mong gagawa. Ang mga tao ay dapat na masanay sa mga kakayahan na kinakailangan, nahikayat, organisado at pinangungunahan para matupad ang mga layunin.

Tayo ay instrumento Ng Dios para matupad ang Kanyang mga layunin:

> **At huwag din naman ninyong ihandog ang inyong mga sangkap sa kasalanan na pinaka kasangkapan ng kalikuan; kundi ihandog ninyo ang inyong sarili sa Dios na tulad sa nangabuhay sa mga patay, at ang inyong mga sangkap na pinaka kasangkapan ng katuwiran sa Dios. (Roma 6:13)**

Kung paano ang pananampalataya ay patay kung walang gawa, ganoon din ang pagpaplano na walang gawa.

**<u>IKALIMANG HAKBANG:</u> Mag-ayos nang mabuti.**

Nang isinugo Ni Jesus ang mga disipolo para magministeryo, sila ay bumalik at nag-ulat ng mga resulta. Nagtaya Si Jesus ng kanilang pagpapagal sa ministeryo. Ang pagtataya ay mahalaga para sa tagumpay ng ministeryo. Kung ikaw ay nagtataya ikaw ay nagsisiyasat ng maingat ng mahalagang bagay para malaman mo ang halaga nito.

Kung nagtataya ka ng mga layunin, nalalaman mo ang kanilang halaga sa pagabot ng mga pakay Ng Dios. Iyong pinag-aralan ang mga resulta ng iyong ministeryo para malaman ang iyong naabot sa mga plano na iyong ginawa. Nagtataya ka kung paano ka nagtagumpay at paano ka bumagsak. At iyong iaayos nang mabuti ang mga plano. Sa panalangin isaalang-alang ang mga resulta ng iyong pagtataya para sa dagdag na pagpaplano.

Ang iyong pakay ay hindi magbabago, ngunit ang mga plano sa pagtupad nito ay magbabago. Ang kapaligiran ay magbabago at dapat mong iaayos ang mga plano. Dapat mong alisin ang mga layunin na hindi nakatulong sa pagabot ng mga layunin Ng Dios at magtakda ng bagong mga layunin at kumilos dito.

Ang iyong pakay ay hindi magbabago, ngunit iyong uulitin ang ibang apat na mga hakbang ng pagpaplano ng paulit-ulit habang ikaw ay nagpapagal sa pagtupad ng pakay Ng Dios: Maghanda, magplano, magpatuloy, mag-ayos nang mabuti.

Palaging isipin ang iyong pakay. Ang pakay ay katulad ng espirituwal na pangitain. Kung walang pakay ikaw ay babagsak:

> **Kung saan walang pangitain, ang bayan ay sumasama: Ngunit siyang nagiingat ng kautusan ay maligaya siya. (Mga Kawikaan 29:18)**

## ANG PAG-AARAL NG PAGPAPLANO

Ipinakita ng aralin na ito ang maikling pambungad sa paksang pagpaplano. Ang susunod na kurso sa serye ng Harvestime International Institute , ay "*Pangangasiwa Batay sa Layunin,"* ay nagbibigay ng detalyeng pambungad sa paksa. Ito ay nagtuturo ng matapat na pangangasiwa sa espirituwal na ipinagkatiwala sa iyo Ng Dios.

Maaari mong pag-aralan ang anihin na bukid mula ngayon hanggang pagdating Ni Jesus, ngunit hanggat mayroon kang plano ng pagani at tuparin ang planong iyon, ang bukirin ay hindi kailanman maaani.

# PANSARILING PAGSUSULIT

1. Isulat ang Susing Talata mula sa memorya.

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

2. Ibigay ang kahulugan ng salitang "pakay."

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

3. Ibigay ang kahulugan ng salitang"plano."

______________________________________________________________________

4. Ano ang mga layunin?

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

5. Ano ang dalawang natural na halimbawa na ibinigay Ni Jesus para ilarawan kung paano ang mga mananampalataya ay makaiimpluwensiya sa kapaligiran?

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

6. Itala ang limang hakbang para sa pagpaplano na ibinigay sa aralin na ito.

__________________________________ __________________________________

__________________________________ __________________________________

__________________________________

( Ang mga sagot sa pagsusulit ay nakasulat sa pagtatapos ng huling kabanata ng manwal na ito.)

# PARA SA DAGDAG NA PAG-AARAL

1. Pag-aralan ang buhay ng ilan sa mga dakilang lider sa Biblia. Paano sila naka impluwensiya sa kanilang kapaligiran?

Halimbawa, isaalang-alang ang buhay nina Jose, Moises, Esther, Daniel, Nehemias, Ezra, at iba pang mga propeta, hukom, at mga hari sa panahon ng Lumang Tipan.

2. Pag-aralan ang tungkol Kay Jesus at mga mananapalataya bilang ilaw ng mundo:

Mateo 4:16; 5:14-16; 6:22-23
Lucas 1:79; 2:32; 8:16; 11:33; 12:35; 15:8
Filipos 2:5
Juan 1:4-9; 3:19-21; 5:35; 8:12; 9:5; 11:9-10; 12:35-46
Roma 13:12
Efeso 5:8
I Tesalonica 5:5
I Pedro 2:9
II Pedro 1:19
I Juan 1:5-7; 2:8-10
Apocalipsis 21:23

Tanungin ang iyong sarili: Paano ako nakakaimpluwensiya sa aking kapaligiran bilang ilaw?

3. Pag-aralan ang tungkol sa mga mananampalataya bilang katulad ng asin sa mundo:

Mateo 5:13
Marcos 9:50
Lucas 14:34
Colosas 4:6

Tanungin ang iyong sarili: Paano ako nakakaimpluwensiya sa aking kapaligiran bilang asin?

4. Magpatuloy sa iyong pag-aaral ng pagpaplano sa Harvestime International Institute na kurso, "*Pangangasiwa Batay sa Layunin,*" na huling kurso sa "Pagorganisa" pag-aaral ng "module"

# APENDISE

## PINANGGALINGAN NG IMPORMASYON

Narito ang ilan sa mga posibleng pinanggalingan ng impormasyon para sa paggawa ng pagsusuri ng kapaligiran. Ang lahat ng pinanggalingan ay maaaring hindi makukuha o angkop sa bawa't pag-aaral, ngunit gamitin ang maaaring angkop.
Kasama sa mga pinaggalingan ng impormasyon ay:

-Nayon, angkanan,"caste", o mga lider ng tribo
-Opisyal ng gobyerno
-Mga lider ng relihiyon/ misyonero, pamunuan ng ministeryo
-Pamunuan ng mga Iglesya
-Punong-tanggapan ng iba't ibang denominasyon ng relihiyon
-Departamento ng gobyerno o ministeryo ng relihiyon
-Mga tagapagturo ( mga guro, propesor, at iba pa)
-Bulwagan ng Lunsod
-"Zoning office"
-Departamento ng pagpaplano ng lunsod
-Departamento ng pagtatatayo ng gusali
-"Utility company"
-"Chamber of Commerce"
-Lupon ng kalakalan
-Opisina ng distrito ng paaralan
-"Real estate board"
-"Housing project board"
-Opisina ng pahayagan
-"Travel o visitors bureau
-"Census or population reports"
-Kompanya ng telepono
-Lokal na direktoryo ng telepono
-Radyo at/ o opisino ng telebisyon
-Kompanya ng transportasyon
-Aklatan
-Talaan ng departamento ng gobyerno, pag-aaral sa trabaho, lahi , mga relihiyon
-Lokal na residente
-Museo ng Kasaysayan at kultura

## HALIMBAWA NG PAKIKIPANAYAM

Narito ang halimbawa na itatanong sa iba't ibang mga lider. Hindi lahat ay maaaring angkop sa bawa't pagsusuri, gamitin kung ano ang angkop sa mga ito. Maaari kang magdagdag ng ibang mga tanong na angkop sa tiyak na pag-aaral na iyong ginagawa. Ang mga tanong na ito ay mga halimbawa lamang para iyong sundan:

### MGA ITATANONG SA LAHAT NG MGA LIDER:

1. Ano ang iyong pangalan?

2. Ano ang iyong posisyon sa _______________ ( nayon, lunsod, tribo, "caste" estado, bansa, lugar, at iba pa.) na ito?

3. Ano ang nakikita mo na pangunahing mga problema o pangangailangan ng mga tao?

4. Gaano kabukas ang mga tao sa pagbabago ng relihiyon?

5. May mga kautusan ba ang gobyerno na makaaapekto sa gawain ng panghihikayat dito?

6. Mayroon ka ba na mga impormasyon tungkol sa populasyon, antas ng pinagaralan, at relihiyon para sa _______________ ( nayon, lunsod, tribo, "caste" estado, bansa, lugar, at iba pa.) na ito?

7. Ano ang ginagamit na pangunahing salita?

8. Ano ang ibang lengguwahe na ginagamit ng mga tao?

9. Ano ang antas ng karunungan sa pagbasa at pagsulat?

### MGA TANONG PARA SA MGA PINUNO NG GOBYERNO AT KOMUNIDAD:

Isangguni sa mga tanong sa bahagi ng heograpiya, kultura, sosyal, at panlabas na mga impluwensiya sa iyong pagsusuri. Sa dami ng mga tanong na ito, ito ay makatutulong sa iyo.

### MGA TANONG SA KRISTIYANONG MGA PINUNO:

1. Gaano katagal ka ng nagmiministeryo dito?

2. Paano ka nagtagumpay sa ministeryo?

3. Paano ka bumagsak o sa iyong isip saan ka kailangang umunlad?

4. May mga grupo ba ng mga tao na hindi mo inaabot? Kung mayroon, saan, ano ang kanilang salita?

5. May sapat ba na bilang ng mga tunay na mga iglesya ng Biblia o marami pang kailangan?

6. Ano ang uri ng ministeryo na iyong ginagawa?

7. Sa anong denominasyon ka kasapi?

8. Kailangan ba ng Kristiyanong babasahin?

9. Anong uri ng Kristianong institusyon ng pagsasanay ang mayroon dito?

10. Gamitin ang "espirituwal" na pagsusuri na bahagi ng bawa't pagsusuri ng kursong ito. Hilingin na tulungan ka na mabuo ang bahagi ng pagsusuring ito.

11. Ipaliwanag ang iyong espirituwal na mga pakay sa lugar na ito at tanungin kung paano ka makikipagtulungan sa kanilang misyon.

12. Tanungin ang kanilang opinion: Ito ba ang panahon ng espirituwal na pagtatanim o pagaani sa lugar na ito?

13. Ano ang saloobin ng mga tao sa iyong ministeryo dito?

## HALIMBAWA NG PAHAYAG NG LAYUNIN

Ang kahalagahan ng pahayag ng layunin para sa ministeryo ay tinalakay sa kursong ito. Narito ang halimbawa ng pahayag ng layunin para sa Harvestime International Institute Network:

Ito ay dahil sa espirituwal na pagaani ng mga bukirin sa mundo kaya Si Jesus ay pirmihan na nakatuon ang pansin sa Kanyang mga Disipolo:

> **Hindi baga sinasabi ninyo, may apat na buwan pa, at saka darating ang pagaani? Narito sa inyo'y aking sinasabi, itanaw ninyo ang inyong mga mata, at inyong tingnan ang mga bukid, na mapuputi na upang anihin. (Juan 4:35)**

Ang hamon na ibinigay Ng Panginoon ay para sa mga manggagawa, lalake at babae na alam kung paano anihin ang espirituwal na mga bukirin ng mundo para sa Kaharian Ng Dios. Dahil sa pakay na ito kaya ang Harvestime Internsational Network ay itinalaga, para mangalap, magsanay, gumanyak, at magpakilos ng isang samahan ng pandaigdigan na mga manggagawa na may kakayahan na :

**1. Mamagitan para sa daigdigan na espirituwal na pag-aani:**

> **Katotohana'y ang aanihin ay marami, datpuwa't kakaunti ang mga manggagawa. Idalangin ninyo sa Panginoon ng aanihin, na magpadala siya ng mga manggagawa sa kaniyang aanihin. (Mateo 9:37-38)**

**2. Masabi nang maliwanag ang mga prinsipyo ng espirituwal na pag-aani:**

> **At ang mga bagay na iyong narinig sa akin sa gitna ng maraming saksi, ay siya mo ring ipagkatiwala sa mga taong tapat, na makapagtuturo naman sa mga iba. (II Timoteo 2:2)**

**3. Pagpapakita ng mga prinsipyo ng espirituwal na pag-aani:**

> **At ang aking pananalita at ang aking pangangaral ay hindi sa mga salitang panghikayat ng karunungan, kundi sa patotoo ng Espiritu at ng kapangyarihan; upang ang inyong pananampalataya ay huwag masalig sa karunungan ng mga tao, kundi sa kapangyarihan ng Dios. (I Corinto 2:4-5)**

**4. Paghahatid ng pangangailangan ng utos para sa buong mundo ng espirituwal na pag-aani:**

> **Ang pagaani ay nakaraan, ang taginit ay lipas na, at tayo'y hindi ligtas. (Jeremias 8:20)**

**5. Pagpapakilos sa mga kaanib ng katawan Ni Cristo para anihin ang itinalaga sa kanila na mga bukirin sa buong mundo:**

**…na itinataan sa atin ang mga takdang linggo ng mga pagaani. (Jeremias 5:24)**

# MGA SAGOT SA PANSARILING PAGSUSULIT

**UNANG KABANATA:**

1. At nakita ng Panginoon na mabigat ang kasamaan ng tao sa lupa, at boong haka ng mga pagiisip ng kaniyang puso ay pawang masama lamang parati. (Genesis 6:5)

2. Kasama sa " kapaligiran " ang pisikal, sosyal, kultura, at espirituwal na mga bagay na naka palibot sa isang tao. Kasama dito ang lahat ng mga bahagi ng lipunan kung saan nakatira ang mga tao, nagtatrabaho, at nagmiministeryo.

3. Ang unang kapaligiran ng tao ay hardin ng Eden. Ito ay maganda at ganap na kapaligiran.

4. Ang kasalukuyan na kapaligiran ay isang makasalanang tao sa isang makasalanang mundo kung saan si Satanas ay nagpapatuloy na kumikilos.

5. Ang kasalanan ang naging dahilan ng pagbabago ng kapaligiran.

6. Ang tatlong kalaban ng mundo, ang laman, at demonyo na kumikilos .

7. Ibinigay Ng Dios Si Jesus para mamatay sa mga kasalanan ng lahat ng sangkatauhan. Ang sinoman na sumamapalataya Kay Jesus at nagsisi mula sa kasalanan ay maliligtas mula sa espirituwal na kamatayan ( walang-hanggan na pagkawalay mula Sa Dios) at walang-hanggan na epekto sa pisikal na kamatayan. May plano rin Ang Dios na wasakin ang kasalukuyang kasamaan ng mundong ito at lumikha ng bagong mundo.

8. Ang ministeryo ay ginagawa sa kapaligiran ng mundo na tunay na masama. Subalit maraming magkakaibang kapaligiran sa mundong ito. Kung paano ang lahat ng tao ay na-apektuhan ng kasamaan ng kapaligiran ng mundo sa pangakalahatan, sila ay na-apektuhan din ng tiyak na kapaligiran kung saan sila namumuhay. Kung iyong nauunawaan ang kanilang tiyak na kapaligiran maaari kang mas maging mabisa sa iyong pagpapahayag ng mensahe ng Ebanghelyo.

**IKALAWANG KABANATA:**

1. Sapagkat ang sinomang ipinanaganak ng Dios ay dumadaig sa sanglibutan: at ito ang pagtatagumpay na dumadaig sa sanglibutan, sa makatuwid ay ang ating pananampalataya.
(I Juan 5:4)

2. Ang pagsusuri ng kapaligiran ay detalyeng pag-aaral ng tiyak na kapaligiran kasama ang pisikal, sosyal, kultura, at espirituwal na mga bahagi nito.

3. Kasama sa mga uri ng pagsusuri ng kapaligiran na iyong pag-aaralan sa kursong ito ay ang mga sumusunod:

-Personal
-Mga Grupo ng tao
-Bansa
-Rehiyon

-Mga Lugar -Kristiyanong organisasyon

4. Tingnan ang pitong dahilan kung bakit mahalaga ang pagsusuri ng kapaligiran na nakatala sa Ikalawang kabanata.

5. Anim na peligro na dapat iwasan sa pagsusuri ng kapaligiran:

-Huwag magsuri ng mga bagay ayon sa natural na mata lamang.
-Huwag magapi ng kalakhan ng Gawain.
-Huwag maimpluwensiyahan ng negatibong mga ulat.
-Huwag maging matatakutin ang walang paniniwala.
-Huwag magtipon ng mga impormasyon para lamang sa kapakanan ng impormasyon.
- Huwag ituon ang isip sa KUNG, sa halip ituon ang isip sa PAANO.

**IKATLONG KABANATA:**

Walang pagsusulit.

**IKA-APAT NA KABANATA:**

Walang pagsusulit.

**IKA-LIMANG KABANATA:**

1. Siyasatin ninyo ang inyong sarili, kung kayo'y nangasa pananampalataya; subukin ninyo ang inyong sarili. Hindi baga ninyo nalalaman sa ganang inyong sarili, na si Jesucristo ay nasa inyo? Maliban na nga kung kayo'y itinakuwil na. (II Corinto 13:5)

2. Ang personal na pagsusuri ng kapaligiran ay pag-aaral ng iyong sariling kapaligiran.

3. Kasama sa personal na pagsusuri ang pagsusuri sa bawa't bahagi ng iyong buhay kasama ang mga kaugnayan at ang iyong pisikal, edukasyon, pananalapi, at espirituwal na kapaligiran.

4. Narito ang mga layunin ng personal na pagsusuri:

-Para alamin ang iyong espirituwal na kalagayan.
-Para kilalanin ang iyong espirituwal na mga kahinaan.
-Para kilalanin ang iyong espirituwal na mga kalakasan.
-Para kilalanin ang espirituwal na mga kaloob.
-Para kilalanin ang iyong lugar sa ministeryo sa Katawan Ni Cristo.
-Para magbalangakas ng plano para matupad ang iyong ministeryo.

**IKA-ANIM NA KABANATA:**

1. At walang anomang nilalang na hindi nahahayag sa kaniyang paningin: ngunit ang lahat ng mga bagay ay hubad at hayag sa harapan ng mga mata niyaong ating pagsusulitan. (Hebreo 4:13)

2. Ang isang grupo ng mga tao ay anumang grupo ng mga tao kung saan ang kasalanan at malalim na pamumuhay ay nangyayari sa loob ng lipunan. Halimbawa, isang grupo ng mga tao sa tiyak na tribo, “caste” lipi, o pamilya.

3. Pag-aralan mo ang kanilang sosyal, kultura, at espirituwal na kalagayan. Iyo rin suriin ang panlabas na mga puwersa mula sa labas ng kanilang grupo na makaaapekto sa kanilang pagtanggap ng Ebanghelyo.

4. Ang pagsusuri sa grupo ng mga tao ay pagkilala sa mga tao na aabutin ng Ebanghelyo, anong uri sila, sino ang aabot sa kanila, at ang mga paraan kung paano sila maaabot.

5. Kung hindi mo aktuwal na ginawa ang pagsusuri ng grupo ng mga tao sa iyong pag-aaral sa aralin na ito, kung maaari gawin mo ito bago ka magpatuloy sa pag-aaral na ito.

6. Kung hindi ka gumawa ng plano para maabot ng Ebanghelyo ang grupo na iyong pinag-aralan ng , kung maaari gawin mo ito bago ka magpatuloy sa pag-aaral na ito.

**IKA-PITONG KABANATA:**

1. At sinalot ng Panginoon si Faraon at ang kaniyang sangbahayan, ng malaking pagsalot dahil kay Sarah na asawa ni Abram. (Genesis 13:17)

2. Para sa mga pakay ng pag-aaral na ito, ang lugar ay binigyan kahulugan bilang tiyak na bahagi ng bansa na kinikilala sa pamamagitan ng heograpiya, palawikaan, kultura, o politika .

3. Iyong sinuri ng detalye ang isang tiyak na lugar sa loob ng isang bansa. Iyong nakilala ang politika, heograpiya, palawikaan, at kultura na mga bagay na bumubuo ng isang hiwalay na lugar. Iyong sinuri ang espirituwal na kalagayan. Sinuri mo rin ang panlabas na mga puwersa mula sa labas ng lugar na maaaring makaapekto sa pagtanggap ng Ebanghelyo.

4. Ang pagsusuri ng lugar ay pagkilala sa grupo ng mga tao na nasa lugar, ano ang karaniwan sa kanila, ano ang uri ng lugar, sino ang dapat na umabot sa lugar, at ang mga paraan na gagamitin sa pagabot dito ng Ebanghelyo, at para makilala ang iyong tungkulin sa plano ng Dios sa pag-abot sa lugar na ito.

5. . Kung hindi mo aktuwal na ginawa ang pagsusuri ng lugar sa iyong pag-aaral sa aralin na ito, kung maaari gawin mo ito bago ka magpatuloy sa pag-aaral na ito.

6. Kung hindi ka gumawa ng plano para maabot ng Ebanghelyo ang lugar na iyong pinag-aralan, kung maaari gawin mo ito bago ka magpatuloy sa pag-aaral

**IKA-WALONG KABANATA:**

1. At ipangaral sa kaniyang pangalan ang pagsisisi at pagpapatwad ng mga bansa, magbuhat sa Jerusalem. (Lucas 24:47)

2. Ang isang bansa ay binubuo ng mga tao na nagkakaisa sa pamamagitan ng karaniwan na sistema ng politika. Ito ay teritoryo na magtatatag ng hangganan ng pambansa.

3. Kung iyong sinusuri ang isang bansa iyong pinag-aaralan ng detalye para siyasatin ang politika, heograpiya, palawikaan, kultura at espirituwal na bagay at ang panlabas na mga puwersa na maaaring makaapekto sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo sa buong bansa.

4. Ang pagsusuri ng bansa ay ginagawa para kilalanin kung anong grupo ng mga tao ang nasa bansa, na aabutin ng Ebanghelyo, ano ang karaniwan sa mga grupong ito, anong uri ang bansang ito, sino ang aabot sa bansang ito ng Ebanghelyo, paano ito gagawin, at alamin ang iyong tungkulin sa plano Ng Dios sa bansang ito.

5. Kung hindi mo aktuwal na ginawa ang pagsusuri ng bansang ito sa iyong pag-aaral sa aralin na ito, kung maaari gawin mo ito bago ka magpatuloy sa pag-aaral na ito.

6. Kung hindi ka gumawa ng plano para maabot ng Ebanghelyo ang bansang ito na iyong pinag-aralan , kung maaari gawin mo ito bago ka magpatuloy sa pag-aaral

**<u>IKA-SIYAM NA KABANATA:</u>**

1. At sinabi niya sa kanila, Magsiyaon kayo sa boong sanglibutan, at inyong ipangaral ang evangelio sa lahat ng kinapal. (Marcos 16:15)

2. Para sa mga layunin ng pag-aaral na ito, ang isang rehiyon ay bahagi ng mundo na binubuo ng ilang mga bansa na ang lokasyon ay magkakalapit sa isa't isa sa heograpiya, at magkatulad ng palawikaan, kultura, relihiyon, o politika.

3. Kung iyong sinusuri ang isang rehiyon iyong pinag-aaralan ng detalye para siyasatin ang politika, heograpiya, palawikaan, kultura at espirituwal na bagay at ang panlabas na mga puwersa na maaaring makaapekto sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo sa buong rehiyon.

4. Ang pagsusuri ng rehiyon ay ginagawa para kilalanin kung anong mga bansa ang nasa rehiyon, ano ang karaniwan sa bansang it, anong uri ang rehiyon na ito, sino ang aabot dito, at paano ito maaabot. Ang pakay ay para kilalanin ang iyong tungkulin sa pag-abot sa isang rehiyon at tulungan ka na gumawa ng plano para maabot ito ng Ebanghelyo.

5. Kung hindi mo aktuwal na ginawa ang pagsusuri ng isang rehiyon sa iyong pag-aaral sa aralin na ito, kung maaari gawin mo ito bago ka magpatuloy sa pag-aaral na ito.

6. Kung hindi ka gumawa ng plano para maabot ng Ebanghelyo ang rehiyon na ito na iyong pinag-aralan, kung maaari gawin mo ito bago ka magpatuloy sa pag-aaral.

**<u>IKA-SAMPU NA KABANATA:</u>**

1. Ang may pakinig, ay makinig sa sinasabi ng Espiritu sa mga iglesia. (Apocalipsis 2:29**)**

2. Ang layunin ng pagsusuri ng Kristiyanong organisasyon ay :

- Para kilalanin ang layunin ng organisasyon, ang kakaibang bahagi nito sa pagtupad ng utos sa Iglesya para maipalaganap ang Ebanghelyo.

- Para malaman ang pangkasalukuyang pagkamabisa ng organisasyon. Gaano kagaling ito na tumutupad sa kanyang layunin? Paano ito nagiging matagumpay? Paano ito bumabagsak?

-Para gumawa ng plano para sa organisasyon para mas maging mabisa sa pagtupad sa ibinigay Ng Dios na layunin.

3. Ang kasama sa pagsusuri sa naitatag na organisasyon ang mga pag-aaral sa layunin nito, mga plano, mga kalakasan, mga kahinaan, kapaligiran, pinanggagalingan ng tulong, at mga programa.

4.. Kung hindi mo aktuwal na ginawa ang pagsusuri ng isang Kristiyanong organisasyon sa iyong pag-aaral sa araling ito, kung maaari gawin mo ito bago ka magpatuloy sa pag-aaral na ito.

5. Kung hindi ka gumawa ng plano para iangkop ang mga resulta ng iyong pagsusuri, kung maaari gawin mo ito bago ka magpatuloy sa pag-aaral.

**IKA-LABINGISANG KABANATA:**

1. Kayo ang ilaw ng sanglibutan. Ang isang bayan na natatayo sa ibabaw ng isang bundok ay hindi maitatago. (Mateo 5:14)

2. Ang layunin ay kung ano ang iyong nais na maabot. Ito ay resulta, ang layunin kung bakit ka nagpapagal.

3. Ang plano ay paraan o pamamaraan kung paano mo maabot ang iyong pakay.

4. Ang mga layunin ay salaysay kung paano mo maabot ang iyong pakay.

5. Ilaw at asin.

6. Maghanda
   Kilalanin ang iyong pakay
   Magplano
   Magpatuloy
   Mag-ayos nang mabuti